




ANG MGA TANONG  
PAMPANANAMPALATAYA  
NG MGA BATA



Abdulla bin Hamad Ar-Rakf

# Ang mga Tanong Pampananampalataya ng mga Bata

Abdulla bin Hamad Ar-Rakf



ح) جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالربوة ، ١٤٤٣هـ

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر

الركف ، عبدالله حمد عبدالعزيز

أسئلة الطفل الإيمانية باللغة الفلبينية. / عبدالله حمد عبدالعزيز

الركف . - الرياض ، ١٤٤٣هـ

١٤٦ ص ، ٢٣ X ١٦ سم

ردمك: ٩٧٨-٦٠٣-٨٣٥٢-١٩-٩

١- الاسلام - اسئلة و اجوبة أ.العنوان

١٤٤٣/٤٣٤٨

ديوي ٢١٠.٧٦

رقم الإيداع : ١٤٤٣/٤٣٤٨

ردمك: ٩٧٨-٦٠٣-٨٣٥٢-١٩-٩



This book has been conceived, prepared and designed by the Osoul Centre. All photos used in the book belong to the Osoul Centre. The Centre hereby permits all Sunni Muslims to reprint and publish the book in any method and format on condition that 1) acknowledgement of the Osoul Centre is clearly stated on all editions; and 2) no alteration or amendment of the text is introduced without reference to the Osoul Centre. In the case of reprinting this book, the Centre strongly recommends maintaining high quality.

+966 11 445 4900

+966 11 497 0126

P.O.BOX 29465 Riyadh 11457

www.osoulcenter.com

بِسْمِ اللّٰهِ الرَّحْمٰنِ الرَّحِیْمِ

*Bismilillahirrahmanirrahim*



# Panimula

Tunay na ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang. Ang basbas at ang pagbati ng kapayapaan ay ukol sa pinakamarangal sa mga propeta at pinakamainam sa mga sugo, ang Propeta natin si Muḥammad, at gayon din sa mga Kasamahan niya sa kalahatan.

Tunay na ang unang mga taon ng pagkabata ay may pinakadakilang kahalagahan sa pagbuo ng pananaw ng bata sa kairalan yayamang ibinibilang na ang mga konseptong ikinikintal sa mentalidad ng bata sa yugtong ito ay ang pangunahing sangkap na nagbibigay-anyo sa personalidad ng tao sa lahat ng mga nagkakaiba-ibang aspeto nito at nararapat na maging magkaugma sa mga sikolohikal, panlipunan, at panrelihiyong mga kakailanganin ng bata. Ito ay mahalaga para sa paghubog sa bata nang lubusang paghubog na aalalay sa kanya sa pagsulong nang may katatagan para sumuong sa daloy ng buhay at magpatuloy sa mga tinatahak nito bilang persona na balanse, produktibo, at aktibo. Sa pamamagitan ng naririnig niya at nasasaksihan niya, nahuhubog ng bata ang modelong pansarili niya sa Mundong ito. Lahat ng natitira sa buhay niya matapos niyon ay walang iba kundi ang proseso ng pag-aangkop at pagpapalago sa pangunahing pananaw na ito alinsunod sa mga kalagayang pinagdaraan niya.

Tunay na ang pinanggagalingan ng kaalaman na sasandalan ng bata sa yugtong ito ay ang mga magulang niya. Dahil doon ang paglago at ang paghubog ng kaayusan ng mga anak ay mula sa pagdudulot ng edukasyon ng mga magulang sapagkat sila ay mga responsable sa pagtuturo sa mga anak. Dahil doon, nagsasabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): **“Lahat kayo ay tagapag-alaga at lahat kayo ay mananagot sa alaga niya.”** (Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 2558 at Imām Muslim: 1829.) Ang pag-aatang na ito ng tungkulin ay nag-oobliga ng pagmamalasakit at pagsisikap sa edukasyon at pagtuturo.

Yayamang tunay na tayo ay namumuhay sa isang panahon na dumami ang mga ninanasa at ang mga kahina-hinala, naging isang obligasyon sa mga magulang na magsikap sila sa pagdudulot ng edukasyon sa mga anak sa isang pagsisikap na pinupuno ng katapatan, sigasig, at pag-uukol ng makakaya. Kay raming punla na itinanim ng mga magulang sa mga kaluluwa ng mga anak, na nagbunga ng mga gawang nagpapatuloy para sa mga magulang matapos ng pagyao nila sa buhay na ito. Kaya ang anak ay nagiging bahagi ng mga gawaing mananatili ang tubo ng mga ito matapos ng kamatayan, gaya ng sinabi niya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): **“o isang anak na maayos na dumadalangin para sa kanya.”** (Imām Muslim: 1631)

Ang mga anak ay kabilang sa kabuuan ng mga tagubilin ni Allāh yayamangnagsabi Siya (kaluwalhatian sa Kanya): **“Nagsasatagubilin sa inyo si Allāh hinggil sa mga anak ninyo”** (Qur’ān 4:11) Ibig sabihin: Tunay na ang mga anak ninyo, O kapisanan ng mga magulang, sa piling ninyo ay mga lagak na isinatagubilin nga ni Allāh sa inyo upang magsagawa kayo ng mga panrelihiyon at pangmundong kapakanan nila. Kaya magtuturo kayo sa kanila, magdidisiplina kayo sa kanila, magpipigil kayo sa kanila sa mga katiwalian, mag-uutos kayo sa kanila ng pagtalima kay Allāh at pananatili sa pangigingilag magkasala palagi, gaya ng sinabi ni Allāh: **“O mga sumampalataya, magsanggalang kayo sa mga sarili ninyo at mga mag-anak ninyo sa isang apoy”** (Qur’ān 6:6) Kaya ang mga anak, sa ganang mga magulang nila, ay itinagubilin. Kaya maaari na magsagawa ang mga magulang ng tagubiling iyon at maaari na magwalang-bahala sila niyon kaya magiging karapat-dapat sila dahil doon sa banta at parusa. Ito ay kabilang sa nagpapahiwatig na si Allāh (pagkataas-taas Siya) ay higit na maawain sa mga lingkod Niya kaysa sa mga magulang yayamang nagtagubilin Siya sa mga magulang sa kabila ng kalubusan ng habag ng mga magulang sa mga anak nila.

Alinsunod dito, kapag ang edukasyon ng bata sa loob ng pamilya ay nangyari sa isang mahusay na paraan, tunay na siya ay makakakaya na makitungo sa panlabas na mundo sa isang ideyal na paraan. Tunay na ang alinmang paglaho ng papel na ginagampanan ng pamilya sa edukasyon ng bata at paghubog sa kanya sa paghubog na pampananampalatayang ligtas ay hahantong sa pag-iral ng isang batang nawawalan ng mga uri ng gawing kapuri-puri. Ang edukasyon ay hindi ang pagtutumpak ng mga kamalian lamang. Ito rin ay pagdodoktrina, pagtuturo, paglalahad ng mga prinsipyo ng relihiyon at mga patakaran ng Batas ng Islām din naman, at paggamit ng mga kaparaanan para sa pagtatag ng mga pagsasakonsepto at pagpapatibay sa mga ito sa mga kaluluwa mula sa edukasyon sa pamamagitan ng tinutularan, pangaral, kuwento, pakikipag-usap, at iba pa. Ito ay upang makapaglabas tayo mula sa bawat isa ng isang personalidad na balance at aktibo sa buhay at sa lipunan.

Naisagawa ang paghahati ng aklat sa dalawang bahagi. Ang unang kabanata: **Hinggil sa Edukasyong Pampananampalataya**, ay naglalaman ng marami sa mga pundasyon at mga prinsipyo na magiging isang tulong para sa mga magulang sa pagdudulot ng edukasyon sa mga anak nila – ayon sa pahintulot ni Allāh. Hinggil naman sa ikalawang bahagi, nakasalalay ito hinggil sa **mga modelong praktikal para sa pagsagot sa mga pampananampalatayang tanong ng mga bata**. Dito ay may kalipunan ng mga tanong na pinakalaganap sa gitna ng kabataan sa pagkakaiba-iba ng mga edad nila lalo na sa hinggil sa anim na haligi ng pananampalataya at may pagpapaliwanag sa pamamaraan ng pakikitungo sa tulad ng mga tanong na ito.

**Si Allāh ay ang Tagapagtuon at Siya ay ang Tagapatnubay tungo sa landas ng Kagabayan.**

**Abdulla bin Hamad Ar-Rakf**



# Mga nilalaman

10

Hinggil sa Edukasyong  
Pampananampalataya



Ang Edukasyong  
Pampananampalataya  
Para sa Bata

28

54

Ang mga Haligi  
ng Edukasyong  
Pampananampalataya





Panimula sa  
**mga Sagot**

**80**

**100**

Mga Praktikal na  
Modelo ng Pagsagot  
Tungkol sa mga  
Pampananampalatayang  
Tanong ng mga Bata



# Hinggil sa Edukasyong Pampananampalataya






## Tunay

Tunay na ang edukasyon ay isang pangangailangang pantao kabilang sa mga pangangailangan ng paghubog ng tao. Ito ay isang kasangkapan ng pagbuo ng bata at pagtatatag dito sa lahat ng mga larangan ng buhay. Sa pamamagitan ng edukasyon, naisasagawa ang paghubog sa personalidad ng bata na panlipunan, pangkaalaman, sikolohikal, pangkalusugan, at iba pa sa mga ito. Bago tayo mag-usap tungkol sa edukasyong pampananampalataya at sa paglalahad ng kahalagahan ng mga ito. Makabubuti sa atin ang makakilala sa pagkaintindi sa edukasyon mismo kung ano ang tinutukoy nito at ano ang ninais mula rito ng mga alagad ng edukasyon.

## Ang Konsepto ng Edukasyon



Tunay na ang edukasyon ay isang naglalayong prosesong pinaunlad na pinamamahalaan ng mga panuntunan at mga batas na nagpapakay ng pagbuo ng magandang kaugalian sa pamamagitan ng paggabay, pagsasanay, paglinang ng kultura, pagpipino ng asal, at pagsasagawa. Nagmamalasakit ang edukasyon sa pangangalaga at pag-aalaga sa naturalesa kabataan at pagpapalago sa mga katalinuhan nito at mga

pagkamarapat nito, pagkatapos ang pagtutuo sa naturalesang ito at mga katalinuhang ito sa kalahatan tungo sa magsasakatuparan sa kaayusan ng mga ito at kalubusan ng mga ito na nababagay sa mga ito, at makatutulong sa paghahanda sa taong maayos para sa paglinang ng daigdig. Kaya ang edukasyon ay ang kasangkapan na gagawa ng mga pamunuan sa lahat ng mga larangan ng buhay.

## Ang Kahalagahan ng Edukasyong Pampananampalataya



Tunay na ang pananampalataya ay ang pinakamalaking reyalidad ng kairalan at ang pinakadakilang usapin ng tao. Ito ay sangang-daan sa paglalakbay ng sangkatauhan sa makamundong buhay: **“sapagkat mayroon sa kanila na sumampalataya at mayroon sa kanila na tumangging sumampalataya.”** (Qur’ān 2:253) Alinsunod dito nahuhubog ang mga pag-uugali nila at ang mga gawain nila. Ito ang mag-iiba sa kauwian nila sa buhay na pangkabilang-buhay. Kabilang sa mga yugtong kritikal sa buhay ng tao ang yugto ng pagkabata dahil ang naitatanim sa kaluluwa ng bata sa sandali ng yugtong ito na mga paniniwala, mga pinahalagahan (value), mga kaugalian, at mga gawi ay humihirap – marahil tumututol – ang pagpapaiba nito lalo na ang pagpuksa nito. Marahil mananatili ang bakas nito na nakakapit sa individuwal sa hinaba-haba ng buhay niya. Dahil doon ang edukasyong pampananampalataya sa pagkabata mula sa mga yugto ng pagtatag na

nakabatay sa mga ito ang buhay ng tao sa hinaba-haba ng buhay niya sa Mundong ito.

Tunay na ang edukasyon – sa kabuuan nito – ay isang pagmamalasakit kaya walang edukasyong walang pagmamalasakit. Ang pinakamabuti sa pinagkalooban ng pagmamalasakit na ito ay maging nasa pagtatanim ng pananampalataya. Tayo ay nasa isang panahon na nabuhos ang pagmamalasakit ng mayoriya sa mga mananaliksik sa edukasyon sa aspetong pangkaisipan at pampisikal ng edukasyon kasabay ng pagpapabaya sa aspetong pampananampalataya at espirituwal. Sila ay nagtutuon ng mga tesis nila sa direksiyon ng pagsasakatuparan ng pagtamo at tagumpay na makamundo sa pamamagitan ng mga pamantayang materyalistiko nang walang pagmamalasakit sa kaayusan na humahantong sa kaligayahang pangkabilang-buhay. Ito ay gumagawa sa pang-edukasyong pagtereoriya natin na maging naiiba nang malaki sa kanila sa dakong ito.

Hindi naikukubli na ang edukasyong pampananampalataya sa Islām ay isa sa mga haligi ng kinatatayuan ng estrukturang pang-edukasyon sa dinalisay na pampropetang panahon. Ayon kay Ibnu `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) na nagsasabi: “Lahat kayo ay tagapag-alaga. Lahat kayo ay mga pinananagot sa alaga niya. Ang pinuno ay tagapag-alaga at pinananagot sa alaga niya. Ang babae ay tagapag-alaga sa bahay ng asawa niya at pinananagot sa alaga niya.” (Al-Bukhārīy: 2558 at Muslim: 1829) Tumawag-pansin ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) sa bigat ng pananagutan na nakaatang sa balikat ng bawat individuwal sa atin, na siya ay pinananagot – walang pasubali – sa kung ano ang naipagkaloob niya sa mga nasa ilalim ng pangangalaga niya. Nasaad ayon sa kanya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): **“Ang anumang taong pinag-alaga ni Allāh ng isang alagain ngunit hindi siya nagpalibot dito ng pagpapayo niya, hindi siya makatatagpo ng amoy ng Paraiso.”** (Al-Bukhārīy: 7150) Dito ay may pahiwatig sa kahalagahan ng paghahain ng payo nang may katapatan at pagkamapagkakatiwalaan sa paraang ito ay maging isang malawak na pagpapayong sumasaklaw sa



kapakanan ng pinagpapayuhan sa bawat aspeto. Kabilang sa naisasalaysay sa paksang ito ang sabi ni Ibnu `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): “Magdisiplina ka sa anak mo sapagkat ikaw ay pananagutin tungkol sa kanya kung ano ang idinisiplina mo sa kanya at kung ano ang itinuro mo sa kanya. Tunay na siya ay pananagutin tungkol sa pagpapakabuti sa iyo at pagkatalima niya sa iyo.” (Shi`b Al-Īmān: 8141) Kaya dito, nagbibigay-diin si Ibnu `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na ang pananagutan ay naangatang sa simula sa balikang mga magulang sapagkat silang dalawa ang unang pinagkukunan ng edukasyon at disiplina. Naisalaysay na ang edukasyon ay higit na mabuti kaysa sa kawanggawa yayamang sinabi: “Ang magdisiplina ang lalaki ng anak niya ay higit na mabuti kaysa sa magkawanggawa siya ng isang salop.” (At-Tirmidhīy: 1951) Nasaad din na ang pagtuturo sa anak ng kaasalang maganda ay higit na mainam kaya sa bawat bigay.

Kabilang sa naisalaysay: “Walang nairegalo ang isang magulang sa isang anak na higit na mainam kaysa sa isang maganda asal.” (At-Tirmidhīy: 1952) Ang lahat ng mga tekstong ito at iba pa sa mga ito ay nagpapatunay na ang pagmamalasakit sa edukasyon at pagtuturo ay kabilang sa pinakamahalaga at pinakadakila na maipagkakaloob ng mga magulang sa mga anak nila.

Tayo sa nakalipas na panahon noon ay nagdudulot ng edukasyon sa medyo mga nakasarang kapaligiran. Subalit tayo sa ngayon ay nagdudulot ng edukasyon habang ang mga pintuan ng mga bahay natin ang mga bintana ng mga ito ay nakatutok sa Mundo mula sa kadulu-duluhan nito hanggang sa kadulu-duluhan nito. Ito – mangyari pa – ay may mga maganda nito at mga masagwa nito. Subalit kapag hindi tayo nakapansin at nakaintindi sa nangyayari sa isang mahusay na paraan, maaaring tumakip ang mga masagwa sa mga maganda. Tunay na nasa posibilidad



natin ang pag-intindi sa mga tampok ng mga pag-iibang nangyayari kapag nagmay-ari tayo ng kainaman ng pagmamalasakit sa pamamagitan ng pagsubaybay sa mga mabilis na pagbabago na nangyayari sa paligid natin at ng pagbabasa sa mga ito mula sa abot-tanaw ng mahusay na kulturang pang-edukasyon. Ang pagmamalasakit ng edukador dito ay nagdidikta sa kanya na magtangka ng pagsuporta sa mga kahulugang pampananampalataya sa loob ng mga kaluluwa ng mga bata sa pamamagitan ng atmosperang pampamilya na nagtutulungan ang pamilya sa kabuuan nito sa pagbuo niyon at sa pamamagitan ng pagpili ng kindergarten at mga paaralang nagpapahalaga niyon. Tunay na ang pagkalingat sa pag-intindi sa nangyayari sa paligid natin ay nangangahulugan ng pangyayari ng mga kalugihang walang anumang paraan para pagpunan. Subalit sa pamamagitan ng nagpapatuloy ng gawaing pang-edukasyon at tuluy-tuloy na pagtitiis, magtatamo tayo ng pinakamainam na mga resultang posible, ayon sa pahintulot ni Allāh. Kaya hindi nakasasapat sa edukasyon ang isang direktibang panandalian; bagkus nangangailangan ito ng pagsubaybay at direktibang nagpapatuloy.





# Ang Edukasyong Pampananampalataya ay pangangailangan



Tunay na ang kabataan sa ngayon ay namumuhay sa isang kapusukang sikolohikal at isang kapusukang kultural, at isang pagkabukas na malawak. Ang mga panghatak ng pumapaligid sa kanya mula sa bawat gilid ay higit na mapanganib kaysa sa pagwawalang-bahala natin sa mga ito. Tayo ay nagsasagawa ng pinakamahirap na gawain sa kairalang pantao. Ito ay ang edukasyon. Kabilang sa naglilinaw sa pangangailangan sa edukasyong pampananampalataya para sa mga bata at sa tindi ng pagkakailangan ng Kalipunang Islām doon ay **na ang pagpapahalaga sa pagtuturo ng pananampalataya sa mga tao at pag-aanyaya sa kanila roon, lalo na sa mga nakababata, ay ang metodolohiya ng mga propeta (sumakanila ang basbas at ang pagbati ng kapayapaan) at mga repormador noong matapos nila.** Kabilang doon ang sabi ni Allāh tungkol kay Noe (sumakanya ang pagbati ng kapayapaan) sa pag-aanyaya niya sa anak niya at pagbibigay-babala niya laban sa pakikisama sa mga kampon ng pagkaligaw: **“O anak ko, sumakay ka kasama sa amin at huwag kang maging kabilang sa**

**mga tagatangging sumampalataya.”** (Qur’an 11:42). Gayon din, nagsasabi si Allāh tungkol kay Abraham nang nagtagubilin siya sa mga anak niya: **“Nagtagubilin niyon si Abraham sa mga anak niya, at si Jacob: “O mga anak ko, tunay na si Allāh ay humirang para sa inyo ng relihiyon kaya huwag nga kayong mamamatay malibang habang kayo ay mga Muslim.””** (Qur’an 2:132) Sa kauna-unahan sa mga tagubilin ni Luqmān sa anak niya, nagbigay-babala siya rito laban sa Shirk sapagkat nagsabi siya: **“O anak ko, huwag kang magtambal kay Allāh; tunay na ang pagtatambal ay talagang isang paglabag sa katarungan, na sukduhan.”** (Qur’an 31:13) Heto naman ang Propeta nating si Muhammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan), nagtatagubilin siya kay Ibnu `Abbas (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) sapagkat nagsasabi siya: **“O bata, tunay na ako ay magtuturo sa iyo ng mga pangungusap. Ingatan mo si Allāh, iingatan ka Niya. Ingatan mo si Allāh, matatagpuan mo Siya tungo sa iyo. Kapag humingi ka, manghingi ka kay Allāh. Kapag nagpatulong ka, magpatulong ka kay Allāh.”** (At-Tirmidhī: 2516). Nasaad dito ang sigasig sa edukasyong pampananampalataya.

Kabilang sa naglilinaw sa pangangailangan sa edukasyon ang pagkakilala na **ang pagtuturo ng pananampalataya ay ulo ng mga kaalam at pundasyon ng mga ito.** Kaya kapag natuto ang bata ng pananampalataya at naitanim ito sa puso niya alinsunod sa metodolohiyang pampropeta, ang mga pagsamba at ang nalalabi sa mga sangay ng relihiyon ay darating nang sunud-sunod. Kaya ang pagpapahalaga roon ay isang kadahilanan ng isang pagkakatuon [sa tama] at isang kapatubayan – ayon sa pahintulot ni Allāh – yayamang tunay na marami sa mga usapin ay nakatali sa pananampalataya kay Allāh at sa Huling Araw. Ang pananampalataya, kapag naging nariyan nang may lakas, babalakid ito sa tao pagtahak sa daan na sinasaway.

Gayon din, kabilang sa naglilinaw sa kahalagahan ang nakikita natin na **pagpapabaya ng ilan sa mga magulang ng pagtuturo sa mga anak nila ng mga nauukol sa pananampalataya dahil sa pangangatwiran ng pagkabata nila ngunit kapag lumaki naman ang mga ito ay hindi sila makakakaya ng pagtuturo sa mga ito.** Kaya ang sinumang nagpabaya sa pagtuturo sa anak niya, hindi siya nagpapakinabang dito at nag-iwan siya rito sa kapabayaan saka nakagawa nga siya rito ng sukduhang masagwang gawa. Ang higit na marami sa mga bata ay dinatnan ng katiwalian dahil sa mga magulang, pagpapabaya sa kanila, pag-iwan ng pagtuturo sa kanila ng mga tungkulin sa relihiyon at mga sunnah nito. Sinayang sila ng mga magulang nang maliliit pa kaya hindi sila nakinabang sa mga sarili nila at hindi sila nagpakinabang sa mga magulang nila nang malalaki na.

Kabilang din doon ang dami ng mga programang nakatuon sa mga bata sa mass media (napanunuod, naririnig, at nababasa) at ang inilalako ng marami mula sa mga iyon para sa mga imahinasyon at konseptong pinilipit sa mga kaluluwa ng mga bata. Kaya naging isang obligasyon na magkaroon ng edukasyong pampananampalataya na haharap sa nakatuong daluyong ng mass media. Ang edukasyong pampananampalataya ay paggawa ng mga kadahilanang isinasabatas sa Islām. Ito ay isang salik na pamigil na sasapat sa bata sa marami sa mga problemang pang-edukasyon bago maganap ito at makikilahok sa paglilinang nito kapag naganap. Ito ay isa sa mga karapatan ng mga anak sa mga magulang, isang kadahilanan ng kaligayahan sa Mundo, at saligan ng kaligtasan sa Kabilang-buhay, ayon sa pahintulot ni Allāh. Ito ay isang kadahilanan sa pagkakaibahan ng mga tao sa araw nito. Sa pangwakas, **tunay na ang edukasyong pampananampalataya ay nagbibigay ng katatagang espirituwal at katiwasayang sikolohikal para sa mga bata** dahil ito ay nagkakaloob ng sagot sa mga pinakamalaking katanungan sa buhay. Walang iba ito kundi isang paghahango ng pagpapatnubay ng Aklat ni Allāh at isang pagpapatanglaw sa Sunnah ng Sugo Niya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan), na natatangi sa pagkapuro ng pinagbukalan, kaliwanagan ng metodolohiya, at pampanginoon ng mga layon kalakip ng kabatiran sa mga pangangailangan ng bata at kamalayan sa reyalidad niya at reyalidad ng edukasyon upang umabot ito sa pagkakabuo at pagkakabalanse sa personalidad ng bata.





## Ang mga Layon ng Edukasyong Pampananampalataya



**Tunay na ang pangkalahatang layon ng edukasyon ay ang pagsasakatuparan pagkaaliping totoo kay Allāh (pagkataas-taas Siya). Ang layuning ito humihiling ng pagsasakatuparan ng maraming sekondaryong layon, na ang ilan ay ang sumusunod:**

**Una:** Ang tumpak na paghuhubog na pampaniniwala para sa mga anak ng lipunang Muslim para sa paghahanda sa maayos na tao na sumasamba kay Allāh – (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) – batay sa isang patnubay at isang pagkatalos.

**Ikalawa:** Na magsasaasal ang individuwal sa lipunang Muslim ng mga kaasalang kapuri-puri habang tumutulad doon sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) na sumasaksi sa kanya ang Panginoon nito (kaluwalhatian sa Kanya) sa sabi Niya: **“Tunay na ikaw ay talagang nasa isang kaasalang sukdulan.”** (Qur’ān 68:4) at bilang paggawa ayon sa sabi nito (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): **“Ipinadala lamang ako upang maglubos ako ng maayos sa mga kaasalan.”** (Aḥmad: 8939)

**Ikatlo:** Ang pagpapalago ng damdaming pampangkat para sa mga individuwal ng lipunang Muslim kung saan ikinikintal sa individuwal ang damdamin ng pagkakaugnay sa lipunan niya kaya magpapahalaga siya sa mga isyu nito at mga alalahanin nito at makikiugnay siya sa mga kapatid niya bilang pagsasagawa sa sabi ni Allāh (pagkataas-taas Siya): **“Ang mga mananampalataya ay magkakapatid lamang”** (Qur’ān 49:10); sa sabi ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): **“Ang mananampalataya para sa mananampalataya ay nagpapatatag sa isa’t isa.”** (Al-Bukhārīy: 6026); at sa sabi pa ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): **“Makakikita ka sa mga mananampalataya sa pag-aawaan nila, pagmamahalan nila, at pagdadamayang nila ay katulad ng katawan: kapag dumaing ito sa isang bahagi, magtatawagan para rito ang nalalabi sa katawan nito sa dahil sa pagkapuyat at lagnat.”** (Al-Bukhārīy: 6011). Sa pamamagitan niyon nabibigyang-diin ang mga bigkis ng kapatirang pampananampalatayang tapat sa pagitan ng mga anak ng Kalipunang Muslim.

**Ikaapat:** Ang pagbuo ng individuwal na balanse sa sikolohiya at emosyon, na kabilang sa umaalalay sa isang personang aktibo at isang kaanib na kapaki-pakinabang para sa lipunan niya, at siyang nakakakaya sa pagganap sa papel niya at tungkulin niya sa paglinang ng daigdig, sa pamumuhunan ng mga yaman nito, at sa pagsasagawa ng mga pasanin ng pagkakatalaga sa daigdig at ng mga tungkulin nito, na gumawa si Allāh sa kanya bilang kahalili rito.

Mula rito, lumilitaw ang pangangailangan sa pagsisimula sa edukasyong pampananampalataya, sa konsepto niyong tumpak, at siyang gumagawa nang may pagpapatuloy sa paggawa ng espirituwal na lakas, pagpapalago ng personal na udyok, pagpapalakas ng panloob na pampigil, pagpapalaganap ng espiritu sa mga sinasabi at mga ginagawa. Mula roon, dadali sa tao matapos niyon ang pagsasagawa ng mga gawaing hinihiling para sa pagsasakatuparan ng mga layon ng edukasyong sikolohikal at dinamika.

# Ang mga Pundasyong Pang-edukasyon




Mayroong isang kabuuan ng mga pundasyon na sinasaligan ng estrukturang pang-edukasyon, na maaari ang paglimita nito sa dalawang pundasyon. Ang una ay ang pundasyong pangkaalaman at ang ikalawa ay ang pundasyong praktikal.

**Ang pundasyong pangkaalaman ay maaaring bahaginin sa dalawang bahagi: ang kaalaman at ang pananampalataya.**

**Ang Unang Bahagi: Ang Kaalaman.** Ito ay kumakatawan sa pinakamalaking susi para sa pag-intindi at paghubog ng mga pangganyak na pang-ugali. Nagsasabi si Allāh (pagkataas-taas Siya): **“Nagkakapantay kaya ang mga nakaaalam at ang mga hindi nakaaalam? Nagsasaalaala lamang ang mga may isip.”** (Qur’ān 39:9) Nagsigasig ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) na makaalam ang mga Kasamahan niya ng kaalamang kapaki-pakinabang. Nagturo siya sa kanila na dumalangin ng pagpapakupkop kay Allāh mula sa kaalaman na napakikinabangan. Nagsasabi siya sa panalangin niya na itinuturo niya sa kanila: **“O Allāh, nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa isang kaalamang hindi napakikinabangan at laban sa isang pusong hindi nagpapakumbaba.”** (Muslim: 2722)

**Ang Ikalawang Bahagi: Ang Pananampalataya.** Ito ay ang naninirahan sa mga puso ng mga anak na pananampalataya sa anim na haligi. Ito ay isang masaklaw na kahulugan na pumapaligid sa buhay at sa matapos nito. Nagsigasig nga ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) sa pagtanim ng pinaniniwalaang pampananampalatayang matuwid na ligtas sa mga puso ng mga anak ng Kalipunan niya.



**Hinggil naman pundasyong praktikal, maaaring bahagiin ito sa tatlong bahagi: ang pagkaalipin, ang aplikasyon, at ang mga kaasalan:**

**Ang Unang Bahagi: Ang Pagkaalipin.** Ang edukasyong produktibo ay kailangan para rito ng isang pagbuong panloob na tapat at mga katangiang pansariling natatangi, na nakakakaya ng paghubog sa sarili para sa anak para humarap siya sa buhay niya na nagpapakawagas na nauugnay palagi sa Diyos niya para tumuwid ang gawi niya at ang pag-iisip niya. Bagkus, tutuwid ang mga pag-asa niya at ang mga ambisyon niya. Heto ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan), nagsabi siya kay Mu`ādh: “Sumpa man kay Allāh, tunay na ako ay talagang umiibig sa iyo huwag ka ngang magpabaya sa katapusan ng bawat dasal na magsabi: **O Allāh, tulungan Mo ako sa pag-alaala sa Iyo, pagpapasalamat sa Iyo, at kagandahan ng pagsamba sa Iyo.**” (Abū Dāwud: 1522) Siya ay nagtuturo rito na ang pagsamba ay isang kabutihang-loob mula sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya). Ito ay hindi isang pagsisikap na pantao lamang. Bagkus isang pampanginoong pagtutuo din naman gaya ng pagtuturo niya na ang pagsamba ay nangangailangan palagi ng pagpapatulong kay Allāh para maikintal sa puso nito na kinakailangan sa mananampalataya kapag sumamba ito sa Panginoon nito na magpatulong sa Kanya at manalig sa Kanya sa pagsamba nito sa Kanya yayamang tunay na Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ay ang Tagapagtuon sa pagtalima sa Kanya.

**Ang Ikalawang Bahagi: Ang Aplikasyon.** Walang kaalaman na walang gawa sapagkat ang paggawa ay ang kaparaanan ng pagkakalamangan sa pagitan ng mga tao sa Kabilang-buhay: **“Kaya ang sinumang gumawa ng kasimbigat ng isang katiting na kabutihan ay makikita niya iyon, at ang sinumang gumawa ng kasimbigat ng isang katiting na kasamaan ay makikita niya iyon.”** (Qur’ān 99:7-8)

**Ang Ikatlong Bahagi: Ang mga Kaasalan.** Ang metodolohiya ng Islām ay nakabatay sa taong may mga kaasalan, hanggang sa tunay na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) mismo ay nagtuturing na ang mensahe sa kalahatan nito ay napaglinawan sa iisang kahulugan: ang kagandahan ng kaasalan at ang edukasyon dito, sapagkat nagsabi siya: **“Ipinadala lamang ako upang maglubos ako ng maayos sa mga kaasalan.”** (Aḥmad: 8939) Nagtutulak siya sa kanila sa magandang kaasalan sa pamamagitan ng sabi niya: **“Tunay na ang pinakakaibig-ibig sa inyo sa akin at ang pinakamalapit sa inyo mula sa akin sa upuan sa Araw ng Pagbangon ay ang mga pinakamaganda sa inyo sa mga kaasalan.”** (At-Tirmidhīy: 2018) Kaya ang mga kaasalan ay resulta ng edukasyong pampananampalataya na hayag.



# Mga Modelong Pang-edukasyon



Tunay na ang uri ng mga modelong pangkaalaman ay kabilang sa pinakamahalaga sa mga bagay na umaalalay sa pagpapatatag sa mga prinsipyo at mga pinahahalagahan (value). Dito ay may isang pinaiksing paglalahad ng isang kabuuan ng mga modelo na naglililaw kung papaano noon ang pagpatnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) at ng mga Kasamahan niya sa pagbuo ng estrukturang pampananampalataya para sa mga bata.

1. Ayon kay Ibnu `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay nagpapakupkop noon [kay Allāh] para kina Al-Ḥasah at Al-Ḥusayn at nagsasabi: **“Tunay na ang ninuno ninyong dalawa ay nagpapakupkop noon [kay Allāh] para kina Ismael at Isaac. Nagpapakupkop ako sa mga lubos na salita ni Allāh laban sa bawat demonyo at pesteng mapaminsala at laban sa bawat matang masama.”** (Al-Bukhārī: 3371)



2. Ayon kay Abū Hurayrah malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): **“Walang anumang bata malibang ipinanganganak sa naturalesa ngunit ang mga magulang niya ay nagpapahudyo sa kanya o nagpapakristiyano sa kanya o nagpapamago sa kanya.”** (Al-Bukhārī: 1358)

3. Ayon kay `Umar bin Abī Salamah malugod si Allāh sa kanya) na nagsasabi: Ako noon ay isang bata sa pangangalaga ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan). Ang kamay ko ay naglililikot sa bandeha kaya nagsabi sa akin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): **“O bata, bumanggit ka sa ngalan ni Allāh, kumain ka sa pamamagitan ng kanang kamay mo, at kumain ka sa nalalapit sa iyo.”** (Al-Bukhārī: 5376 at Muslim: 2022)



4. Ayon kay Ibnu `Abbās (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: Ako ay nasa likuran ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) isang araw saka nagsasabi siya: **“O bata, tunay na ako ay magtuturo sa iyo ng mga pangungusap. Ingatan mo si Allāh, iingatan ka Niya. Ingatan mo si Allāh, matatagpuan mo Siya tungo sa iyo. Kapag humingi ka, manghingi ka kay Allāh. Kapag nagpatulong ka, magpatulong ka kay Allāh. Alamin mo na ang kalipunan, kahit pa man nagtipon sila para magpakinabang sa iyo ng anuman, ay hindi sila magpapakinabang sa iyo ng anumang maliban ng anumang nagtakda na niyon si Allāh para sa iyo.”** (At-Tirmidhī: 2516)

5. Ayon kay Al-Ḥasan bin `Alīy (malugod si Allāh sa kanya), na nagsabi: Nagturo sa akin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ng mga salitang sasabihin ko sa qunūt ng witr: **“O Allāh, patnubayan Mo ako kasama ng sinumang pinatnubayan Mo, pagalingin Mo ako kasama ng pinagaling Mo tangkilikin Mo ako kasama ng tinangkilik Mo, pagpalain Mo ako sa anumang ibinigay Mo, ipagsanggalang Mo ako sa kasamaan ng anumang itinadhana Mo; tunay na Ikaw ay nagtatadhana at walang nagtatadhana sa Iyo. Tunay na hindi nahahamak ang sinumang kinatangkilik Mo. Mapagpala Ka, Panginoon namin, at pagkataas-taas Ka.”** (Abū Dāwud: 1425)
6. Ayon kay Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: Nagsabi sa akin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): **“O munting anak ko, kapag pumasok ka sa mag-anak mo, bumati ka. Ito ay magiging biyaya sa iyo at sa mga tao ng bahay mo.”** (At-Tirmidhīy: 2698)
7. Ayon kay Jundub Al-Bajalīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: “Kami noon ay kasama ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan). Kami ay mga binatang malalakas. Natutunan namin ang pananampalataya bago kami natuto ng Qur’ān. Pagkatapos natuto kami ng Qur’ān kaya nadagdagan kami dahil dito ng pananampalataya.” (Ibnu Mājah: 61)
8. Ayon kay Ummu Sulaym Ar-Rumaysā’ na ina ni Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanila sa kalahatan): “Yumakap ako sa Islām habang si Anas noon ay maliit pa, na hindi pa naawat. Nagsimula ako na nagpapabigkas kay Anas. Sabihin mo: Walang Diyos kundi si Allāh. Sabihin mo: Sumasaksi ako na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh. Saka ginawa naman niya.”
9. Ayon kay Ibrāhīm At-Taymīy, kaawaan siya ni Allāh, na nagsabi: “Sila noon ay nagtuturing na kaibig-ibig sa kauna-unahan sa ipahahayag ng paslit, na magturo sila rito na: Walang Diyos kundi si Allāh, nang pitong ulit. Kaya iyon ay ang kauna-unahan sa sasalitain nito.”



# Ang Edukasyong Pampananampalataya Para sa Bata





## Tunay

Tunay na kabilang sa pinakamahalaga sa mga paksa ng edukasyon sa punto ng nilalaman ay ang edukasyong pampananampalataya para sa bata dahil ito ay nakabatay sa pagtatatag ng mga magandang kaugalian, pagbuo ng mga ito, pagkikintal ng tumpak na pinaniniwalaan sa kaibuturan ng isip at puso, pagpapalakas nito, pagtutuon sa mga kaasalang nakalalamang, at pagpapagana sa mga ito sa lahat ng mga pag-uugali niya. Sa yugtong ito ng edad, nahuhubog ang mga gawi niya, ang mga kaasalan niya, at ang mga pakikitungo niya. Alinsunod sa pagsasakatuparan ng mga iyon sa reyalidad niya ang kaligayahan niya sa Mundo at ang sukat ng pagtamo niya sa Kabilang-buhay. Yayamang tunay na ito ay tungkulin ng mga ama at mga ina, nagpahiwatig ang Qur’ān niyon yayamang nagsasabi si Allāh (pagkataas-taas Siya): “Nagsasatagubilin sa inyo si Allāh hinggil sa mga anak ninyo” (Qur’ān 4:11) Bagkus nagsateksto ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) niyon nang tahasan yayamang nagsasabi siya: “Walang anumang bata malibang ipinanganganak sa naturalesa ngunit ang mga magulang niya ay nagpapahudyo sa kanya o nagpapakristiyano sa kanya o nagpapamago sa kanya.” (Al-Bukhārī: 1358) Kaya ang ḥadīth ay nagpatunay sa ilang bagay, na ang ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

1. Na ang pananampalataya ay likas sa tao at na ang sinumang lumihis palayo roon ay lumilihis lamang dahil sa isa sa mga kasiraan ng sangkatauhan.
2. Nilinaw ng ḥadīth ang pananagutan ng mga magulang at ang malaking papel nila sa edukasyon.
3. Tumukoy ito sa epekto ng kapaligiran sa edukasyon.

**Kabilang sa kabutihang-loob ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) sa tao ay na nagbukas Siya sa puso nito sa simula ng pagkahubog nito sa pananampalataya nang walang pangangailangan sa isang katwiran at isang patotoo. Alinsunod doon, tunay na kailangan sa mga magulang na magsagawa ng tungkulin ng pagsasanggalang na ito sa pinakamagandang pagsasagawa. Kailangan sa kanila na magdalisay sa naturalesang ito at magdulot ng edukasyon sa mga anak nila ayon sa tumpak na relihiyon na nakabatay sa mga teksto ng Qur'ān at Sunnah. Kailangan sa kanila na hindi umasa sa edukasyong pangkapaligiran na humahango ng mga konsepto mula sa nakapalibot sapagkat ang Islām ng tradisyon ay hindi nakapangangalaga sa pagkalahis sa panahon ng pagkabukas at paglalapitan ng Daigdig at hindi nakapagsasanggalang sa pagkalusaw ng pagkakakilanlan ni kahinaan ng personalidad.**

Tunay na ang dalisay na puso ng bata ay isang hiyas ay hubad sa bawat ukit at larawan. Ito ay nakatatanggap ng bawat ukit. Kapag ipinahirati siya sa kabutihan at itinuro ito sa kanya, mahuhubog siya rito at liligaya siya sa Mundo at Kabilang-buhay. Makikihati sa kanya sa gantimpala niya ang mga magulang nila at ang bawat tagapagturo sa kanya at edukador. Kapag ipinahirati siya sa kasamaan at pinabayaan siya gaya ng pagpapabaya sa mga hayop, malulumbay siya at mapapahamak. Ang kasalanan ay nasa leeg ng tagapagtaguyod sa kanya at ang tagapagtangkilik sa kanya dahil ang pinakatuwid sa pagpapatuwid ay nangyayari sa pagkabata. Ngunit kapag naman iniwan ang bata kasama ng pagkalikas niya at tumahak siya rito at sinanay siya rito, ang pagpapanumbalik sa kanya ay magiging mahirap.

Kaya ang batang hinuhubog sa isang pamilyang malakas ang pananampalataya, na nananatili sa mga tumpak na katuruan ng Islām ay tumutulad sa mga magulang niya sa bawat bagay at bumubuo ng mga personal na konsepto niya sa pamamagitan ng napagmamasdan sa mga magulang niya. Kaya natatagpuan natin na may naglalahad ng mga konseptong pambatas ng Islām sa paraang mahigpit na mabagsik na humahantong sa isang resultang baliktad sa mga bata. Ang bata rin, kapag hinuhubog habang natatagpuan niya ang mga magulang niya na mga hindi nananatili sa mga katuruang pambatas ng Islām, ay mahirap na mahalina sa hinaharap sa relihiyon dahil sa pagkabata niya ay hindi siya nakakita ng ibang bakas ng relihiyon kaya hindi nakabubuo sa kanya ng anumang mga direksiyong panrelihiyon.



## Ang Paglagong Panrelihiyon sa Ganang mga Bata



Tunay na ang relihiyon ay nagsisimula sa ganang mga bata sa iisang ideya. Ito ay ang ideya ng kairalan ni Allāh. Pagkatapos hindi maglalaon na may lilitaw sa tabi nito na mga iba pang ideya gaya ng ideya ng paglikha, Kabilang-buhay, mga anghel, at mga demonyo. Namumukod ang mga paghahayag ng paglagong panrelihiyon sa pagkabata sa apat na katangian:

- A Ang Reyalismo:** yayamang bumabalot ang bata sa mga panrelihiyong konsepto niya ng isang konkretong reyalidad. Sa paglaki niya, nag-uunti-unti siya sa pag-alis nito, umaabot siya sa reyalidad, at naglalagay siya nito sa pinanggalingan nito sa yugto ng pagbibinata.
- B Ang Pormalismo (ang Pang-imahen):** yayamang gumagaya-gaya ang mga maliliit sa mga malalaki sa pagsamba nila at mga pagdalangin nila sa isang porma nang hindi nakatatalos sa kahulugan ng mga ito o nakararamdam sa espirituwal na katayugan ng mga ito. Marapat sa mga edukador na makinabang sa hilig ng mga bata sa yugtong ito upang magpahirati sa kanila sa mga Haligi ng Islām at mga kaasalan nito, at mga Haligi ng Pananampalataya at mga epekto ng mga ito.



- C Ang Utilitarianismo:** yayamang nakatatalos ang bata sa galak ng mga magulang niya, tagapagturo niya, at sinumang nasa paligid niya dahil sa pagsasagawa niya ng ilan sa mga pagsamba, kaya gumagawa siya nito bilang pagkamit ng pag-ibig nila at bilang kaparaanan ng pagsasakatuparan sa ilan sa mga mapakikinabangan niya o para sa pagtulak sa isang kaparusahang nauugnay rito.
- D Ang Panatisismo:** yayamang nagpapakapanatiko ang bata sa relihiyon sa panatisismong emosyonal dahil sa udyok ng katutubong likas na pangangailangan niya sa pagkakaugnay at katapatang-loob, na pinakaangat sa mga anyo ng pagkakaugnay ay ang katapatang-loob kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan).

Mula sa nauna na, natatalos natin ang kahalagahan ng pagpokus sa edukasyong pampananampalataya at na kinakailangan sa mga magulang at mga edukador na magsikap nang taimtim para sa pagpapalapit ng pananampalataya sa kabataan lalo na sa panahon ngayon na dumami ang mga sigalot, ang mga panggambala, at ang mga panlibang. Nagsarisari ang mga istilo ng mga ito. Kabilang sa mga bagay na nararapat sa mga magulang na gawin ang sumusunod: **Una:** ang pagpapaningas sa naturalesa sa kaluluwa ng bata, na kumakatawan sa pagtuturo sa bata ng adhikain ng Tawḥīd; Ikalawa: ang pagsuporta sa pananampalataya sa pamamagitan ng Anim na Haligi ng Pananampalataya, na nakabatay sa pagkikintal ng pag-ibig kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan), pag-ibig sa Sugo Niya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan), at pagtuturo ng Qur'ān.

Ang kairalan ng panrelihiyong naturalesang nakatago sa mga kaluluwa ay kabilang sa tumutulong sa mga magulang sa tungkulin nilang pang-edukasyon sapagkat ang naturalesa ay tumutukoy sa katutubong ugali ng pagrerelihiyon. Ang katutubong ugaling ito gaya ng nalalabi sa mga iba pang katutubong ugali ay hindi tumatanggap ng pagpapalit at pagpapaiba. Tumatangap lamang ito ng pagtutuo at pagpapaunlad. Maaaring magamit ang naturalesang ito sa mga magkakaiba-ibang direksiyon na hindi ang direksiyon na nilikha ito alang-alang doon, samantalang ang Islām naman ay nag-aanyaya sa pagtutuo ng naturalesa tungo sa direksiyon na nilikha ito alang-alang doon.

Kabilang sa pinakamahalaga sa mga bagay na nararapat na hubugin sa mga ito ang batang Muslim ay ang Anim na Haligi ng Pananampalataya. Ang pinakamahalaga sa mga ito ay ang pananampalataya kay Allāh sapagkat ang pananampalataya kay Allāh at ang pag-ibig sa Kanya ay ang namumunga matapos ng pagtamo nito ng natitira sa mga haligi ng pananampalataya. Ginawa ni Allāh ang pag-ibig sa Kanya bilang pinakatiyak sa mga sukatan para sa pananampalataya sa Kanya at pagpapasailalim sa Kanya (kaluwalhatian sa

Kanya), sa pakahulugan na ang pag-ibig sa Kanya at kinakailangan sa pagtalima sa Kanya at pangangaway sa mga kalaban Niya. Nag-obliga Siya na ang pag-ibig na ito ay maging higit sa bawat iniibig sa Mundo. Nagsabi Siya (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan): **“Sabihin mo: “Kung ang mga magulang ninyo, ang mga kapatid ninyo, ang mga asawa ninyo, ang angkan ninyo, ang ilang yamang nakamtan ninyo, ang isang pangangalakal na kinatatakutan ninyo ang pagtumal nito, at ang ilang tirahang kinalulugdan ninyo ay higit na kaibig-ibig sa inyo kaysa kay Allāh, sa Sugo Niya, at sa isang pakikibaka ayon sa landas Niya, mag-abang kayo hanggang sa magparating si Allāh ng utos Niya.” Si Allāh ay hindi nagpapatnubay sa mga taong suwail.”** (Qur’ān 9:24) Ginawa Niya na ang kauna-unahan sa mga katangian ng mga lingkod na kinalulugdan Niya ay na sila ay umiibig sa Kanya sapagkat nagsabi Siya: **“O mga sumampalataya, ang sinumang tatalikod kabilang sa inyo sa relihiyon niya ay papalitan ni Allāh ng mga taong iibig Siya sa kanila at iibig sila sa Kanya, na mga kaaba-aba sa mga mananampalataya, na mga makapangyarihan sa mga tagatangging sumampalataya, na nakikibaka ayon sa landas ni Allāh at hindi nangangamba sa paninisi ng isang naninisi. Iyon ay ang kabutihang-loob ni Allāh; nagbibigay Siya nito sa sinumang lolobin Niya. Si Allāh ay Malawak, Maalam.”** (Qur’ān 5:54) Nilinaw Niya na ang purong Tawhīd ay hindi nangyayari malibang sa pamamagitan ng pagbubukod-tangi kay Allāh (pagkataas-taas Siya) sa pag-ibig na walang-takda sapagkat nagsabi Siya: **“May mga tao na gumagawa sa bukod pa kay Allāh bilang mga kaagaw na umiibig sila sa mga ito gaya ng pag-ibig kay Allāh samantalang ang mga sumampalataya ay higit na matindi sa pag-ibig kay Allāh.”** (Qur’ān 2:165) Ang pagsamba na nilikha tayo ni Allāh (pagkataas-taas Siya) alang-alang doon ay ang pinakamataas sa mga antas ng pag-ibig. Ang batayan ng Tawhīd at ang espiritu nito ay ang pagpapakawagas ng pag-ibig kay Allāh lamang. Ito ang batayan ng pagpapakadiyos, bagkus ito ay ang reyalidad ng pagsamba. Hindi nalulubos ang Tawhīd hanggang mabuo ang pag-ibig ng tao sa Panginoon niya, mauna ito sa lahat ng mga pag-ibig, manaig ito sa mga iyon, at magkaroon ito ng pamamahala sa mga iyon sa paraang ang nalalabi sa mga pag-ibig ng tao ay kasunod sa pag-ibig na ito na sa pamamagitan nito ang kaligayahan ng tao at ang tagumpay niya.

Ang pag-ibig na ito na nakabatay sa pananampalataya ay kabilang sa mga pinakadakila sa mga kaparaanan ng pagtutuwid sa mga gawi ng mga bata at pagpapatatag sa kanila sa relihiyon ng Islām at sa pagtalima kay Allāh (pagkataas-taas Siya) at pagtalima sa Sugo Niya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan). Kaya ang sinumang itinanim sa puso niya ang pag-ibig kay Allāh at sa Sugo Niya, siya ay naging tuwid sa pinaniniwalaan niya, pagsamba niya, at mga kaasalan niya gaano man siya nalihis sa ilan sa mga usapin at mga detalye. Gaano man siya nalingat at nakalimot, tunay na ang pag-ibig na nasa kaloob-

looban niya ay kailangang magpabalik sa kanya sa daan ng pagkatuwid, ayon sa pahintulot ni Allāh, dahil ang pag-ibig ay may mga pangganyak na panloob at hindi panlabas lamang.

Tunay na ang pananaw na ibinibigay ng pinaniniwalaang pang-Islām para sa kairalan ay natatangi sa pagkasang-ayon nito sa naturalesa ng tao at kalikasan niya at sa pagkakatugma nito sa matinong isip at kawalan ng pagsasalungatan dito. Natatangi rin ito sa mga pagkakatanging hindi natatagpuan sa iba pang pinaniniwalaan yayamang nabuo rito ang mga sistemang pangkaisipan, pampaniniwala, pampinahahalagahan, at pambatasan. Kaya yayamang sa pagiging isang sistemang pangkaisipan at pampaniniwala nito, ito sa pamamagitan niyon ay naglalagay isang malawak na pagliliwanag sa simula ng Sansinukob, kahahantungan nito, at mga katotohanang umiiral sa loob nito at sa lampas nito. Nagpapaliwanag din ito ng isang pagliliwanag sa simula ng buhay ng tao at wakas nito. Pagkatapos tinatakdaan nito ang layon na nilikha ang Sansinukob alang-alang doon at ang layon na nilikha ang tao alang-alang sa pagsasakatuparan niyon. Sa pamamagitan niyon, sumasagot ito sa mga pangkairalang pagtatanong ng tao na kailangang itanong niya dahil sa pang-isip na kalikasan niya yayamang hindi maaaring makapagpahinga ang tao sa buhay na ito hanggat hindi siya nakatagpo ng mga sapat na sagot na kasiya-siya tungkol sa mga tanong na ito at mapanatag sa mga ito, at kung hindi ay mamumuhay siya sa isang palaging pagkatuliro at isang nagpapatuloy na pagkabagabag dahil siya ay hindi nakatagpo ng kahulugan sa buhay na ito.




# Ang mga Bunga ng Edukasyong Pampananampalataya



Mayroong isang kabuuan ng mga bunga na inaani ng edukado sa isang edukasyong pampananampalataya. Kabilang sa mga bungang ito ang sumusunod:


- 1** | Ang pagkukusa at ang pakikipagmabilis sa paggawa ng mga kabutihan sapagkat siya ay maghahanap ng alinmang pintuan na magpapalapit sa kanya mula sa kaluguran ni Allāh at awa Niya.
- 2** | Ang pagpapalakas ng panloob na pampigil sapagkat ang buhay na pananampalataya ay ang nagkokontrol sa gawi ng tao.
- 3** | Ang kawalang-bahala sa Mundo, kaya hindi nahuhumaling ang puso rito kung saan ito ay nagiging ang kinasasalalayan ng pagpapahalaga niya at ang pinagsisimulan ng mga pakikitungo niya.
- 4** | Ang makadiyos na pag-aalalay kung saan bumabalik at si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa mga nauukol sa mananampalatayang lingkod Niya ng magsasakatuparan para rito ng tunay na kapakanan nito at magdudulot para rito ng kaligayahan sa Mundo at Kabilang-buhay.
- 5** | Ang pagmimithi kay Allāh sapagkat sa tuwing nadaragdagan ang pananampalataya, nadaragdagan ang tiwala ng tao kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya), ang pagmimithi nito sa Kanya, at ang paglisan nito sa nilikha Niya.
- 6** | Ang pagkakubli ng mga negatibong nakalantad at ang kakauntian ng mga suliranin sa pagitan ng mga individuwal. Kaya sa tuwing nadaragdagan ang pananampalataya sa mga puso, umuurong ang epekto ng pithaya sa mga ito, lumalakas ang pagnanais, tumutulak ito sa nagtataglay ng mga ito sa mga mararangal sa mga kaasalan at mga matataas sa mga ito.
- 7** | Ang positibong epekto sa mga tao sapagkat ang malakas na mananampalataya ay nagsisikap sa pagsasaayos ng sarili niya at sa pagsasaayos ng mga nasa paligid niya.
- 8** | Ang pagkaramdam ng katiwasayan at kapanatagan sapagkat sa tuwing nagkakaimpluwensiya ang pampananampalatayang tiwalang ito sa puso ng tao, magkakadurug-durog mula sa kanya ang mga pinangangambahan na sumisindak sa mga tao.

# Ang mga Kinasasalalayan ng Pampananampalatayang Edukasyon



Tunay na ang kinakailangan sa mga magulang ay magturo sila sa mga anak nila ng magkikintal ng pananampalataya niya, magtutuwid sa gawa nila at mga kaasalan nila, at magpapatibay sa pagkadama nila ng pagkakaugnay sa Kalipunan ni Muhammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan). Kaugnay sa nangunguna sa napalolooob sa ilalim ng kahulugang ito:

1. **Ang pagtuturo ng Anim na Haligi ng Pananampalataya.** Ang pananampalatayang buo sa pagkakasaklaw nito sa Batas at pagkakaangkop nito sa naturalesa at kalikasang pantao kalakip ng paglayo sa pang-anyong pagdidikta na nagpapawala sa espiritu ng pananampalataya at ng pagsisigasisig na iyon ay maging sa isang praktikal ng pamamaraan na gumigising sa mga puso, nagpapakilos sa mga isip, at nagpapapino ng gawi.
2. **Ang edukasyon ng mga anak sa pag-ibig sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan), pag-ibig sa mag-anak niya, mga maybahay niya, at mga Kasamahan sa kalahatan nang walang pagpapalabis sa kanila ni pagpinsala.**
3. **Ang edukasyon ng mga anak sa pagdakila sa relihiyon, mga seremonya nito, at mga paghahayag nito, ang pagbibigay-babala sa kanila laban sa paglait sa mga ito, paghamak sa mga ito, at kawalan ng pagpansin sa mga ito.**
4. **Ang pagtuturo sa kanila na ang pananampalatayang kinakailangan ay hindi nabubuo malibang sa pamamagitan ng mga maayos na gawa at na ito ay nadaragdagan sa dahil sa pagtalima at nababawasan dahil sa pagsuway. Kaya ang edukasyong pampananampalataya na tumpak ay kinakailangan upang magbigay ito ng mga bunga nito sa kaasalan, gawi, at pagsamba.**



5. Ang pagkikintal ng pananampalataya sa Huling Araw sa mga kaluluwa nila, ang pagdakila rito, at ang pag-uugnay ng ganti rito sa mga gawang nakakamit ng tao sa Mundo sapagkat ang sinumang naging tagagawa ng maganda ay ukol sa kanya ang Paraiso at ang sinumang naging tagagawa ng masagwa ay ukol sa kanya ang Apoy.
6. Ang pagbibigay-diin sa pagsubaybay ni Allāh (pagkataas-taas Siya) sa tao na Siya ay nakakikita sa kanila, nakaririnig sa kanila, at walang nakalilingid sa Kanya na anuman sa mga kalagayan nila.
7. Ang pagpapalalim ng pagkadama sa kanya na ito ay ang katotohanan. Ito ay nag-aanyaya sa kanya para humawak sa relihiyon niya nang may dignidad at lakas.



## Ang mga Istilong Pang-edukasyon sa Pagtanim ng Pananampalataya

Maaaring mabahagi ang mga istilong ito sa dalawang landas: ang una ay bago ng edad ng pagkatalos at ang ikalawa ay matapos nito.

**Kabilang sa mga bagay na umaalalay sa pagkikintal ng pananampalataya bago ng edad ng pagkatalos:**

1. Ang pagkokomentaryo sa mga pangalang nagsisimula sa “Abdu” gaya na naririnig niya sa nakapaligid sa kanya gaya ng `Abdullāh, `Abdurrahmān, at `Abdullāh bilang pagtatangka sa pagpapaliwanag sa mga kahulugan nito sa isang pagbubuod, ang pagpapahalaga sa pagpaparinig sa kanya ng adhān, ang pagtuturo sa kanya ng mga pang-araw-araw na dhikr at mga du`ā’ (panalangin), ang pagpapanatili sa mga ito, ang pagbanggit sa mga ito sa harapan niya, ang pagpapaalaala sa kanya ng mga biyaya ni Allāh (pagkataas-taas Siya) sa kanya lalo na sandali ng pagkain dahil sa pagkaulit-ulit nito, at ang pagtuturo sa kanya ng pagsabi ng bismillāh sa simula ng pagkain at ng alḥamdu lillāh sa pagkatapos nito.
2. Ang pagpapasaulo sa kanya ng ilan sa mga sūrah ng Qur’ān at ang pagpapaintindi sa kanya na ito ay pananalita ni Allāh (pagkataas-taas Siya). Ang kauna-unahan sa ituturo mula roon ay ang Sūrah 1, Sūrah 112, Sūrah 113, at Sūrah 114. Gayon din, maaaring magpasaulo sa kanya ng ilan sa mga awiting pang-Islām na naglalaman ng ninanais ituro sa bata ng mga kahulugan ng tumpak na pananampalataya.
3. Magsasaalang-alang na mabanggit ang pangalan ni Allāh sa bata sa mga kalagayang naiibigan at nakagagalak. Kinakailangan na huwag iugnay ang pagbanggit kay Allāh sa kalupitan at pagpaparusa sa edad ng pagkabata kaya hindi magpapadalas ng pag-uusap tungkol sa galit ni Allāh, pagdurusang dulot Niya, at Impiyerno.
4. Ang pagtutuo sa bata sa karikitan sa nilikha, at lakas pagkakaugnay-ugnay upang makaramdam siya ng saklaw ng kadakilaan ng Tagalikha at kapangyarihan Niya at umibig siya kay Allāh dahil Siya ay umiibig sa kanya at nagpapasilbi sa kanya ng mga nilalang.

5. Ang pagsasanay sa bata sa mga tuntunin ng kagandahang asal at ang pagpapahirati sa kanya sa pagkaawa, pakikipagtulungan, tuntunin ng kagandahan ng pakikipag-usap at pakikinig, at pagtanim sa kanya ng mga pang-Islām na ideyal sa pamamagitan ng magandang matutularan, na bagay na magsasanhi sa kanya na mamuhay sa isang kapaligirang napaghaharian ng kainaman para makasipi siya mula sa sinumang nakapaligid sa kanya ng bawat kabutihan.





Hinggil naman sa matapos ng edad ng pagkatalos, magdaragdag sa mga istilong ito ng iba pang mga istilo na may pagmumuni-muni at pag-iisip. Ang ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

1. Ang pagtuturo sa batas ng laki ng kadakilaan ng Sansinukob na ito, kawastuhan ng pagkakayari nito, pagkatumpak nito, at pagpapahusay nito. Iyon ay upang dumakila siya sa Diyos (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) at magpitagan siya sa Kanya. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya): **“bilang pagkayari ni Allāh na nagpahusay sa bawat bagay.”** (Qur’ān 27:88)
2. Ang pagpapaalaala sa mga kasanhian ni Allāh (pagkataas-taas Siya) sa mga gawa Niya at mga nilikha Niya, upang ibigin Niya si Allāh at purihin niya, gaya ng kasanhian sa paglikha ng gabi at maghapon, sa paglikha ng araw at buwan, at sa paglikha ng mga pandama: ang pandinig, ang paningin, ang dila, at iba pa roon. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya): **“Hindi ba sila nag-isip-isip hinggil sa mga sarili nila? Hindi lumikha si Allāh ng mga langit at lupa at anumang nasa pagitan ng mga ito malibang ayon sa katotohanan”** (Qur’ān 30:8)
3. Ang pakikinabang sa mga pagkakataong napapanahon para sa pagtutuo sa bata sa pamamagitan ng mga pangyayaring nagaganap sa pamamagitan ng isang pamamaraang marunong na magpapaibig sa kanya sa kabutihan at magpapalayo sa kanya sa kasamaan. Halimbawa, kapag nagkasakit siya, mag-uugnay tayo ng puso niya kay Allāh, magtuturo tayo sa kanya ng panalangin, at magtuturo tayo ng kagandahan ng pagpapalagay [kay Allāh] at ruqyah. Kapag nagkaloob tayo sa kanya ng prutas o candy na ninanais niya, hihiling tayo sa kanya na magpasalamat sa biyayang ito at magpapatid tayo sa kanya na ito ay mula kay Allāh. Lumayo ang mga magulang sa pagtuturo sa kanya ng mga konseptong pampananampalataya sa sandali ng mga pangyayaring nakasakit kaugnay sa bata sapagkat siya ay hindi nagtataglay ng kakayahan at kamalayang lubos sa pagtatanto.
4. Kailangan ng praktikal na pagsasagawa ng pagpapahirati sa mga bata sa mga kaugaliang pang-Islām na pinagsisikapan natin. Dahil dito, nagiging marapat sa mga edukador na magsapatakarang para sa asal nito ng isang modelong maayos para tularan. Tunay na ang kaugnayan sa pagitan ng relihiyon at mga pinahalagahang pangkaasalan sa pamamagitan ng asal at pakikitungo ay gagawa sa edukasyon natin bilang edukasyong tapat na dalisay sa payak ng pagtereoriya.

5. Ang pakikinabang sa mga naglalayong kuwento upang magdulot sa mga bata ng naiibigan at ang pagkalayo sa iba pa rito. Nararapat ang paglalahad ng kuwento sa epektibong paraang padula kalakip ng pagtatanghal sa mga tunguhin at mga pinahalalagahan na nilalaman ng kuwento. Sa pamamagitan ng mga awitin din, maaaring magtanim ng mga pinakamataas na ideyal at mga marangal na kaasalan. Maaaring maipakilala sa bata ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) sa pamamagitan ng paglalahad ng talambuhay niya upang ibigin nito siya at talimain nito siya lalo na sa nauugnay sa pagkabata niya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan); gayon din ang mga saloobin niya sa mga bata, ang kabaitan niya sa kanila, ang paglalarawan sa porma niya, at ang pagbanggit sa mga matayog na pangkaasalang saloobin niya; gayon din ang mga kuwento ng mga Kasamahan niya, ng mga ina mga mananampalataya, at ng mga mag-anak niya (ang lugod ni Allāh ay sumakanilang lahat).

6. Ang pagkakatamtaman sa edukasyong panrelihiyon para sa mga bata at ang kawalan ng pagpapapasan sa kanila ng anumang wala silang lakas doon. Kaya huwag tayong makalilimot na ang paglilibang at ang pagsasaya ay orihinal na daigdig ng bata. Kaya hindi natin siya papatain ng anumang sasalungat sa likas at sikolohikal na paglaki niya sa pamamagitan ng pagpapabigat natin sa kanya ng mga pananagutan at pagpaparami natin ng mga pagpipigil na nagkakait ng mga pangunahing pangangailangan ng pagkabata dahil ang pagpapalabis roon at ang dami ng pagtuligsa ay humahantong sa pagkanegatibo at pagkadama ng pagkakasala. Kadalasang ito ay sa panganay na bata yayamang nagsisikhay ang ilan sa mga magulang upang gumawa mula sa anak nila ng isang lubos na modelo.



- 7.** Nararapat na hayaan ang bata sa likas na ugali nito nang walang nagpapatuloy na panghihimasok sa panig ng mga nakatatanda sa pamamagitan ng paghahanda para sa kanya ng mga aktibidad na magbibigay sa kanya ng pagtuklas sa pamamagitan ng sarili niya alinsunod sa mga kakayahan niya at pagkatalos niya sa kapaligirang pumapaligid sa kanya. Sa gayon ay may pagpapalago sa pagkaibig sa pagsisiyasat sa ganang kanya at pagbangon sa mga kaangkupan niya.
- 8.** Tunay na ang paghimok sa bata ay nakaapekto sa sarili niya nang isang kaaya-ayang epekto, na mag-uudyok sa kanya ng pagkakaloob ng mga pinakamataasngpagsisikapniyaparamagsagawangpag-aasalnaniibigan. Sa tuwing ang pagkontrol sa ugali ng bata at ang pagtutuon dito ay naging nakabatay sa pundasyon ng pag-ibig at paggantimpala, humahantong iyon sa pagkamit ng matuwid na ugali sa paraang pinakamainam. Kailangan ang pag-alalay sa bata sa pagkatuto ng karapatan niya para makilala niya ang karapatan niya at ang tungkulin niya at ang natutumpak sa gawa niya hindi natutumpak, kalakip ng pagpaparamdam sa bata ng karangalan niya at kalagayan niya na nalalakipan ng kagandahan ng pagkokontrol at kalayuan sa pagpapalayaw.
- 9.** Ang pagtatanim ng paggalang sa Marangal na Qur'ān at ang pagpipitagan nito sa puso ng bata upang makaramdam siyang kabanalan nito at pagsunod sa mga utos nito sa isang istilong madali na mapang-akit. Kaya makaaalam ang bata na kapag gumaling siya sa pagbigkas nito ay magtatamo siya ng antas ng mga mabuting-loob na anghel. Pahihiratiin natin ang sigasig sa pananatili sa panuntunan ng pagbigkas mula sa pagdalangin ng pagpapakupkop, pagbigkas ng bismillāh, at paggalang sa kopya ng Qur'ān kalakip ng kagandahan ng pakikinig. Pahihiratiin natin ang bata sa pakikinig ng mga talata mula sa Qur'an dahil ito ay magdaragdag sa mga pangwikang kakayahan niya at hihimok sa kanya sa pagbabasa. Maaaring magturo sa kanya ng ilang pagliliwanag sa mga

talata na naglalaman ng mga kahulugang pampaniniwala mula sa mga sūrah na isinasaulo niya, tulad ng mga sūrah na Fātiḥah, Ikhlās, Falaq, at Nās. Maaaring magparami tayo ng paglalahad ng mga kuwento mula sa Marangal na Qur'an sa paraang pinasimple at naiintindihan at sa paraang inuulit-ulit sa pamamagitan ng nagkakaiba-ibang paglalahad.

10. Maaaring mamuhunan sa paraan ng tanong at sagot. Magsisigasig tayo na maglamang ang tanong ng mga kaalamang ninanais nating iparating at ang sagot naman ay maging nasa mga lubhang pinaiksing salita at ayon sa nababagay sa edad niya at antas ng pagkatalos niya. Ito ay may malaking epekto sa pagkamit ng bata ng pinahahalagahan (value) at mga kaasalang kapuri-puri at sa pagpapaiba sa ugali niya tungo sa pinakamainam.
11. Maaaring mamuhunan sa pagtuturo sa paraan ng kasiyahan sa pagkukulay kung saan naglalaman ang larawang ninanais kulayan ng mga kahulugang pampananampalataya na nagsasarisari sa tuwina. Maaaring magturo sa kanya ng paraan ng mga paligsahan at larangan ng mga ito ay malawak at sarisari. Minamainam na ang mga paligsahan ay maging makilos dahil ang bata ay nakaiibig nito at nakikitungo rito.





**12.** Magpapaliwanag tayo sa bata ng ilan sa mga ḥadīth na pampaniniwala o mga bahaging mga ito ayon sa nababagay sa nibel ng pag-iisip niya sa isang paraang pinasimpleng naiibigan at isang pariralang pinaiksi na nawawatasan ng isip niya. Maaari ring magturo sa kanya sa pamamagitan ng pag-uulit-ulit ng mga pariralang magpapalago sa pananampalataya upang maikintal sa kanya, pagkatapos gagamitin niya ito nang kusa. Halimbawa: **Qadara -llāhu wa mā shā'a fa`al** (Nagtakda si Allāh at ang anumang niloob Niya ay ginagawa Niya), **Tawakkal `ala -llāh** (Manalig ka kay Allāh), **Allāhu `alā kulli shay'in qadīr** (Si Allāh sa bawat bagay ay May-kakayahan). Maaari – sa pag-alalay ng mga magulang o ng edukador – na magsagawa ang bata ng pagdedekorasyon sa klase niya o silid tulugan niya ng mga pararila at mga pangungusap na pampananampalataya. Halimbawa: **“Ako ay Muslim, Ako ay umiibig sa Panginoon ko.” “Ang mga Haligi ng Pananampalataya.”** Ito ay mga kaparaanang panturo na natatatak sa isipan niya sa dami ng pagkakasaksi niya.

**13.** Magtuturo tayo sa bata na ang pagsubok ay hindi natatakasan ng isa man sapagkat ang lahat ng tao sa Mundong ito ay susubukin ni Allāh ng ilan sa mga kasawian at mga pagsubok. Magtuturo tayo na si Allāh (pagkataas-taas Siya) ay hindi nagtatakda ng anuman malibang dahil sa isang malalim na kasanhian. Magkikintal tayo sa kanya na ang tagapagdulot ng pakinabang at ang tagapagtulak ng pinsala ay si Allāh at na ang awa Niya ay nauna sa galit Niya. Magpapaliwanag tayo sa kanya na ang ginhawa ay dumarating palagi matapos ng pighati sapagkat ito ay isang kalakarang nangyayari. Dadakilain natin sa kanya ang magandang pagpapalagay kay Allāh sapagkat tunay na ito isang pagsamba mismo para mapagtibay natin sa kanya na ang pagpili ni Allāh ay higit na mabuti kaysa sa mga pagpili natin para sa mga sarili natin. Walang kailangan sa tao kundi magparikit sa sarili ng pagtitiis, na magkaloob ng mga kadahilanang ayon sa Batas ng Islām sa pakikitungo sa mga kasawiang ito at gumayak sa sarili ng pagkalugod at umasa sa gantimpala [ni Allāh] sapagkat ito ang pangangalakal na tumutubo para sa tao palagi.

# Ang mga Kaparaanang Pang-edukasyon



**Kabilang sa pinakamahalaga sa mga kaparaanang pang-edukasyon na tutulong sa pagtanim ng pananampalataya sa kaluluwa ng bata ay ang sumusunod:**

- 1. Ang magandang tinutulan.** Ibinibilang ang tinutulan na kabilang sa pinakamahalaga at pinakadakila sa mga metodo sa epekto at lalim nito sa bakas sa kaluluwa ng bata. Tumawag-pansin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) sa kahalagahan ng tinutulan sa buhay ng bata sapagkat nasaad sa ḥadīth ni `Abdullāh bin `Āmir malugod si Allāh sa kanya): “Tumawag sa akin ang ina ko isang araw habang ang Sugo ni Allāh ay nasa amin sapagkat nagsabi ito: O `Abdullāh, halika upang makapagbigay ako sa iyo. Kaya nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): **Ano ang ninais mong ibigay sa kanya?** Kaya nagsabi ito: Ninais kong magbigay sa kanya ng isang datiles. Kaya nagsabi siya: **Tunay na kung sakali namang hindi ka nagbigay sa kanya ng anuman, may itatala sa iyo ng isang kasinungalingan.**” (Abū Dāwud: 4991) Sa iba pang salaysay: “Ang sinumang nagsabi sa isang paslit, kunin mo, pagkatapos hindi siya nagbigay rito, ito ay isang kasinungalingan.” (Aḥmad: 9624) Kaya ang tinutulan ay isang epektibong metodo. Sa ḥadīth ay may pagtawag-pansin sa kahalagahan ng katapatan sa mga bata nang hayagan.
- 2. Ang tapat na pangaral.** Ang pangaral ay maaaring ibigay sa higit sa isang anyo. Maaaring magbigay nito sa isang istilong direktahan na nakagisnan o sa pamamagitan ng paglalahad ng paghahalintulad o magbigay nito sa loob ng isang kuwento o sa istilo ng dayalogo o tulad niyon. Kailangan sa atin na magbigay sa bata ng pangaral upang hindi siya mabagot.
- 3. Ang pagpapaibig at ang pagpapasindak.** Maaaring matawag ang dalawang metodong ito bilang gantimpala at parusa. Ibinibilang ang istilong ito na kabilang sa pinakaprominente sa mga istilong emosyonal yayamang sumasaling ito sa direktang paraan sa naturalesa ng tao na nilalang siya ni Allāh ayon doon. Ito ay ang pagkaibig sa napakikinabangan at ang pagtamo nito at ang pagkasuklam sa nakapipinsala at ang pagtulak nito. Kinakailangan na iyon ay maging ayon sa katarungan at katotohanan nang walang pagpapalabis o pagpapabaya. Ang bata ay may kaluluwang

maselang naaninag kaya hindi nararapat ang pagpapangamba sa kanya at ang paninindak sa kanya dahil ang kaluluwa ay maaaring maapektuhan nang baliktad. Panaigin dito ang aspeto ng pagpapaibig sapagkat ang bata sa yugtong ito ng edad niya ay higit na nangangailangan ng pagpapaibig kaysa pagpapasindak.

- 4. Ang pagsasanay, ang pagpapahirati, at ang pagsasagawa.** Ang pagpapahirati sa bata sa pagsisigasig sa kaluguran ni Allāh (pagkataas-taas Siya), sa pagkatakot sa Kanya at pagkahiya sa Kanya, at sa pagsandal sa Kanya sa bawat sandali, at na ang usapin sa kabuuan nito ay nasa kamay ni Allāh. Lahat ng iyon ay magsasanhi sa kanya ng isang lakas at isang katigasan na makatatagal siya sa pamamagitan ng mga ito sa harap ng bawat pagsubok at magsasanhi sa kanya ng kaluguran at katiyakan na mapapanatag dahil dito ang puso niya at liligaya dahil dito ang kaluluwa niya.
- 5. Ang pagpapanumbalik at ang pag-uulit-ulit.** Ang dalawang ito ay metodo na nagbigay-diin ang makabagong kaalaman at ang mga karanasan sa bentaha nito sa pagtuturo at sa pagpapatibay ng kaalaman sa kaluluwa ng tao.
- 6. Ang dayalogo at ang pakikipagtalakayan.** Ang dayalogo sa bata ay nagpapalawak ng mga katalusan niya at nagbubukas para sa kanya ng mga abot-tanaw ng pagkakaalam. Subalit kailangan dito ng paggalang sa pananaw ng bata at sa sarili niya, kagandahan ng pakikinig sa kanya, at pakikipagdayalogo sa kanya nang may hinahon upang maisakatuparan ang dayalogo bilang isang pagkikipagtalastasang tagumpay at epektibo sa bata, na maaari sa pamamagitan nito ang pagdudulot ng edukasyon sa bata at pagtutuo sa kanya.
- 7. Ang aklat.** Dahil dito, kabilang sa may malaking kahalagahan ang pagkakaroon ng isang aklatang inihanda sa paraang babagay sa mga pangangailangan ng bata na pangkaalaman, pangkultura, at pampananampalataya. Mahusay na ito ay maging sinarisari sa audio, video, at digital. Mahalaga na maglaman ang aklatang ito ng isang koleksiyong pangkuwento dahil ang kuwento isang kaparaanang pang-edukasyon na mabisa at mahalaga at hinggil sa talambuhay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) at mga Kasamahan niya (ang lugod ni Allāh ay sumakanila) na mga naglalayong kuwento ang maraming bahagi.
- 8. Ang makabagong teknolohiya at ang mga kaparaanang pagtuturo.** Ang mga ito ay mga instrumentong lumalahok sa pagpapalaganap ng mga ideya, pagpapatibay sa mga ito, at pagpapalapit sa mga ito sa bata upang



makakaya siya sa pag-intindi ng mga ito at pagtalos sa mga kahulugan ng mga ito yayamang inilalahad ang mga ideyang ito at ang mga prinsipyong ito sa pamamagitan ng poster at mga mapang-akit na kulay na nakahahatak sa bata at naglalagay sa kanya sa kalagayang sikolohikal na nababagay sa pagtanggap.

**9. Ang mga likas na pangganyak.** May maraming pangganyak na nasa bata na maaaring ipamuhunan. Kabilang sa mga ito ang paglalaro, ang pakikipagtulungan, ang paggaya, ang tulad ng mga ito. Sa pamamagitan ng paglalaro makakakaya ang bata ng pagtuklas sa daigdig sa paligid niya at magpahayag ng mga imahinasyon niya at abot ng pagkatalos niya. Maaaring ipamuhunan iyon para magbigay-liwanag sa mga tumpak na kahulugan hinggil sa buhay at Sansinukob para magtanim ng mga pinahalagahan (value) sa kaluluwa ng bata. Iyon sa pamamagitan ng isang metodong simple at nababagay. Ang pagpansin at ang pamumuhunan sa mga kalagayan at mga pangyayari kapag nagbunga sa paraang mahusay para sa pagtawag-pansin at pagtutuon, ang mga ito ay mag-iwan ng isang malakas na epekto sa kaluluwa ng bata.

**10. Ang panalangin.** Ang panalangin ay isang patunay ng pagkadalita ng tao sa Panginoon nito, pangangailangan nito sa Kanya, at pagmimithi nito sa kabutihang-loob Niya. Nag-udyok nga si Allāh sa mga lingkod Niya ng panalangin at nangako Siya sa kanila ng pagtugon sapagkat nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya): **“Nagsabi ang Panginoon ninyo: “Dumalangin kayo sa Akin, tutugon Ako sa inyo.””** (Qur’ān 40:60) Ang panalangin ay kabilang sa pinakadakila sa mga kaparaanan ng edukador sa pag-abot sa layon niyang pang-edukasyon. Ito ay isang kaparaanang ginamit ng pinakadakila sa mga edukador, ang mga propeta ni Allāh (sumakanila

ang basbas at ang pagbati ng kapayapaan), alang-alang sa katatagan sa Pananampalataya at Tawhīd. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya): “[Banggitin] noong nagsabi si Abraham: “Panginoon ko, gawin Mo ang bayang ito na matiwasay at paiwasin Mo ako at ang mga anak ko na sumamba kami sa mga anito.” (Qur’ān 14:35) Kaya ang pagdalangin para sa bata ay kabilang sa pinakamahalaga sa mga paghahayag ng paggawa ng maganda sa edukasyon niya.

- 11. Ang pagtutulad at ang paggaya.** Siya, sa kalikasan niya, ay nakaiibig sa paggaya kaya bibigyan siya ng isang pagkakataon, halimbawa, upang gumanap ng papel ng imām sa masjid para magdasal at bumigkas [ng Qur’ān] o ng khaṭīb para tumindig at mangusap o ng tagapagturo para magpaliwanag at magturo. Ito ay kabilang sa magkikintal sa kanya ng mga kahulugan at mag-iingat para sa mga katungkulang ito ng halaga ng mga ito sa kanya.



## Ang mga Katangian ng Edukador



**1.** Ang awa at ang kalumayan. Ang edukasyon ay hindi nagbibigay ng mga kaaya-ayang bunga nito hanggat hindi nauugnay sa kaasalan ng kalumayan hanggang sa magmay-ari ito ng mga puso sa pamamagitan ng awa. Heto si Al-Aqra` bin Hābis, nakasasaksi ito sa Propeta habang siya ay humahalik kina Al-Ḥasan at Al-Ḥusayn kaya nagsabi ito: “Tunay na mayroon akong anak na sampu, na hindi ako humalik sa isa sa kanila.” Kaya nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): **“Ang sinumang hindi naaawa ay hindi kaaawaan.”** (Al-Bukhārīy: 5997) Nagsasabi pa siya (sumakanya ang basbas at ang pagbati ng kapayapaan): **“Ang mga naaawa ay kaaawaan ng Napakamaawain. Maawa kayo sa mga naninirahan sa lupa, kaaawaan kayo ng sinumang nasa langit.”** (Abū Dāwud: 4941)

**2.** Ang pagtitimpi at ang pagpapaumanhin. Umabot nga ang pinapanginoon natin (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) sa ruok ng kaasalang ito. Kabilang doon ang isinalaysay ni Anas bin Mālik. Nagsabi ito: “Ako ay naglalakad kasama ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) habang nakasuot siya ng isang kapang najrānīy na makapal ang gilid, saka naabutan siya ng isang Arabeng disyerto, saka humaltak ito sa kanya sa balabal niya nang isang matinding paghaltak hanggang sa napatingin ako sa gilid ng balikat ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) na bumakas doon ang gilid ng kapa dahil sa tindi ng pagkahaltak nito. Pagkatapos nagsabi ito: O Muḥammad, magbigay ka para sa akin mula sa yaman ni Allāh na nasa piling mo. Kaya lumingon doon ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan), pagkatapos tumawa siya, saka nag-utos siya para roon ng isang bigay.” (Al-Bukhārīy: 5809)

Kabilang sa mga bagay na nakaugnay rin sa pagtitimpi ang pagpapaumanhin. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya): **“Tumanggap ka ng paumanhin, mag-utos ka ng nakabubuti, at umayaw ka sa mga mangmang.”** (Qur’ān 7:199) Upang maisakatuparan ang pagtitimpi, hinimok ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ang kawalan ng galit at sinaway niya ito. Nasaad sa tumpak na ḥadīth na may isang lalaking nagsabi sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): “Magtagubilin ka sa akin.” Nagsabi siya: **“Huwag kang magalit.”** Kaya umulit ito nang ilang ulit. Nagsabi naman siya: **“Huwag kang magalit.”** (Al-Bukhārīy: 6116)



- 3. Ang pagtitiis at pasensiya.** Kinakailangan na magtaglay ang edukador ng pagtitiis at pasensiya at hindi pagmamadali sa sandali ng pagdudulot nito ng edukasyon o pagtuturo nito sa mga alaga nito. Hindi magmamadali ang edukador sa paglitaw ng mga resulta at pagkatupad ng ninanais para hindi manuot sa sarili niya ang kawalang-pag-asa at pagkaramdam ng kabiguan. Ang edukador, kapag siya ay naging walang pagtitiis at pasensiya, siya ay gaya ng manlalakbay na walang baon.
- 4. Ang katarungan.** Dahil siya, kapag nagtangi siya sa isang individuwal higit sa isa pang individuwal nang walang kadahilanang maliwanag, mangangaunti ang interaksyon at mawawala ang pagkakatugma sa mga dinudulutan ng edukasyon. Ang kawalang-katarungan sa isang bagay ay magiging kalagayan nito.
- 5. Ang pagkamapagkakatiwalaan.** Kinakailangan sa edukado na siya ay maging tapat at mapagkakatiwalaan sa pakikitungo niya sa dinudulutan ng edukasyon sapagkat ang pagkamapagkakatiwalaan ay kabilang sa mga katangian ng mga sugo na tagapagpaabot. Ito ay isang pangunahing kahilingan sa pagpapagaling ng trabaho, pagpapahusay nito, pag-abot sa layon nito, at tagumpay nito.
- 6. Ang taqwā (pangingilag magkasala).** Dahil ang sinumang nangingilag magkasala kay Allāh, magtutuo Siya rito mula sa kung saan hindi nito inaasahan. Ang taqwā ay kapisan ng pagkatuon, pagtamo, kaayusan, at tagumpay sa Mundo at Kabilang-buhay.

- 7. Ang ikhlās (pagpapakawagas).** Dahil ang gawain hanggat hindi naging ukol kay Allāh, tunay na ito ay ibabalik sa tagagawa nito. Walang ukol sa kanya mula sa gawain niya kundi kalumbayan at pagod.
- 8. Ang kaalaman.** Dahil ang nakaaalam ay nagiging nakakikita sa kalagayan at kauuwian, na kasalungatan ng mangmang na nagsasayang ng kasalukuyan at gumagawa ng masagwa sa kahihinatnan.
- 9. Ang karunungan.** Kapag naglalagay ang edukador ng bawat bagay sa kinalalagyan nito na ginawa para rito, ang mga bagay ay magbibigay ng mga kaloob ng mga ito at magluluwal ang edukasyon ng mga bunga nito. Kaya ang misyon ng edukador ay manuot siya sa loob ng kaluluwa at mamuhunan siya nito sa pagtutuon ng bata ng pagdudulot ng edukasyon.
- 10. Ang pananampalataya sa gawaing pang-edukasyon.** Tunay na ang edukasyon ay isang kaloob na pangkaluluwa at espirituwal. Ang hindi sumasampalataya sa gawaing pang-edukasyon ay hindi makakakaya na magkaloob ng ganitong uri ng kaloob.
- 11. Ang pagpapaunlad.** Yayamang nagpapahalaga ang edukador sa pagpapaunlad ng mga posibilidad niya at mga kakayahan niya upang makarating siya sa nibel na makakakaya siya ng pagsasagawa ng papel niyang pang-edukasyon.







# Ang mga Haligi ng Edukasyong Pampananampalataya



## ANG

**Ang Unang Haligi:**

**Ang Pananampalataya kay Allāh**

**Ang Ikalawang Haligi:**

**Ang Pananampalataya sa mga Anghel**

**Ang Ikatlong Haligi:**

**Ang Pananampalataya sa mga Kasulatan**

**Ang Ikaapat na Haligi:**

**Ang Pananampalataya sa mga Sugo**

**Ang Ikalimang Haligi:**

**Ang Pananampalataya sa Huling Araw**

**Ang Ikaanim na Haligi:**

**Ang Pananampalataya sa Pagtatakda**



## Ang Unang Haligi:

# Ang Pananampalataya kay Allāh



Nagpahiwatig ang naturalesa, ang isip, at ang batas ng Islām sa kairalan ni Allāh sapagkat ang bawat nilalang ay likas na nilalang sa pananampalataya sa Tagalikha nito. Hinggil naman sa isip, ito ay dahil sa ang mga nilikhang ito ay kailangang may tagapagpairal. Hinggil naman sa batas, ang lahat ng mga makalangit na relihiyon ay kumikilala sa kairalan ng Tagalikha. Ang pananampalataya kay Allāh ay naglalaman ng apat na bagay: (1) ang kairalan ni Allāh; (2) ang pananampalataya sa pagkapanginoon Niya, na Siya ay ang Panginoon, ang Tagapagbigay, ang Tagalikha, ang Tagapagtustos, at ang Tagapangasiwa; (3) ang pananampalataya sa pagkadiyos Niya at paniniwala sa kaisahan Niya, at na Siya ay walang katambal; (4) ang pananampalataya sa mga pangalan Niya at mga katangian Niya na tagapagsakatuparan ng kalubusan at karikitan. Magtuturo tayo sa bata ng apat na bagay na ito kaya tatanggap siya ng edukasyon sa pagkakilala kay Allāh, pagdakila sa Kanya, at pag-ibig sa Kanya. Ang haliging ito ay ang pundasyon ng nalalabi sa mga haligi.

### Bakit magtuturo tayo sa kanila ng pag-ibig kay Allāh?

- 1.** Dahil si Allāh (kapita-pitagan ang pumapatungkol sa Kanya) ay ang nagpairal sa atin mula sa kawalan, humubog sa paglikha sa atin, at nagtangi sa atin higit sa marami sa nilikha sa isang pagtatangi. Nagmagandang-loob Siya sa atin ng pinakamainam na biyaya, ang Islām. Pagkatapos tumustos Siya sa atin ng marami sa kabutihang-loob niya gayong hindi tayo nagiging karapat-dapat doon. Pagkatapos heto Siya, nangangako sa atin ng Paraiso bilang ganti para sa mga gawa na bahagi ng bigay Niya at kabutihang-loob Niya sapagkat ang Tagapagmabuting-loob sa simula at wakas.
- 2.** Dahil buhatsa pag-ibig namumutawiang paggalangatang pagpapakundangan nang palihim at hayagan. Ang laki ng pangangailangan natin na gumalang ang mga paslit natin sa Panginoon nila at magpakundangan sa Kanya – sa halip na ang kaugnayan nila sa Kanya ay maging nakabatay sa pangamba sa parusa Niya o sa Impiyerno lamang – para ang pagsamba nila sa Kanya ay maging isang kasiyahang espirituwal na ipinamumuhay nila at nangangalaga sa kanila laban sa mga pagkatisod.

3. Dahil si Allāh (pagkataas-taas Siya) ay ang Buháy, ang Mapagpanatili, ang Namamalagi, ang Natitira, na hindi namamatay, ang hindi nadadala ng pagkaantok ni ng pagtulog sapagkat Siya ay kasama nila saan man sila. Siya ay ang nag-iingat sa kanila at nangangalaga sa kanila higit kaysa sa mga magulang nila. Samakatuwid, ang pagkakaugnay nila sa Kanya at ang pag-ibig nila sa Kanya ay ibinibilang na kinakailangan upang makaalam sila na mayroon silang saligang malakas, si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya).



- 4.** Dahil sila, kapag umibig sila kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan), ay umibig sa Qur'ān at nagsigasig sa pagdarasal. Kapag nalaman nila na si Allāh ay Marikit na nakaiibig sa karikitan, gagawa sila ng bawat bagay na marikit. Kapag nalaman nila na si Allāh ay umiibig sa mga nagbabalik-loob, mga nagpapakadalisay, mga gumagawa ng maganda, mga nagkakawanggawa, mga nagtitiis, mga nananalig, at mga nangingilag magkasala, magsisikap sila upang mailarawan sila sa lahat ng mga katangiang ito sa paghahangad ng kaluguran Niya, pag-ibig Niya, pagkamit ng pagtangkilik Niya sa kanila, at pagtatanggol Niya sa kanila. Kapag nalaman nila na si Allāh ay hindi umiibig sa mga taksil, ni sa mga tagatangging sumampalataya, ni sa mga nagpapakamalaki, ni sa mga nangangaway, ni sa mga tagalabag sa katarungan, ni sa mga tagagulo, lalayo sila sa abot ng nakakaya nila sa lahat ng mga katangiang ito dala ng pag-ibig kay Allāh at pagmimithi sa pagpapalugod sa Kanya.
- 5.** Dahil ang pag-ibig kay Allāh ay nangangahulugan ng pagkadama sa kairalan Niya (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa atin, na nagreresulta ng pagkaramdam ng kapahingahan, kapanatagan, katatagan, at kawalan ng pagkabagabag o kalungkutan, at dahil doon ay kaligtasan ng kaluluwa at katawan mula sa mga karamdamang pangkaluluwa at pampisikal. Bagkus ang pinakamahalaga kaysa roon ay ang kaligtasan sa mga pagsuway at mga kasalanan.

### **Papaano tayong magtuturo sa mga anak natin ng pag-ibig kay Allāh (pagkataas-taas Siya)?**

- 1.** Ibinibilang na ang kaisa-isang pasukan para sa pagtatanim ng mga usaping pampananampalataya sa bata ay ang pisikal na pasukan. Ibig sabihin: tunay na tayo ay umaasa sa mga pandama sa pagpapalakas ng pananampalataya ng bata sa Tagalikha niya. Kaya namumuhunan tayo ng mga paghahayag ng kalikasan sa paligid niya tulad ng araw, ulan, at hangin. Sa pamamagitan ng mga ito ay magtuturo sa bata na may isang Tagalikha na nangangasiwa sa Sansinukob na ito. Mag-uudyok tayo sa kanya na magtanong at mag-usisa. Magsisikap tayo sa paglalagay ng salaming pampananampalataya sa mga mata ng mga bata, kung saan makakakaya nilang makita ang mga patunay sa kairalan ni Allāh sa bawat bagay na aanalisahin nila at pag-aaralan nila sa mga abot-tanaw pangkaalaman. Kaya magsisigasig tayo sa pagtatanghal sa mahimalang kakayahan ni Allāh at nakamamanghang pagkamalikhain Niya at mula sa makapanginoong pagtutuon na iyon tungo sa pagmamasid sa simula ng paglikha sa tao. Nagsabi Siya (kaluwalhatian sa Kanya): **“Kaya tumingin ang tao mula sa ano siya nilikha.”** (Qur'ān 86:5) Nagsabi pa Siya (kaluwalhatian sa Kanya): **“at sa mga sarili ninyo.**

**Kaya hindi ba kayo nakakikita?”** (Qur’ān 51:21) Gayon din ang pagtingin sa pagkain ng tao at kung papaanong nagpairal nito Siya (kaluwalhatian sa Kanya) at naglinaw sa mga yugto nito. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya): **“Kaya tumingin ang tao sa pagkain nito”** (Qur’an 80:24) Gayon din ang pagtatanghal sa kapangyarihan Niya (kaluwalhatian sa Kanya) sa pamamagitan ng pagtingin sa mga nilikha Niya na nagpapatunay sa kadakilaan Niya, gaya ng sa sabi Niya (pagkataas-taas Siya): **“(17) Kaya hindi ba sila tumitingin sa mga kamelyo kung papaanong nilikha ang mga ito, (18) at sa langit kung papaanong inangat ito, (19) at sa mga bundok kung papaanong itinirik ang mga ito, (20) at sa lupa kung papaanong inilatag ito?”** (Qur’ān 88:17-20) Ang malalaking kahulugang ito at ang nasaad dito na kamanghaan ng pagkalikha, kadakilaan ng Tagalikha, at pagkamalikhain Niya ay maaaring mailapit sa mga pag-iisip ng mga bata ayon sa mga edad nilang nagkakaiba-iba sa pamamagitan ng nagbabagu-bagong mga kaparaanang pampaliwanag na seryoso at sinarisari at sa pamamagitan ng mga makabagong teknolohiya. Ang bata, dahil sa naturalesa nito, ay iibig sa bawat sinumang yumari para sa kanya ng mga dakilang bagay na ito at nagpasilbi ng mga ito sa kanya.



- 2.** Ang pagtuturo sa bata ng mga pinakamagagandang pangalan ni Allāh (pagkataas-taas Siya) at mga katangian Niyang nagpapatunay sa kalubusan Niya at karikitan Niya. Si Allāh (pagkataas-taas Siya) ay ang Napakamaawain, ang Maawain na sumaklaw ang awa Niya sa bawat bagay. Siya ay ang Mapagpaumanhin na nagpapaumanhin sa mga pagkatisod, ang Mapagpatawad na nagsama sa pagpapaumanhin ng pagtatakip, ang Mapagbigay na nagbibigay nang walang paghiling ni kadahilanan. Siya ay ang Tagapagpatnubay na gumagabay sa mga lingkod Niya tungo sa lahat ng mga pakinabang. Siya ay ang Mapagmahal na iniibig at umiibig. Ang mga kaalamang ito ay tumutulong sa pag-ibig kay Allāh nang walang pasubali.
- 3.** Kinakailangan na lumayo tayo sa pagsasabi na: “Kapag hindi ka nakinig sa salita ko at hindi ka tumalima rito, parurusahan ka ni Allāh.” May pagkakaiba sa pagitan ng pagtuturo sa bata na si Allāh ay nagpaparusa sa sinumang sumuway sa kanya at ng pag-uugnay ng kaparusahan ni Allāh sa pagsunod sa iyo palagi at pagbabanta sa kanya niyon. Tunay na ito ay kabilang sa pumipigil sa bata sa pag-iisip sa pinakamalalim na paraan sa kakayahan ni Allāh at kadakilaan Niya. Hindi nararapat ang pagsandig sa pagdudulot ng edukasyon sa bata sa ipambanta sa kanya si Allāh. Bagkus kinakailangan na magturo tayo ng pag-ibig kay Allāh, pagdakila sa Kanya, at pagpipitagan sa Kanya. Kaya hindi tayo mag-uugnay kay Allāh ng bawat makaaapekto sa pagtingin ng bata kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya).
- 4.** Kapag nakasasaksi ang bata sa mga magulang habang nagpapanatili ng pagdarasal at iba pa rito na mga tungkulin o umaayaw sa isang bagay kabilang sa mga ipinagbabawal, tunay na siya kadalasan ay nagtatanong tungkol sa kadahilanan niyon. Kailangan na maglaman ang sagot nilang dalawa ng pagbanggit ng pag-ibig ni Allāh (pagkataas-taas Siya) at pagtalima sa Kanya para iyon ay maging kabilang sa edukasyon sa pamamagitan ng tinutularan sa pag-ibig kay Allāh (pagkataas-taas Siya) dahil ang bata ay tumutulad sa mga magulang niya. Kabilang din sa mga bagay na nagtatanim ng pag-ibig sa mga puso ng mga bata ang pagsasalita sa kanila tungkol sa Paraiso at anumang inihanda ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) doon na mananatiling Kaginhawahan para sa mga tagapangilag magkasalang lingkod Niya.

5. Kapag umabot ang bata sa isang edad na makauunawa na siya rito sa kahulugan ng mga kinakailangang gampanan, tunay na siya ay tuturuan ng pagkakailangan ng pag-ibig na ito dahil si Allāh (kapita-pitagan ang pumapatungkol sa Kanya) ay ang lumikha sa atin, humubog sa paglikha sa atin, tumustos sa atin, nagtangi sa atin higit sa marami sa mga iba pang nilikha Niya, at nagmagandang-loob sa atin ng Islām. Magtuturo tayo sa bata na ang lahat ng mga biyaya na nasa paligid niya ay mula kay Allāh. Magtuturo tayo sa kanya kung papaanong magpupuri kay Allāh dahil sa mga iyon, papaanong magpapasalamat sa Kanya, at papaanong manghihingi sa Kanya ng karagdagan. Ang pagsisiyasat na ito sa mga biyaya ay isang pampasigla sa pag-ibig [kay Allāh].
6. Ang pagtuturo sa kanya ng mga kaparaanang nakatutulong sa pag-akit ng pag-ibig ni Allāh at pag-ibig ng Sugo Niya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) kabilang sa mga sinasabi, mga ginagawa, at mga kalagayan.



## Ang Ikalawang Haligi:

# Ang Pananampalataya sa mga Anghel




Tunay na ang pananampalataya sa mga anghel ay naglalaman ng paniniwala sa kairalan nila, pananampalataya sa nalaman natin ang pangalan kabilang sa kanila at ang anumang natumpak mula sa mga ulat tungkol sa kanila, at ang pag-ibig sa kanila. **Tunay na kabilang sa pinakamahalaga sa mga kahulugang pang-edukasyon na nararapat itanim sa kaluluwa ng bata tungo sa mga anghel ay ang sumusunod:**

1. Ang pagtuturo sa kanya na ang mga anghel ay mga nilikhang nilikha mula sa isang liwanag. Ayon kay `Ā'ishah malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): **“Nilikha ang mga anghel mula sa isang liwanag. Nilikha ang mga jinn mula sa isang lagablab ng isang apoy. Nilikha si Adan mula sa nailarawan sa inyo.”** (Muslim: 2996) Nakasasapat ang pangkalahatang paglalarawan nang walang pagpasok sa mga detalye ng nilikhang ito at kalikasan nito.
2. Ang pagtuturo sa kanya ng mga pangalan ng mga nasaad ang pangalan mula sa kanila gaya ni Jibrīl, ang katiwala sa mga anghel at ang pangulo nila, na nagbaba ng Qur'ān; ni Mikā'il, ang itinalaga sa pagpapatak [ng ulan]; at ni Isrāfīl, ang itinalaga sa pag-ihip [sa tambuli]. May mga tagapasan ng Trono, may mga tagatala [ng mga gawa], may mga tagapag-ingat, at iba pa sa kanila.

3. Ang paglilinaw na ang mga bilang nila ay lubhang marami, na walang nakaaalam sa bilang nila kundi si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya). Sila ay mga nilikhang isinakalikasan sa pagtalima at pagpapatupad ng mga utos. Bawat anghel ay itinalaga sa isang tungkuling ipinatutupad niya at sinusunod niya.
4. Na sila ay mga ipinagsanggalang [sa pagkakamali]. Sila ay sumasamba kay Allāh sa isang pagsambang nagpapatuloy, na hindi napapagal ni nanghihinawa ni nagpapakamalaki. Na sila ay umiibig sa mga mananampalataya, nag-aadya sa mga ito, nananalangin para sa mga ito, at nag-iingat sa mga ito. Na sila ay dumadalo sa mga pagtitipon ng pag-aalaala [kay Allāh] at sumusubaybay sa mga ito.
5. Ang pagpapaibig sa mga bata sa mga anghel. Lyon ay sa pamamagitan ng pagpapatalos sa mga ito ng mabuting kalikasan ng mga anghel at kalikasan ng pagpapahalaga at pagsisigasig mula sa kanila tungo sa mga mananampalataya yayamang pumupukaw ito sa espiritu ng katapatang-loob at pag-ibig tungo sa mga nilikhang pinagpalang maayos na ito dahil sila ay nagsasagawa ng pagluluwalhati, paghingi ng tawad at pagdalangin para sa mga mananampalataya, pagbabalita ng nakalulugod sa mga mananampalataya na nagpakatuwid sa daan ng katotohanan sa pamamagitan ng pananampalataya at maayos na gawa hinggil sa [pagpasok sa] mga hardin ng Kaginhawahan; nagbabasbas sa mga mananampalataya; nag-aadya sa mga mananampalataya; at nagpapatatag sa mga ito. Ang mga anghel ay mga mapag-ingat sa mga gawa ng mga tao yayamang nagpapadala sa kanila si Allāh para mag-ingat sa [mga gawa ng] mga tao. Nagsasabi Siya (pagkataas-taas Siya): **“Para sa kanya ay may mga [anghel na] nagkakasunud-sunod sa harapan niya at sa likuran niya, na nangangalaga sa kanya ayon sa utos ni Allāh.”** (Qur’ān 13:11)
6. Na ang pananampalataya sa mga anghel ay nag-oobliga ng pagpipitagan sa kanila at pagpaparangal sa kanila sapagkat sila ay mga lingkod na pinarangalan, na hindi sumusuway kay Allāh sa ipinag-utos Niya sa kanila, at gumagawa sa ipinag-utos sa kanila. Kinakailangan ang pagpapawalang-kinalaman sa kanila sa anumang hindi naaangkop sa kanila na mga katangian.



7. Ang pag-uudyok sa pansariling kalinisan yayamang tunay na ang mga anghel ay naliligalig mula sa anumang kinaliligaligan ng mga anak ni Adan. Ayon kay Jābir bin `Abdullāh, ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) na nagsabi: **“Ang sinumang kumain mula sa halamang ito, ang bawang”** at nagsabi siya muli, **“ang sinumang kumain mula sa sibuyas, bawang, at puero ay huwag nga siyang lalapit sa masjid natin sapagkat ang mga anghel ay naliligalig mula sa anumang kinaliligaligan ng mga anak ni Adan.”** (Muslim: 564)
8. Nasakairalan ng mga anghel at pananampalataya sa kanila ay may mga kasanhiang sarisari. Kabilang sa mga ito: na makaalam ang tao sa lawak ng kaalaman ni Allāh (pagkataas-taas Siya), kadakilaan ng kapangyarihan Niya, kahanga-hanga sa karunungan Niya. Kabilang din sa mga ito: na makaramdam ang Muslim ng katiwasayan yayamang nalaman niya na may mga kawal na mag-iingat sa kanya ayon sa utos ni Allāh at mag-aadya sa kanya.
9. Na ang kaugnayan ng mga anghel sa atin ay sa pagbuo, sa pagpapairal, at sa pagsubaybay na nagsisiwalat sa tao ng kahalagahan niya at halaga niya at nagkakaila ng ideya ng sinasabing kawalang-halaga niya at pagkahamak niya. Sa pamamagitan niyon, nahahalagahan niya ang halaga ng sarili niya at nagsisikap siya habang nagpupunyagi para sa pagsasakatuparan ng dakilang papel na kailangan niyang gampanan.





## Ang Ikatlong Haligi:

# Ang Pananampalataya sa mga Kasulatan

Tunay na ang pananampalataya sa mga kasulatan ay naglalaman ng sumusunod:

1. Ang pananampalataya sa kairalan ng mga kasulatan na bumaba mula sa ganang kay Allāh at na ito ay bahagi ng kadakilaan ng awa ni Allāh sa mga lingkod Niya yayamang nagpababa Siya sa bawat kalipunan [noon] ng isang kasulatan na ipinapampatnubay nila, alinsunod sa nababagay sa kanila na mga batas at mga patakaran. Ipaliliwanag sa bata na ang pagpapababa ng mga kasulatan ay isang dakilang biyaya dahil ang mga ito ay nagpakilala sa atin kay Allāh, sa Kabilang-buhay, at sa kabutihan at kasamaan.
2. Ang paniniwala sa anumang nalaman natin ang pangalan mula sa mga ito gaya ng kalatas ni Abraham (sumakanya ang pagbati ng kapayapaan), Torah na bumaba kay Moises (sumakanya ang pagbati ng kapayapaan), Salmo [na bumaba] kay David (sumakanya ang pagbati ng kapayapaan), Ebanghelyo na bumaba kay Jesus (sumakanya ang pagbati ng kapayapaan), at Qur'ān na bumaba kay Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan).
3. Na ang mga kasulatang ito ay nagpapatotoo sa isa't isa at hindi nagpapasinungaling. Walang salungatan sa pagitan ng mga ito at kontraahan. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya): **“bilang tagapagpatotoo para sa nauna rito na kasulatan”** (Qur'ān 5:48)
4. Ang paniniwala sa anumang natumpak mula sa mga ulat ng mga ito. Ang pagtuturo sa bata na ang mga makalangit na naunang kasulatan ay naabot ng paglilihis, pagpapalit, at pag-iiba dahil ang mga ito noon ay pansamantala, na natatangi sa mga tao ng panahon nito lamang, at hindi naggarantiya si Allāh ng pag-iingat nito tulad ng Qur'ān.
5. Ang pananampalataya na ang Qur'ān ay tagapagpawalang-bisa ng bawat anumang nauna mula sa mga kasulatan, at na ang pagsasagawa sa mga patakaran ng Marangal na Qur'ān ay isang kinakailangang tungkulin hanggang sa Araw ng Paggagantimpala. Kaya kinakailangan ang pagsunod sa mga ipinag-uutos nito at ang pag-iwas sa mga sinasaway nito, ang pagbabawal sa ipinagbabawal dito at ang pagpapahintulot sa ipinahihintulot nito, at ang pagsasagawa sa hinusto at ang pagpapasakop sa pinatalinghaga, at ang pagtigil sa tabi ng mga hangganan nito at mga katuruan nito.

Kabilang sa mga mahalagang bagay na pumapasok sa pintuan ng pananampalataya sa mga kasulatan ay ang usapin ng pagpapasaulo sa bata ng Marangal na Qur'an mula sa pagkabata niya. Ibinibilang ang pagsasaulo ng Marangal na Qur'an na kabilang sa pinakamahalaga sa mga aktibidad para sa pagpapalago sa talinong nasa mga bata kapag pinaganda ang paggamit nito at nakaya ng edukador na magbigay-buhay sa kaluluwa ng bata ng kalagayan ng mga talaga ng Qur'an. Ang Marangal na Qur'an ay nag-aanyaya sa atin sa pagninilay-nilay at pag-iisip-isip sa pagkakalikha sa mga langit at lupa, at sa pagkakalikha sa tao at pagkakalikha sa nasa paligid natin na mga bagay upang madagdagan ang pananampalataya natin at mahaluan ang kaalaman ng gawa. Ang pagkasaulo ng Marangal na Qur'an, ang pagkatalos ng mga kahulugan nito, at pagkakakilala rito ay nagpaparating sa tao sa isang sumulong na antas ng katalinuhan. Ito rin ay nagpapahirati sa dila ng bata sa katatasan at kalinawan. Lyon sa pamamagitan ng pagtutuwid sa dila niya sa pamamagitan ng pagbabasa ng Qur'an at pagpapahusay sa pagbigkas nito. Nagpapalago ito ng mga makapanginoong emosyon gaya ng pangamba, kataimtiman, pagmimithi, pagkasindak, at pagpapalambot ng mga puso at mga damdamin. Nagpapahirati ito sa bata sa paggawa sa mga katuruan ng Marangal na Qur'an at mga tuntunin ng magandang asal nito sa bawat isa sa mga larangan ng pang-araw-araw na buhay niya. Magdudulot ito sa bata ng edukasyon sa buhay na matuwid at mga kaasalang nakalalamang. Kabilang din sa mga bentaha ang matatamo para sa kanila na dakilang pabuya at malaking kalamangan mula kay Allāh (pagkataas-taas Siya) sa pagtitipon nila sa mga umpukan ng pagpapasaulo.

### Papaano tayong magpapaibig sa bata sa pagsasaulo?

1. Maglilinaw tayo sa kanya ng mga kainaman ng Qur'an at mga kainaman ng pagsasaulo nito, pagbigkas nito, pagtuturo nito, at paggawa ayon dito gaya ng sabi niya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): **“Basahin ninyo ang Qur'an sapagkat tunay na ito ay pupunta sa Araw ng Pagbangon bilang mapagpamagitan sa mga alagad nito.”** (Muslim: 804) Ang sabi pa niya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): **“Sasabihin sa alagad ng**



**Qur'ān: Basahin mo at umangat ka [sa antas] at bigkasin mo gaya noong bumibigkas ka sa Mundo sapagkat tunay na ang antas mo ay nasa wakas ng talata na babasain mo.”** (At-Tirmidhiy: 2914) Ang sabi pa niya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): **“Ang paghahalintulad sa mananampalataya na nagbabasa ng Qur'ān ay katulad ng sitron; ang amoy nito ay kaaya-aya at ang lasa nito ay kaaya-aya. Ang paghahalintulad sa mananampalataya na hindi nagbabasa ng Qur'ān ay katulad ng datiles; walang amoy rito at ang lasa nito ay matamis. Ang paghahalintulad sa mapagpaimbabaw na nagbabasa ng Qur'ān ay katulad ng balanoy; ang amoy nito ay kaaya-aya at ang lasa nito ay mapait. Ang paghahalintulad sa mapagpaimbabaw na hindi nagbabasa ng Qur'ān ay katulad ng pakwang disyerto; walang amoy rito at ang lasa nito ay mapait.”** (Al-Bukhāriy: 5427) Ang sabi pa niya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): **“Ang pinakamabuti sa inyo ay ang sinumang natuto ng Qur'ān at nagturo nito.”** (Al-Bukhāriy: 5027) Bumanggit siya ng mga modelo ng pagpapahalaga ng mga sinaunang Muslim sa Qur'ān. Iyon ay kabilang sa pinakadakila sa mga kaparaanang nagpapakilos sa pagpapahalaga.

2. Magsasagawa tayo ng pagpaparehistro sa kanya sa mga paaralang pang-qur'ān o mga sentro ng pagpapasaulo ng Qur'ān sa mga umpukan ng pagpapasaulo ng Qur'ān sa masjid o, ng paghahanap para sa kanya ng isang tagapagturong magtuturo sa kanya ng Qur'ān, pagbibigay ng mga pangganyak at mga papremyo, at pagdudulot ng isang kapaligiran ng pagpapaligsahan sa pagitan ng mga bata at mga mag-aaral.





3. Kailangan ng pagpapasimple ng nauukol sa pagsasaulo ng Qur'ān sa bata sa pagsisimula niya hanggang sa ang gawaing ito ay maging naiibigan para sa kanya. Kaya ang simula ng pagsasaulo ay mula sa Juz'u `Amma dahil ito ay natatangi na ang mga bahagi nito ay maiikli at nagtatapos sa iisang titik, na kabilang sa nagpapadali sa pagkakintal nito sa isipan ng bata at dahil ang mga ito ay mga kabanata ng Qur'ān na naglalaman ng mga Haligi ng Pananampalataya kaya naitutumpak ang mga pinaniniwalaan at napabubuti ang asal. Bagkus, naiingatan ang kalusugan at ang kaligtasan ng bata rin sapagkat tunay na ang Dakilang Qur'ān ay dhikr at ruqyah. Karagdagan pa roon, tunay na ito ay nagtutuwid sa dila at nakadaragdag sa [kakayahanan sa] paglilinaw.
4. Ang pagpapahalaga sa sandali ng pagbigkas ng bata at pagsasaulo niya sa isang pinaiksing pagpapaliwanag sa Qur'ān upang mabuksan ang mga kahulugan ng mga talata sa puso niya at isip niya. Huwag magpalagay ang isa na ang maliit na bata ay hindi nagiging karapat-dapat na pagpaliwanagan sapagkat tunay na ang batay ay may kataka-takang lakas sa pagsasaulo at pag-intindi.
5. Magtuturo tayo sa kanya na ang Qur'ān ay pagpapagaling, awa, at pagpapala. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya): **“Nagbababa Kami mula sa Qur'ān ng siyang pagpapagaling at awa para sa mga mananampalataya,”** (Qur'ān 17:82) Ang sinumang nakasaulo ng Qur'ān o nakasaulo ng bahagi nito, tunay na magiging madali sa kanya ng magsagawa ng ruqyah sa sarili niya kapag nagkakasakit siya at gayon din sa sinumang nasa paligid niya.

## Ang Ikaapat na Haligi:

# Ang Pananampalataya sa mga Sugo

Tunay na ang pananampalataya sa mga sugo ay naglalaman ng pananampalataya sa katapatan nila at katapatan ng natumpak sa mga ulat nila at sa sinumang nalaman natin ang pangalan kabilang sa kanila. Si Allāh ay humirang sa kanila mula sa mga kababayan nila dahil sa pagkatangi nila sa asal at isip upang magpaabot sila ng mensahe niya. Nagsabi si Allāh: **“Hindi nagsugo ng anumang sugo kundi ayon sa wika ng mga tao niya upang maglinaw siya sa kanila”** (Qur’ān 14:4) Kung sakaling ang Sugo ay isang anghel, hindi sana sila nakaintindi buhat sa kanya.



Kinakailangan sa atin ang hindi magtatangi-tangi sa isa man sa mga sugong ito. Kaya hindi tayo sumasampalataya sa ilan at tumatangging sumampalataya sa iba. Bagkus sumasampalataya tayo sa kanila sa kalahatan sapagkat ang lahat ng mga sugo ay mga tapat sa mensahe nila. Sila rin ay nagpapakabuti sa pagpapayo nila sa mga kalipunan nila saka sila ay mga napangalagaan sa anumang ipinaaabot nila buhat kay Allāh. Hindi kinakailangan sa atin ang gumawa kundi ayon sa Batas ng kahuli-hulihan sa kanila at pangwakas sa kanila, si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan). **Kabilang sa mga kahulugang pang-edukasyon na nararapat itanim sa pananampalataya sa mga sugo ang sumusunod:**

1. Ang paglilinaw na si Allāh (pagkataas-taas Siya) ay nagpadala sa bawat kalipunan ng isang sugong kabilang sa kanila, na nag-aanyaya sa kanila tungo sa pagsamba kay Allāh lamang at pagtanggig sumampalataya sa anumang sinasamba bukod pa sa Kanya. Ang mga sugo sa kalahatan ay mga tapat, na mga pinatotohanan, na mga nagpapakabuti, na mga nagagabayan, na mga tagapangilag magkasala, na mga mapagkakatiwalaan.
2. Ang paglilinaw na ang pag-anyaya nila ay sumang-ayon, mula sa kauna-unahan sa mga sugo hanggang sa kahuli-hulihan sa kanila sa pinag-ugatan

ng pagsamba at pundasyon nito, ang Tawhīd, sa pamamagitan ng pagbubukod-tangi kay Allāh (pagkataas-taas Siya) sa lahat ng mga uri ng pagsamba sa paniniwala, sa salita, at sa gawa, at [sa pamamagitan ng] pagtanggap sumampalataya sa anumang sinasamba bukod pa sa Kanya.



3. Ang paglilinaw ng mga makapanginoong kasanhian sa pagsusugo sa kanila sa nilikha Niya. Kabilang sa mga ito ang pagsamba kay Allāh (kamahahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) at paniniwala sa kaisahan Niya. Kabilang dito ang kapatnubayan sa mga tao at ang paggabay sa kanila tungo sa landasing tuwid. Kabilang dito ang pagtuturo sa mga tao ng mga nauukol sa relihiyon nila at pangmundong buhay nila at ang pagpapalabas sa kanila mula sa mga kadiliman tungo sa liwanag. Kabilang dito ang pamumuno sa kalipunan at ang pagpapatupad sa batas ni Allāh sa kanila. Kabilang dito ang pagtulad sa kanila.
4. Ang kaalaman sa awa ni Allāh (2) at pangangalaga Niya sa mga lingkod Niya yayamang nagsugo Siya ng mga sugo upang magpatnubay sa kanila tungo sa landasin Niya, ang pagtawag-pansin sa pagpapasalamat sa Kanya (pagkataas-taas Siya) sa pinakamalaking biyayang ito, at ang pag-ibig sa mga sugo at mga propeta dahil ang mga ito ay nagsagawa ng pagpapaabot ng mensahe Niya at pagpapayo sa mga lingkod Niya. Tunay na ang mga tao, gaano man nabigyan ng pag-intindi, pag-iisip, at katalinuhan, ay hindi maaari na magsarili ang mga pag-iisip nila sa pagtatatag na pangkalahatang tagapagsaayos sa kalipunan sa pinakakabuuan nito bilang isang kalipunang nagkakaugnayan na nagkakatumbasan na nagkakapantayan sa pagbibigay sa may karapatan ng karapatan nito. Ang mga sugo ay nagtuturo sa mga tao ng nagpapakinabang sa kanila at sumasaway sa mga tao ng nakapipinsala sa kanila.
5. Ang pagtatanim ng pag-ibig sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) upang makakaya sa pagtalima sa kanya, pagsunod sa bakas niya, pagdakila sa kanya – na hindi sila mag-una sa pag-ibig sa isang nilikhang iba pa sa kanya higit sa pag-ibig sa kanya –pakikipagtangkilikan sa sinumang nakikipagtangkilikan sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh



at batiin ng kapayapaan), at pakikipaglaban sa sinumang kumakalaban sa kanya. Kabilang dito ang pagpipitagan sa pangalan niya, ang paggalang dito sa pagbanggit dito, ang pagdalangin ng basbas at pagbati ng kapayapaan sa kanya, at ang pagpapahalaga sa mga katangian niya at mga kainaman niya yayamang siya ay dakila ang awa at ang pakikiramay. Kabilang doon ang paggalang sa kanya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) sa libingan niya at sa masjid niya sa pamamagitan ng pagbababa ng tinig ng sinumang pinarangalan ni Allāh ng pagdalaw sa masjid niya at itinampok Niya sa pamamagitan ng pagtayo sa tabi ng libingan ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan).

### **Papaano tayong magtuturo sa bata ng pag-ibig sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan)?**

- 1.** Kailangan na magbigay-diin tayo sa bata na si Allāh (pagkataas-taas Siya) ay nagmamahal sa Propeta Niya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan), pumili nga sa kanya, at nagtatangi sa kanya higit sa mga tao sa kalahatan. Siya ay nag-obliga sa atin ng pag-ibig sa Propeta. Magtuturo tayo sa bata na ang pag-ibig sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay kabilang sa mga palatandaan ng pag-ibig kay Allāh (pagkataas-taas Siya) sapagkat ang sinumang umibig sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay umibig nga kay Allāh ng tapat na pag-ibig.
- 2.** Ang pagpapaalaala na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay awa para sa mga nilalang dahil sa pagpatnubay at pagpapaabot ng relihiyong Islām na ito at magiging awa para sa mga mananampalataya dahil sa pamamagitan sa kanila sa Araw ng Pagbangon.
- 3.** Ang pagbabasa sa bata ng mga kabanata mula sa mahalimuyak na talambuhay ng Propeta para malaman nito na ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay ang tinutularan at ang pinakamataas na halimbawa para sa Sangkatauhan. Magsasagawa ng pagbanggit ng mga himala ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan), mga dakilang kaasalan niya, pag-aadya niya sa mga naaapi, simpatiya niya sa mga maralita, tagubilin niya kaugnay sa ulila, at awa niya sa mga mahina. Nararapat na ang wika natin ay maging malapit sa antas ng paglago ng bata at ang magkasya sa mga bagay na bumabagay sa pangkaisipang nibel niya upang mapaghusayan niya ang pagkaunawa niya sa mga ito. Magsisigasig tayo sa pagsasarisari ng mga kaparaanan ng paglalahad sa paraang tutugon tayo sa mga pangangailangan at mga kahilingan ng paglago na nababagay sa mga antas ng edad na pinamumuhayan ng bata. Isasaalang-alang ang kalikasan ng mga pagkakaibang pang-individuwal at mga kalagayang pangkapaligiran.

4. Na makakita ang bata sa mga magulang niya at nakapaligid sa kanya ng pagdakila sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) at pagdakila sa sunnah niya at mga salita niya gaya ng pagsisigasi sa pagtulad sa kanya, pagsunod sa kanya at pagpapanatili sa pagdalangin ng basbas sa kanya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) sa tuwing nababanggit siya. Ang praktikal na pag-uugali ng mga magulang at ang pamamaraan nila ay kabilang sa pinakamalaki sa mga tagaepekto sa Edukasyon. Kaya kapag nagsasagawa ang ama, halimbawa, ng mga sunnah at mga nāfilah, magsasabi siya sa mga anak niya na ganito noon ang ginagawa ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan). Tunay na ang edukasyon sa pamamagitan ulirang halimbawa ay may pinakamalaking epekto sa tumpak na paghuhubog at edukasyong pampaniniwalang maayos. Ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay ang pinakamataas na halimbawa na nararapat sa mga edukador ang tumulad sa kanya, ang tumahak sa patnubay niya, at ang magpatupad sa sunnah niya ayon sa isang praktikal na pagpapatupad na makatotohanan kasama ng mga anak nila.
5. Ang pagpapasaulo sa bata ng ilan sa mga tumpak na ḥadīth na nagpapatunay sa kalubusan at kagandahan ng Islām, mga katangian ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan), at kainaman ng mga Kasamahan sapagkat ang mga ḥadīth ay may malaking epekto sa pananampalataya at pag-uugali at sa paghubog ng kaluluwa. Maaari ang magsagawa ng mga paligsahan sa paraang ang mga ḥadīth na iyon ay maikli, maliwanag ang mga kahulugan, at naglalaman ng ilan sa mga mahalagang kaasalan sa yugtong iyon. Isasaalang-alang ang paggamit ng mga paraan ng pagpapanabik, mga regalo, at mga premyo.
6. Ang pagbanggit ng mga kuwento ng mga Kasamahan sa pakikitungo ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan), pagdakila nila sa kanya, at pagkamaalalahanin nila sa kanya, lalo na ang kuwento ng mga bata sa kanila tulad ng kuwento ni Anas hinggil sa tindi ng pagtulad nito sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) pagkaing ginawa niya. Nagsabi si Anas: “Kaya pumunta ako kasama ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) sa pakain na iyon. Naglapit sila sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ng isang tinapay mula sa sebada at isang sabaw na may upo at mga hiniwang karne.” Nagsabi pa si Anas: “Kaya nakita ko ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) na sumusunod-sunod sa upo sa paligid ng bandehado kaya hindi natigil na naiibigan ko ang upo mula ng araw na iyon.” Nagsabi si Thumāmah tungkol kay Anas: “Kaya nagsimula ako na magtipon ng upo sa harapan niya.” (Al-Bukhārīy: 5439) Kaya magsisigasi

ang edukador sa paglilinaw sa kung papaano noon umiibig sa kanya ang mga kasamahan niya (ang lugod ni Allāh ay sumakanila) at nagpapakasakit alang-alang sa kanya at pagsasaysay ng mga kuwento hinggil doon.

7. Ang pagtuturo sa bata ng epekto na inireresulta ng pag-ibig na ito. Kabilang doon ang ḥadīth ni Anas malugod si Allāh sa kanya): “May isang lalaking nagtanong sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) tungkol sa Huling Sandali sapagkat nagsabi ito: Kailan ang Huling Sandali? Nagsabi naman siya: Ano ang inihanda mo para roon? Nagsabi ito: Walang anuman maliban na tunay na ako ay umiibig kay Allāh at sa Sugo Niya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan). Kaya nagsabi siya: **Ikaw ay kasama sa sinumang inibig mo.**” Nagsabi si Anas: “Hindi kami natuwa sa anuman [gaya ng] pagkatuwa namin sa sabi ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): Ikaw ay kasama sa inibig mo.” Nagsabi pa si Anas: “Kaya ako ay umiibig sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan), kay Abū Bakr, at kay `Umar at naghahangad na ako ay maging kasama sa kanila dahil sa pag-ibig ko sa kanila kahit pa hindi ako nakagawa ng tulad sa gawa nila.” (Al-Bukhārīy 3688).

8. Ang pag-alalay sa bata sa malikhaing produksiyon hinggil sa nauukol sa pag-ibig sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) tulad ng pagsusulat ng tula, kuwento, talumpati, at mga artikulo; at ang paghimok sa mga paligsahan at mga patimpalak na magkakaiba-iba kaugnay sa paksa ng pag-ibig sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan).



## Ang Ikalimang Haligi:

# Ang Pananampalataya sa Huling Araw

Tunay na ang pananampalataya sa Huling Araw ay naglalaman ng paniniwala sa kamatayan at pagbubuhay, pagtutuos at pagganti, širāt at timbangan, at paraiso at impiyerno. Ang bata ay nagsisimula sa pagtalos ng ilan sa mga usapin ng Huling Araw matapos ng edad ng pagkaunawa sa maliwanag na paraan. Bago niyon, kabilang sa higit na mainaman na ang pagtatalakay ay maging pinaiksi at binuod kaya maglilinaw tayo sa bata na mayroon iba pang buhay at na si Allāh ay lumikha ng Paraiso na tahanan ng mga mananampalataya at ng Impiyerno na tahanan ng mga tagatangging sumampalataya.

**Kabilang sa pinakamahalaga sa mga kahulugang pang-edukasyon na nararapat itanim sa kaluluwa ng bata tungo sa pananampalataya sa Huling Araw ang sumusunod:**

1. Na makilala ng bata na si Allāh (pagkataas-taas Siya) ay bubuhay sa mga tao sa Araw ng Pagbangon mula sa kamatayan upang matagpuan nila ang ganti sa mga gawa nila na ginawa nila sa Mundo. Kung mabuti [ang gawa] ay mabuti [ang ganti] at kung masama [ang gawa] ay masama [ang ganti].
2. Na makilala ng bata na si Allāh (pagkataas-taas Siya) ay nagpairal sa Araw na iyon ng Paraiso bilang tahanan ng karangalan, kaligayahan, at kawalang-hanggan. Nilikha ni Allāh ang mga ito upang iganti ang mga ito sa mga lingkod Niyang mga mananampalataya; at nagpairal ng Impiyerno na inihanda Niya para sa mga tagatangging sumampalataya.
3. Naisasagawa iyon sa pamamagitan ng pagpapaibig sa kaginhawahan ng Paraiso at anumang inihanda roon ni Allāh para sa mga mananampalataya.
3. Ang pakikipag-usap sa bata tungkol sa kamatayan at Kabilang-buhay sa paraang malumanay ay nagpapatunay ng awa ni Allāh, kapatawaran Niya, at kalumanayan Niya sa mga lingkod Niya, upang hindi mangibabaw sa mga bata ang mga ideyang nakaliligalig. Maaaring mag-ugnay niyon sa bawat bagay na nabubuhay na dumadaan sa mga yugto sa sarili ng mga iyon subalit ang tao ay namumukod dahil si Allāh ay nagbukod sa tao sa pag-aatang [ng tungkulin], nagpasilbi ng mga bagay para sa kanya, at nangako sa kanya ng ganti.

4. Ang paglilinaw na si Allāh ay hindi kumikilala sa kawalang-katarungan at hindi mag-iwan sa tagalabag sa katarungan nang walang parusa ni sa nalabag sa katarungan nang walang pagbibigay-katarungan. Hindi Niya pababayaan ang tagagawa ng maganda nang walang gantimpala at ganti. Tayo ay nakakikita sa mundo ng isang nabubuhay na tagalabag sa katarungan at namamatay na tagalabag sa katarungan at alinsunod dito kailangan na may isang iba pang buhay na hindi ang buhay na ito na pinamumuhayan natin, na magpapabuya roon sa tagagawa ng maganda at gaganti roon sa tagagawa ng masagwa, at makukuha ng bawat may karapatan ang karapatan niya.

## Ang Ikaanim na Haligi:

# Ang Pananampalataya sa Pagtatakda



Tunay na ang pananampalataya sa pagtatakda ay naglalaman ng pananampalataya sa kalubusan ng kaalaman ni Allāh, ng pagtatala Niya, kakayahan Niya, paglikha Niya, at kalooban Niya. Ang bata ay hindi makakakaya sa pag-intindi sa pagtatadhana at pagtatakda sa isang maagang yugto ng edad ng pagkabata. Ang iba ay naniniwala na ang bata ay hindi maaaring makatalos sa mga kahulugan ng pagtatadhana at pagtatakda malibang matapos ng humigit-kumulang na edad na siyam na taon. Subalit may mga kahulugan na pang-edukasyon na nararapat ikintal kaugnay sa paksa ng pagtatadhana at pagtatakda. Kabilang sa mga ito:

1. Na ang pangunahing panuntunan sa paksang ito ay ang ḥadīth na nasaad buhat kay Abul`abbās `Abdullāh bin `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa), na nagsabi: Ako noon ay nasa likuran ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) isang araw saka nagsabi siya: **“O bata, tunay na ako ay magtuturo sa iyo ng mga pangungusap. Ingatan mo si Allāh, iingatan ka Niya. Ingatan mo si Allāh, matatagpuan mo Siya tungo sa iyo. Kapag humingi ka, manghingi ka kay Allāh. Kapag nagpatulong ka, magpatulong ka kay Allāh. Alamin mo na ang kalipunan, kahit pa man nagtipon sila para magpakinabang sa iyo ng anuman, ay hindi sila magpapakinabang sa iyo ng anumang maliban ng anumang**

nagtakda na niyon si Allāh para sa iyo; at kahit pa man nagtipon sila para maminsala sa iyo ng anumang, ay hindi sila makapipinsala sa iyo ng anumang maliban ng anumang nagtakda na niyon si Allāh para sa iyo. Inangat ang mga panulat at natuyo ang mga talaan.” (At-Tirmidhī: 2516) Sa isang salaysay: “Ingatan mo si Allāh, matatagpuan mo Siya tungo sa harapan mo. Kilalanin mo si Allāh sa karangyaan, kikilalanin ka niya sa kagipitan. Alamin mo na ang lumampas sa iyo ay hindi naging ukol na tumama sa iyo at ang tumama sa iyo ay hindi naging ukol na lumampas sa iyo. Alamin mo na ang pag-aadya ay kasama ng pagtitiis, na ang aliw ay kasama ng dalamhati, at na ang hirap ay kasama ng ginhawa.” (Aḥmad: 2803) Ang pampropetang ḥadīth na ito ay itinuturing na isang bukal na pang-edukasyon na naglaman ng mga panutong kaaya-aya mula sa Marangal na Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) para sa Kalipunan niya sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa paghuhubog sa mga bata ayon sa maayos na paniniwala.

2. Na ang pangunahing panuntunan ay ang pag-iwas sa pagsuong sa usapin ng pagtatadhana at pagtatakda sa bata sa yugtong iyon, at ang maaaring maipaabot sa bata sa paksang ito ay ang pagpapaliwanag sa lawak ng naunang kaalaman ni Allāh, kakayahan Niya, pagkasaklaw Niya, paglikha Niya, at kalooban Niya kalakip ng pagtitibay sa kalayaan ng tao, ganap na pananagutan niya sa mga piniling gawa niya, ang pagiging karapat-dapat niya sa gantimpala o parusa dahil sa mga ito sa paraang pabuod. Subalit kapag umabala ang usaping ito sa pag-iisip ng bata at nangibabaw sa kanya, kinakailangan sa edukador na magpaliwanag nito sa abot ng makakaya sa paraang pinasimple na matatalos ng pag-iisip ng bata.



3. Ang pagdudulot ng edukasyon sa bata sa paghingi mula kay Allāh (pagkataas-taas Siya), na hindi humingi sa iba pa sa Kanya at na magpatulong kay Allāh lamang, kaya ang panalangin ay ihaharap niya kay Allāh (pagkataas-taas Siya). Ituturo sa kanya ang pananalig kay Allāh at ang pagsandal sa Kanya. Ituturo sa kanya ang pagtitiis sa pagtatadhana ni Allāh at pagtatakda Niya.

4. Na malaman ng bata na si Allāh ay hindi nagnanais sa kanya maliban ng kabutihan sapagkat siya ay nasa isang tipanan sa buhay na ito sa mga pagtatakda ni Allāh. Dahil doon, tunay na ang kaluluwa niya ay hindi maninikip at manghihinawa at haharap siya sa mga sigalot nang may kaluluwang nalulugod sa pagtatadhana at pagtatakda ni Allāh sapagkat siya ay nakatitiyak na: **“Walang tatama sa amin kundi ang itinakda ni Allāh para sa amin.”** (Qur’ān 9:51)
5. Na malaman ng bata na ang mga kaganapan ng mga pangyayari ay nasa kamay ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya), na Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ay gumagawa ng niloloob Niya at pinipili Niya dahil sa kanya ang walang-takdang malayang paggawa sa kaharian niya. Iyon ay hahantong sa pagkadagdag ng pagkakaugnay niya sa Tagalikha niya at pagtuon nito sa Kanya. Dahil doon, kakapit kay Allāh ang mga pag-asa niya, ang panalangin niya, at ang paghahangad niya.
6. Na ang pananampalataya sa haliging ito ay nagsasakatuparan ng pagkabalanse at pagkatiwasay na pampuso sa loob ng sarili ng bata. Kaya kapag nakararamdam ang mananampalataya na ang bawat nangyayari sa kanya na kabutihan o kasamaan ay mabuti para sa kanya at na walang kairalan para sa isang walang takdang kasamaan, ito ay magpaparamdam sa kanya ng pagkatiwasay at katatagang pansarili na panloob. Ito ay magsasanhi sa kanya na humarap sa mga suliranin niya, mga pagod niya, at mga alalahanin niyan nang may maluwag na dibdib sa pagtatadhana at pagtatakda ni Allāh. Dahil doon, magsusuko siya ng nauukol sa kanya kay Allāh at mamumuhay siya na natitiwasay ang puso, na napapanatag ang isip. Kaya ang sinumang sumampalataya sa pagtatakda ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay hindi nanghihinawa, hindi nagpapata, at hindi naiinis sa sandali ng mga kasawian at pagbaba ng mga kalamidad, bagkus sumusuko sa pagtatakda ni Allāh, umaasa sa ganang kay Allāh ng gantimpala, at bumanggit sa sandali ng unang dagok ng sabi ni Allāh: **“Talagang susubok nga Kami sa inyo sa pamamagitan ng isang anumang kabilang sa pangamba at gutom, at ng isang kabawasan mula sa mga ari-arian, mga buhay, at mga bunga. Magbalita ka ng nakagagalak sa mga nagtitiis,**


**156. na mga kapag tinamaan sila ng isang kasawian ay nagsasabi sila: “Tunay na kami ay kay Allāh at tunay na kami ay tungo sa Kanya mga babalik.**

**157. Ang mga iyon ay may ukol sa kanila na mga pagbubunyi mula sa Panginoon nila at awa. Ang mga iyon ay ang mga napapatnubayan.”** (Qur’ān 2:155-157)


7. Maaaring humango ng aral mula sa paglalahad ng ilan sa mga kuwento at mga salaysay na lumitaw sa mga tao ang pagkayamot sa nangyari sa kanila na mga pagtatakda ni Allāh, pagkatapos luminaw sa kanila matapos niyon ang kabutihan na itinakda ni Allāh para sa kanila dahil doon yayamang naiba ang mga kalagayan at ang mga nauukol sa kanila na naging mainam.
8. Nabubuod ang pananampalataya sa pagtatakda na si Allāh (pagkataas-taas Siya) ay nakaaalam sa bawat bagay sa kabuuan at detalye, na Siya ay nagtala ng anumang nauna sa kaalaman niya mula sa mga itinakda sa mga nilikha hanggang sa Araw ng Pagbangon sa Tablerong Pinag-iingat, at na ang lahat ng mga umiiral at mga bagay ay hindi mangyayari malibang ayon sa kalooban ni Allāh at paglikha Niya.







Panimula sa  
**mga Sagot**



Tunay na ang Tagalikha (kamahal-mahalanSiyaatkapita-pitagan)aylumalang nga sa bata sa pagkaibig sa pagtatanung-tanong upang mapagkalooban ang isip ng pinakamalaking posibleng kantidad ng mga konsepto at mga kaalaman. Ibinibilang ang yugto ng pagkabata bilang yugto ng pagtatanung-tanong yayamang ang nangingibabaw sa mga pakikipag-usap ng bata sa yugtong ito ay halos pahayag ng mga tanong. Ang mga bata ay nakararamdam na sila ay hindi nakaaalam ng anuman tungkol sa mga bagay-bagay na pumapaligid sa kanila. Dahil sa ang kamangmangan ay nagdudulot ng pangamba, tunay na sila ay nagmamadali sa pagkatuto sa pamamagitan ng anumang ibinigay sa kanila na lakas kaya nakatatagpo tayo ng tatlong taong gulang na bata na naghaharap sa mga magulang niya at mga nakatatandang kapatid niya ng maraming tanong araw-araw. Walang duda na ang mga sagot nila ay nakaaapekto sa kanya at naglilipat sa kanya mula sa isang kalagayan tungo sa isa pang kalagayan dahil sa pagbabago ng porma ng tanong at mga paksa sa pagtatanung-tanong sa paraang tuluy-tuloy. Tunay na ikaw ay makaririnig mula sa kanya palagi ng mga salitang tulad ng ano, nasaan iyon, papaano iyon, saan nanggaling, ano ito, ano iyon, at alam mo ba? Tunay na siya ay nagnanais ng kaalaman sa lahat ng mga bagay na pumupukaw sa pansin niya at nagnanais na maintindihan ang mga bagay-bagay na nakikita niya at naririnig niya. Maaaring maintindihan niya ang sagot at maaaring hindi niya maintindihan ito. Maaaring manahimik siya nang saglit na sasapat sa pagsagot at maaaring hindi siya manahimik.

Tunay na ang bata ay natatangi sa pagkaibig sa pagsisiyasat at marahil nadaragdagan iyon alinsunod sa kapaligirang pinamumuhayan niya at alinsunod sa mga oportunidad na ipinagkakaloob sa kanya. Dahil dito, tunay na tayo ay tatayong mga namamangha kapag nagsagawa tayo ng paghahambing sa pagitan ng mga tanong natin sa pagkabata natin at ng mga tanong nila sa ngayon dahil sa pagkakaiba-iba ng panahon at lugar at pag-unlad pangkaalaman. Walang duda na ang istilong pang-edukasyon na ginagamit ng mga edukador ay malinaw na nakaaapekto sa paglawak ng pagkalitaw ng mga tanong ng mga bata o pagkakitid nito. Ang edukador na nagkakaloob ng oportunidad at tumatanggap nang buong lugod sa anumang itinatanong ng mga bata ay makasisid sa mga kailaliman ng mga kaluluwa nila samantalang ang hindi nakatitiis sa mga tanong nila at tumatangi sa mga ito o tumutugon sa mga ito ng sigaw ay hindi makatatago ng sinumang magtatanong sa kanya ng anuman. Bagamat tayo ay mga nagkakaisa na hindi bahagi ng kapakanan o matatanggap na mag-usisa ang mga bata sa bawat bagay subalit mahalaga rin na hindi makaramdam ang mga bata ng pangamba sa pagtatanong tungkol sa ilan sa mga bagay-bagay na nakaaapekto sa buhay nila at mahalaga na hindi makaramdam ang mga bata na sila ay mga nakaliban o mga pinaliliban at hindi mga pinagkakatiwalaan. Ang pinakamahalaga higit doon ay kinakailangan na makaramdam sila ng kabutihang-loob habang sila ay nakikipag-usap sa mga mag-anak nila.



# Mga Kadahilanan ng Dami ng mga Tanong sa

## Ganang mga Bata



**Maaaring limitahan ang pinakamahalaga sa mga kadahilanan na nagsasanhi sa bata na magparami ng mga pagtatanung-tanong ayon sa sumusunod:**

1. Ang pagkaibig ng bata sa pagsisiyasat at pagtuklas bilang kaparaanan ng pagpapabusog sa mga pangangailangan ng paglagong pang-isip.
2. Ang pangangailangan ng mga bata sa pag-intindi sa bawat nakapaligid sa kanila na mga pangyayari at mga bagay.
3. Ang pagkabagabag ng mga bata at ang pangamba nila sa mga bagay at iyon ay dahil sa kawalan ng pagkakaroon ng naunang karanasan. Halimbawa: nangangamba ang bata sa mga hayop kahit pa man hindi dumadaluhong ang mga ito sa kanya. Dahil doon, nagtatanong siya at nagpaparami ng mga pagtatanung-tanong niya upang makaramdam siya ng katiwasayan.
4. Ang paglago ng kakayahang pangwika ng mga bata. Kaya kapag naglahad siya ng tanong kasunod ng iba pang tanong, iyon ay hindi dahil sa pagkaibig sa paghiling ng sagot bagkus dahil sa laki ng pagkagusto niya sa paggamit ng wika at pakikipagtagisan ng mga kakayahan niya at pangangailangan niya sa pakikilahok panlipunan.
5. Oportunidad para sa ugnayan at emosyonal na pakikilahok sa pagitan ng mga magulang at mga anak.
6. Ang paglago ng tiwala ng bata sa sarili niya at sa mga magulang niya at ang paglago ng paggalang niya sa sarili niya.

## Ang Kalikasan ng mga Tanong sa Ganang mga Bata



Upang maintindihan natin ang mga tanong ng bata sa mahusay na paraan, kailangan para sa atin na makakilala sa kaibahan sa pagitan ng mga tanong na pangkaisipan at pangwika at ng mga tanong na sikolohikal yayamang tunay na sa unang uri ay nagtatangka ang bata na makaalam tungkol sa isang bagay o magpabatid tungkol sa isang bagay samantalang sa ikalawang uri naman, ang nagtutulak sa kanya ay ang kapanatagang sikolohikal at ang sagot ay hindi siyang mismong nilalayan. Kinakailangan na magbigay-diin tayo sa isang pangunahing reyalidad: na ang mga tanong ay may katunayang pansaloobin na tiyakan. Tayo ay hindi nakakakaya na tumantiya sa halaga ng tanong o na umintindi nito at magtakda ng kahulugan nito maliban sa pamamagitan ng saloobing natatangi na nagtulak sa bata sa pagtatanong. Kaya ang tanong ay walang halaga sa sarili nito mismo subalit ito ay humahango ng halaga nito, pahiwatig nito, at kahalagahan nito mula sa kalikasan ng saloobin na nakapaligid dito at mga sitwasyon nito. **Tunay na ang mga tanong ng mga bata ay may tatlong mahalagang kagamitang pangkayarian. Ang mga ito ay ang sumusunod:**

1. Ang pagsasakatuparan ng pagkabalanseng sikolohikal sa bata sapagkat ang layon ng marami sa mga tanong ng bata ay sikolohikal.
2. Ang pag-iisip na panghinuha (deductive thinking) yayamang nagtatangka ang bata sa pag-abot sa isang bagong kaalaman sa pamamagitan ng pag-asa sa mga kaalamang naririyang na pagbabatayan niya o pag-uugnayan niya.
3. Ang pag-alam sa kapaligirang nakapalibot at ang mga mahalagang bagay-bagay na pambuhay at kabilang sa mga ito ang pag-alam sa mga pinahahalagahang pangkaasalan at pang-ugali na naroroon sa loob ng balangkas pangkultura at panlipunan na pinamumuhayan ng bata.

# Ang mga Uri ng mga Tanong sa Ganang mga Bata



Napakikinabangan na tangkain natin ang pag-uuri ng mga tanong na inilalahad ng mga bata yayamang nagkakaiba-iba ang mga sagot sa mga tanong na ito ayon sa pagkakaiba-iba ng pag-uuri. Maaaring uriin ang mga tanong sa ganang mga bata sa mga pangkating sumusunod:

- 1. Mga tanong na may kalikasang pangwika,** tulad ng: Bakit pinangalanan ang mga bagay ng ganitong mga pangalan? Bakit hindi tayo mag-iba ng mga pagpapangalan? Bakit hindi tayo umibento ng iba pang wika?
- 2. Mga tanong pangkairalan.** Sa balangkas nito nanggagaling ang mga tanong na: Mula saan tayo nanggaling? Tungo saan tayo papunta? Papaanong ginagawa ang mga bata? Ano ang kahulugan ng kamatayan? Ano ang sansinukob? At iba ba.
- 3. Mga tanong ng paghihimagsik.** Ang mga ito ay nakasalalay hinggil sa isang ideya: Bakit may hindi pinapayagan para sa mga bata na mga tanong na pinapayagan sa mga nakatatanda? Ito ay nangyayari sa anyo ng mga pagtatangka ng paggaya-gaya sa mga nakatatanda higit kaysa sa anyo ng mga tanong.

- 4. Mga tanong na panubok.** Ang mga ito ay mga tanong na itinutuon ng mga bata para subukin ang mga kakayahan ng mag-anak at pagtuligsa sa itinuturing nila na isang kahinaan sa mag-anak. Ito kadalasan ay nahahalaan ng mga paghahambing sa mag-anak ng mga kaklase ng bata at kadalasan nakasalalay ang mga tanong na ito hinggil sa mga kakayahang pampananalapi at pisikal ng mag-anak.
- 5. Mga tanong ng pagkabagabag na pambata.** Kadalasan naglalahad ang mga bata ng mga tanong na gumagantimpala sa mga lumalagong pagkaramdam ng pagkabagabag sa kanila. Kabilang sa pinakamadalas sa pagkaulit-ulit sa mga tanong ng pagkabagabag sa mga bata ay ang mga tanong hinggil sa pagkawala ng isa mga magulang o mga iba pang aspeto ng pag-iwan.
- 6. Mga tanong ng pagkatuklas sa katawan.** Ang nangunguna sa mga tanong na inilalahad ng bata sa pamamagitan ng pagkatuklas ay ang mga tanong na nauugnay sa mga kaibahang pampisikal sa pagitan ng mga kasariang panlalaki at pambabae.

Ang pag-uuring ito ay maaaring makaalalay sa mag-anak sa pag-intindi sa likuran (background) ng tanong na inilalahad ng panig ng mga batang anak nila sapagkat sila ay hindi naglalahad ng tanong dahil sa tanong mismo, bagkus naglalahad sila nito dahil sa udyok ng pagtatangka sa pag-intindi.

### **Bakit nagwawalang-bahala ang mga magulang sa mga tanong ng mga bata?**

Tunay na ang pagpapabaya sa mga tanong ng mga bata at ang pagkasawa sa mga ito magkaminsan, ang dahilan nito ay hindi ang kawalan ng kaalaman sa pagsagot at sa kahalagahan ng mga ito at ang kamangmangan sa sikolohikal at pang-edukasyong papel ng ginagampanan ng mga ito lamang, bagkus ito ay dahil sa iba pang mga kadahilanan. Marahil ang pinakamahalaga sa mga ito ay ang sumusunod:

- 1.** Ang pagkaramdam ng nakatatanda ng pagkakataka-taka ng tanong ng nakababata o pagkawalang-kapararakan nito o kawalan ng kaseryosuhan nito na nagsasanhi sa nakatatanda na hindi magpahalaga nito o hindi pumansin dito, kaya naman bumabagsak ang mga nakatatanda sa pusali ng paglabag sa mga karapatan ng nakababata sa pag-iisip ayon sa pamamaraan ng mga ito na natatangi sa kapayakan at kaliwanagan. Ang paglabag na ito ay kumakatawan sa isa sa mga anyo ng awtoridad pangkaisipan na pinanghahawakan ng mga nakatatanda habang mga nakalilimot na ang bata ay nagpupukol ng tanong niyang payak na walang-

---

muwang buhat sa isang tapat na pagkaibig sa pagkaalam o pagkatuklas sa mundong pumapaligid sa kanya, bukod pa sa madaliang layuning sikolohikal ng tanong niya, ang pagpapanumbalik sa balanseng sikolohikal na hinahanap-hanap niya sa anumang katayuan.

- 2.** Ang pagkatalos ng mga nakatatanda sa kahirapan ng tanong na inihahain ng bata kapag ang tanong ay nauugnay sa isa sa mga aspeto ng mga ipinagbabawal panlipunan o pangkaasalan sa loob ng isang takdang balangkas na pangkultura (within a specific cultural framework) na hindi pinapayagan ang pagtalakay nito maliban sa isang takdang edad. Ang hirap ng mga pagtatanung-tanong ng mga bata at ang pagkakataak ng kaasiwaan sa mga ito ay nagsasadlak sa mga nakatatanda sa isang kalituhan. Mula rito, kinailangan sa mga nakatatanda na maghanda sa mga sarili nila nang mahusay na paghahanda na lalahok sa pagsagot na maayos para sa tulad ng mga tanong na ito.
- 3.** Bumubuo minsan ang dami ng mga tanong ng bata at ang pagkakasunuran ng mga ito ng isa pa sa mga kadahilanan ng pagpapabaya na lumilitaw mula sa mga nakatatanda. Kung sakaling natalos ng mga nakatatanda ang kahalagahan ng mga tanong ng mga bata sa dakong sikolohikal, talaga sanang nagkaroon sila ng iba pang saloobin, ang paghimok upang magpatuloy ang mga bata sa paghahain ng mga tanong nila at para bang sila ay nag-iisip nang may isang tinig na naririnig.
- 4.** Kabilang sa napaloob sa mga kadahilangang nagsasanhi sa mga nakatatanda na hindi mag-ukol sa mga tanong ng mga bata ng kinakailangang halaga ng pagpansin at pagpapahalaga ay na ang ilan sa mga tanong na ito ay naglalahad ng isang anyong pahiwatig at hindi naglalahad sa paraang tuwiran.
- 5.** Maaaring ang pag-iwas ng mga ama at mga ina sa pagsagot ay dahil sa kamangmangan nila sa ninanais malaman ng mga bata kaya masasabi natin sa kanila: “Kinakailangan na magsaliksik kayo sa mga sagot sa mga tanong ng mga anak ninyo at magpabatid kayo sa kanila ng mga ito nang may tiwala at katapatan.”
- 6.** Ang paglampas ng mga pagtatanung-tanong ng mga bata higit sa mga hangganan ng mga pangkaisipang kakayahan nila, na humihiling ng mga sagot na mataas ang abstraksiyon at ang kahirapan, kaya nagsisimula ang mga magulang sa pag-iisip-isip hinggil sa kung papaano humantong ang bata sa tanong na ito at ipinagwawalang-bahala nila ang pagsagot doon.



### **Papaanong makikitungo ang mga magulang sa mga tanong ng bata?**

Tunay na ang tungkulin ng mga magulang ay ang paglalahad ng mga tumpak na sagot sa mga tanong ng mga bata. Kailangan din sa mga magulang ang maghanda sa mga paraan ng pagtatalakay at dayalogo hinggil sa mga pag-uusisa ng mga anak nila sa mga usapin ng pananampalataya at ang umalalay sa mga ito sa pagsasalita ng taglay ng mga ito na mga ideya hinggil sa relihiyon upang mapukaw nila sa mga ito ang kapanatagan, ang pagkahimok, at ang tumpak na pagkaintindi sa relihiyon sa pamamagitan ng pag-iingat para sa kanila ng pagkabalanse nilang panrelihiyon na malayo sa pagkukulang o pagpapalabis sa relihiyon. Hindi kailangan sa mga magulang na malaman ang lahat ng mga tumpak na sagot sa mga panrelihiyong tanong ng mga bata, subalit kailangan sa mga magulang na magpaliwanag ng mga haligi ng pananampalataya sa mga anak nila upang lumaki ang mga ito sa malakas na pananampalataya kay Allāh. Anong ganda na mag-atang ang mga magulang sa pinakamatanda sa



---

mga anak nila ng pagtatala ng mga tanong ng bata, na kadalasang maiibigan naman ng panganay na ito ang tungkuling ito lalo na kapag pinag-ukulan ito ng pagpapahalaga at paghimok at makatatagpo din sa sila sa mga tanong na ito ng isang kasiyahan para sa kanila. Sa isang dako naman, makapagtatanim tayo sa mga kaluluwa ng mga nakatatandang anak ng halaga ng tanong sa pangkalahatan at na ito ay isang punto ng pagbibigay-halaga kaya magtatanong sila. Makapagtatanim din tayo sa mga kaluluwa nila ng pagmamalasakit sa mga tanong ng mga anak nila sa hinaharap kapag sila ay naging mga ama at mga ina. Sa isa pang dako, may maiipon sa atin na mga tanong na aalalay sa atin sa pagsasaliksik sa mga sagot sa mga ito at tutulong sa maagang pagkatalos sa mga tanong ng mga kapatid nila matapos nila at sa kahandaan para sa mga ito. Gaano na liligaya ang bata kapag umaagad-agad tayo sa pagsagot sa isang tanong kabilang sa mga naunang tanong niya! Ang pagpapahalaga sa mahusay na sagot sa mga tanong niya ay magkakaroon ng isang malaking epekto, ayon sa pahintulot ni Allāh, sa kanya at sa ugnayan natin sa kanya at gagawa sa mga magulang bilang unang pinagkukunan ng kaalaman sa ganang bata at bilang pinagkakatiwalaan sa kahabaan ng mga darating na taon, sa halip ng pagtanggap ng mga impormasyon niya mula sa mga pinagkukunang mapaghihinalaan lalo na sa yugto ng pagbibinata [o pagdadalaga] niya.

Dito ay mga isang puntong nararapat para sa magulang ang magbigay-pansin, ang pangangailangan sa pag-iiba sa pagitan ng dalawang uri ng mga tanong ng mga bata. **Una:** Ang mga nagpupumilit na tanong na nakadarama tayo na ang bata ay nag-uulit ng mga ito at maaaring magpukol siya ng mga ito sa higit isang tao sa sambahayan niya, na maaaring magsanga-sanga mula sa mga ito ang mga iba pang mga tanong. **Ikalawa:** Ang mga nagkataong tanong na kung sakaling nagsimula tayo sa pakikipag-usap sa kanya hinggil sa ibang paksa ay talaga sanang nakalimot siya sa tanong niya. Ang una ay hindi makatwiran ang pagwawalang-bahala kaya magsisikap tayo sa pagsagot nito o sa pagsasaliksik nito para sa kanya o maghahanap tayo ng isang taong mahusay sa pagsagot nito, at kaugnay rito matapos ng isang mahalagang edukador. Hinggil naman sa mga tanong na panlahad, walang masama ang paglampas sa mga ito, lalo na kapag ang mga ito ay hinggil sa mga bagay-bagay na maaaring hindi maarok ng bata ang sagot sa mga ito.

## Mga Prinsipyo ng Pakikitungo sa mga

# Tanong ng mga Bata



Mayroong isang kabuuan ng mga prinsipyo at mga pinahahalagahan (value) na nararapat sa mga magulang ang manatili sa mga ito at ang pagsasaalang-alang sa mga ito sa sandali ng pagsagot sa mga tanong ng mga bata. Kabilang sa mga ito ang sumusunod:

- 1. Ang Prinsipyo ng Paggalang.** Ang mga magulang na dumidinig sa mga tanong ng bata ay nagpaparamdam sa kanya ng pakikilahok nila sa mga alalahanin niya, ng paggalang nila sa mga ito, at pagbibigay-halaga sa mga ito. Ang pakikilahok na ito ay nagpapanumbalik sa bata ng sikolohikal na balanse niya at kapanatagan niya. Dagling masasaling natin ang indayog ng tiwala sa sarili, ang kasinsinan sa paglalahad ng tanong, at ang lohikal na pagsusunuran sa daloy ng dayalogo.
- 2. Ang Prinsipyo ng Tiwala at Katiwasayan.** Sisikapin ng mga magulang ang kasinsinan sa mga sagot na inihahatid nila sa mga anak nila sa pamamagitan ng mga bokabularyong nalalaman at pamilyar sa mga bata at pagpapasimple sa mga impormasyong ito sa makaagham na tumpak na balangkas ng mga ito. Tunay na ang katapatan ng sagot ay mangangahulugan sa wakas ng usapin ng pagsasakaturapan ng kalagayan ng katatagan, tiwala, at katiwasayang sikolohikal.
- 3. Ang Prinsipyo ng Pagproseso sa mga udyok na natatangi sa mga bata.** Ang mga udyok na iyon na namumutawi mula sa konteksto ng saloobin na pinamumuhayan nila ay halimbawa: Ang batang nakararamdam ng pagkabagabag at pagkaligalig resulta ng pagkapanganak ng isang bagong sanggol sa pamilya kaya magtatanong ito kung mula saan nanggagaling ang mga sanggol. Hindi maaari na malunasan ang suliranin niya sa pamamagitan ng payak na makaagham na pagsagot, subalit siya ay nasa isang pangangailangan sa pagproseso sa tunay na udyok na nag-udyok sa kanya sa paglalahad ng tanong na ito at pagpapahalaga dito nang isang tanging pagpapahalaga.

Tunay na ang pinakamainam na maipagkakaloob ng mga nakatatanda sa mga nakababata ay ang pag-alalay nila sa mga ito sa pagbibigay-liwanag sa mga isip ng mga ito, hindi lamang sa pamamagitan ng mga salaysay, mga kuwento, at mga kaalamang tumpak, bagkus sa pamamagitan ng pagsasanay sa mga ito sa pagninilay-nilay, pagkakaloob ng mga mungkahi, pagpapahirati sa kanila sa hindi pagkakasya sa mga panlabas na anyo, at pagbubunsod sa mga ito sa pag-iisip-isip sa kung ano ang nasa likod ng panlabas na ito lumilitaw sa kanila. Nararapat ang positibong interaksyon, ang nakapagbibigay-liwanag na pagtatalakay, ang naglalayong dayalogo, at ang tugunang pananaw (mutual view). Kailangan din sa kanila na magsagawa sila mismo ng paglalahad ng mga tanong na gaganyak sa pag-iisip-isip ng mga bata.

Maaari ang paggamit ng sagot sa mga tanong sa higit na malaking paraan sapagkat ukol sa mga magulang na humiling mula sa bata o magmungkahi rito na maglahad ng tanong niya sa pagtitipon ng pamilya, pagkatapos magbibigay ng pagkakataon para sa lahat para makilahok sa pagsagot kapag ang tanong ay karaniwang walang kalaliman at walang kaselanan. Subalit lubhang mahalaga na hindi banggain ang bata ng panunuya ng isang kuya dahil sa kawalang-muwang ng tanong. Kung sakaling nangyari ang tulad nito, tunay na kailangan sa magulang na manindigan sa panig ng bata, habang nagpupuri sa lakas ng loob nito at habang naglilinaw sa pangangailangan nating lahat sa paglalahad ng mga tanong, habang nagpapaalaala sa sabi ni Allāh (pagkataas-taas Siya): **“at hindi kayo binigyan ng kaalaman kundi kakaunti”** (Qur’ān 17:85)



## Ang Edukasyon sa Pamamagitan ng Dayalogo



Tunay na ang pamamaraang nababagay sa mga bata ay ang pamamaraang pandayalogo na bumabatay sa pagtatalakay, pagtatanong, at pagsagot dahil ang mga ito ay umaalalay sa pagpapatatas ng dila at gumagawa para sa pagtamo ng talento na siyang gawain ng pagtuturo. Ang dayalogo ay nagpapalapit sa pumapatungkol dito at nagpapaganap sa mga layon nito. Kinakailangan na makaramdam ang bata sa sandali ng dayalogo ng karangalan niya. Ito ay humahantong sa pagpapalaya sa bata at mga emosyon niya mula sa pagkabagabag, mga pangamba, at mga hidwaang sikolohikal mula sa pagsupil at mga pagkarindi (complexes). Kapag nakaramdam ang bata ng ginhawang sikolohikal sa pakikipagdayalogo at pakikipagtalakayan, magtatapat siya sa kadayalogo niya ng bawat nasa sarili niya na mga hidwaan at mga kapaguran. Kaya kapag umabot ang bawat isa sa dalawang panig sa mga kadahilanan ng suliranin at nagsalita ang dalawa nang may kalantaran kaya naman nagpahayag ang bata ng bawat nilalaman ng sarili niya, ang paglunas ay magiging madali at ang tagumpay rito ay pinagaan.

**Tunay na ang dayalogo sa pagitan ng bata at mga magulang niya ay may naidudulot sa pamilya. Kabilang sa mga ito ang pagkakilalahan** kaya ang bata ay higit na malapit sa lahat ng mga miyembro ng pamilya. **Kabilang sa mga ito ang pagbubukluran** sapagkat ang dayalogo ay nakadaragdag sa pagbubukluran sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya at magkakaroon ng pag-ibig at pagkalapit sa isa't isa sa kanila. **Kabilang sa mga ito ang paggigiliwan** ayon sa kahulugan na tayo ay hindi nagnanais mula sa dayalogo ng opisyal na kapaligiran lamang, bagkus ang tunay na kahulugan ng dayalogo ay sa pamamagitan ng matamis na pangungusap at magiliw na kapaligiran.

**Mula sa naunang nabanggit, matatagpuan natin na ang Edukasyon sa pamamagitan ng dayalogo ay isang proseso na natatangi sa ilang bagay, na kabilang sa mga ito ang sumusunod:**

1. Na ito ay nagbibigay sa bata na kalayaan sa pag-iisip-isip at pagtuklas sa mga reyalidad sa pamamagitan ng sarili niya. Sa ganito ay may paggaganyak sa pagkamalikhain at pagpapalago sa personalidad niya.
2. Na ito ay simple, na wala ritong pagpapakahirap. Nakikitungo rito ang bata nang may ginhawa at walang pangingimi.

3. Na ito ay nagpapasok sa mga kaluluwa ng mga nakababata ng galak at pagkaramdam sa sarili at nagtuturo sa kanila ng pakikinig sa iba.
4. Na ito ay nagbibigay ng mga pagkakataon sa pagsasaliksik at nagsasariling pag-iisip-isip kaya nakikita niya ang mga bagay-bagay mula sa mga nagkakaiba-ibang anggulo at nagpapahirati ito sa kanya sa lohikal na pag-iisip-isip.
5. Pumupukaw ito sa pansin ng bata, naglalayo ito sa kanya ng pagkalahis at pananamlay, at gumaganyak ito sa kanya upang makitungo at kumilos.

## Ang Porma ng mga Tanong na Pandayalogo



**Mayroong higit sa isang porma na maaaring ilahad ng mga bata. Kabilang sa mga pormang ito:**

**“Ano ang nangyayari?”** Ang pormang ito ay gumaganyak sa bata sa pagsaliksik sa nangyayari sa pagligid niya kaya umaalalay ito sa kanya na mailarawan niya ang nakikita niya nang direktahan.

**“Ano ang ninanais mo?”** Ito ay isang pormang umaalalay sa bata sa pagtatakda ng mga pangangailangan niya nang tamang-tama.

**“Papaano mong gagawin ito?”** Ito ay umaalalay sa bata sa malayang pag-iisip-isip, at gumaganyak sa imahinasyon niya para magsaliksik ng sagot.

**“Bakit nangyayari ito?”** Ito ay umaalalay sa bata sa paglampas sa mga bagay-bagay na panlabas at pagsaliksik sa mga tagapagbigay-dahilan nito kaya nagsisimula siya pag-aanalisa at pagsasaliksik sa mga pagkakaugnay sa pagitan ng mga bagay.

**“Ano ang gagawin natin kung sakaling nangyari ang ganito?”** Ito ay umaalalay sa kanya sa pagpapanumbalik ng pag-iisip-isip at pagmamasid sa mga bagay-bagay mula sa nagkakaiba-ibang punto.

Nagiging sarisari ang mga tanong na maaaring ilahad sa bata, subalit kabilang sa pinakamahalaga sa mga pagtutukoy (specification) ng mga mahusay na tanong at siyang nagbibigay ng mga bunga nitong inaasahan sa edukasyong pandayalogo sa mga bata ay ang sumusunod:

1. Na ang tanong ay maiksi sa abot ng makakaya.
2. Na ito ay maliwanag at tinakdaan ng iisang ideya.
3. Na ito ay nababagay sa edad ng bata, panahon niya, lugar niya, at kalagayan niyang pinamumuhayan niya.
4. Na ito ay hindi isang tanong na nag-oobliga ng tama at mali, bagkus isang tanong na nagpapakilos sa isipan ng bata at nagpapalawak sa mga abot-tanaw niya sa paraang nagbibigay sa kanya ng puwang para sa pagguniguni sa sagot.



# Mga Istilo ng Pagsagot sa mga

## Tanong ng mga Bata



Nauna na ang pag-uusap tungkol sa mga tanong: sa mga uri nito at mga porma nito at iba pa. Dito ay mag-uusap tayo tungkol sa mga sagot kung saan marami ang mga istilo ng pagsagot sa mga tanong ng mga bata alinsunod sa panahon, lugar, at kalagayang inilahad ang mga ito. Kabilang sa pinakatanyag sa mga istilong ito ay ang sumusunod:



- 1. Ang pasalitang pagsagot na direktahan.** Ito ay kabilang sa pinakalaganap sa mga pagsagot kung saan naglalahad ang bata ng tanong at nagsasagawa ang mag-anak ng paghahain ng pasalitang pagsagot, at kadalasang ang pagsagot na ito ay mabilis at maiksi.
- 2. Ang pagsagot sa pamamagitan ng isang maliit na kuwento.** Ito ay isang paraang hindi direkta sa pagsagot sa mga tanong. Ang kuwento ay nababagay sa kalikasan ng nakalahad na tanong. Karaniwang naiibigan ng mga bata ang uring ito ng mga pagsagot at pinakikinggan nila ito nang may pagkahumaling.
- 3. Ang pagsagot na naisalalarawan.** Maaaring maglahad ang bata ng isang tanong na nangangailangan ang pagsagot ng paggamit ng ilan sa mga larawang nagpapaliwanag, tulad ng mga tanong pang-agham kung saan bumubuo ang mga larawan bilang pangunahing pinagkukunan ng kaalaman lalo na kapag ang mga ito ay kinulayan at nakapang-aakit.
- 4. Ang pagsagot sa pamamagitan ng pagbibigay-pansin.** Maaaring maglahad ang bata ng isang tanong na maaaring masagot sa paraang praktikal sa pamamagitan ng pagsasama sa bata sa lugar ng sagot para magbigay-pansin sa mga bagay-bagay sa tunay na buhay at maghulo sa sagot, gaya ng tanong ng bata tungkol sa mga hayop sa kapaligiran, kung papaanong namumuhay ang mga ito, kung papaanong kumakain ang mga ito, at kung papaanong nagdadamihan ang mga ito.




## Mga Pangkalahatang Panuto na nararapat Isaalang-alang sa Sandali ng Pagsagot



1. Magsigasig ka sa pagkumbinsi sa pamamagitan ng paggamit ng pamamaraan ng pakikipagtalakayan, tanong, pag-usisa, at hindi pagsandal sa istilo ng pagdidikta. Kapag natatapos tayo, nararapat matiyak ang pagkakumbinsi ng bata sa sagot na inihain sa paraang nakalulugod.
2. Maging tapat ka sa pagsagot mo at huwag kang magsinungaling sa anak mo sa pagsagot dahil sa pagtakas sa pagkaasiwa. Maging masigasig ka sa hindi pag-ayuda sa anak ng isang maling kaalaman anuman ang mangyari sapagkat ang katumpakan ng mga sagot at ang pagkatunay ng mga ito ay batayan ng tiwala sa iyo ng anak mo.
3. Magsigasig ka sa pagpapasimple ng pagsagot mo upang ito ay maging madali sa pag-intindi at umangkop sa isip ng nakababata. Lumayo ka sa kalabuan na gumugulo sa isipan ng bata. Magsigasig ka sa hindi pagbibigay sa bata ng mga impormasyong kulang dahil sa katwiran na ang bata ay maliit pa at hindi nakakakaya sa tumpak na pag-intindi dahil ang mga impormasyon ay naikikintal sa isipan ng bata.
4. Huwag mong tratuhin ang anak mo sa pagtuturing dito bilang tanga sapagkat siya ay nakakakaya sa pagtalos sa naiibigan mong iparating sa kanya, kung ginalingan mo ang istilo. Magsigasig ka sa pagsagot sa tanong nang direktahan nang walang paglihis dito upang hindi pumasok ang bata sa mga kaligawang labas sa nilalaman [ng tanong].
5. Huwag mong pagalitan ang anak mo, huwag mo siyang kutyain, huwag mo siyang bulyawan sa tanong niya maging anuman ito. Bagkus magparamdam ka sa kanya sa bawat sandali na ikaw ay nakahanda sa pagsagot sa lahat ng mga tanong niya. Tunay na ang pangungutya ay nagpaparamdam sa bata ng kaliitan at kawalan ng tiwala sa sarili at nagpapalayo sa kanya ng pagkaibig sa pagsisiyasat.
6. Huwag kang mabagabag sa mga pagtatanung-tanong ng bata hinggil sa Tagalikha at sa kawalan ng kakayahan nito sa pagsasakonsepto sa kairalan Niya at huwag kang tatakas-takas sa pagsagot sa bata dahil ito ay nauwi sa pagsasaliksik sa ibang mga pinagkukunan ng mga impormasyon na ibang lugar.

- 7.** Huwag kang mag-atubili sa paghiling na bigyan ka ng panahon para sa pagsasaliksik ng sagot sapagkat ang lumitaw ka sa anyo ng tagapagsaliksik ng kaalaman ay higit na mainam kaysa [lumitaw] sa anyo ng tagapag-angkin ng kaalaman na mangmang naman dito. Hindi kapintasan na magsabi ka sa anak mo: “Maghintay ka upang magsaliksik ako para sa iyo tungkol sa tumpak na sagot.”
- 8.** Tanggapin mo ang mga pagtatanung-tanong ng mga bata nang may pagpapahalaga, pakikinig sa kanila, at kawalan ng pagpapabaya sa mga pagtatanung-tanong na ito at o pagwawalang-bahala sa mga ito. Tunay na ang pagpapaloob sa bata, ang pagsaklaw sa kanya, at ang pagyakap sa kanya sa sikolohiya at tunay na buhay ay umaalalay nang madalas sa pagtanggap sa pagpapaliwanag sa mga bagay na nahihirapan siyang intindihin.
- 9.** Kung ikaw ay naging abala talaga, kailangan sa iyo na magpaintindi sa kanya nang may lumanay na ang oras na ito ay hindi nababagay sa iyo sa pagsagot sa mga tanong niya. Maging masigasig ka sa pagdadali-dali sa pagsagot sa sandali ng kawalan mo ng pinagkakaabalahan mo.
- 10.** Umiwas ka sa walang pangangailangan na pagpapaliwanag, pagpapahaba, at pagdedetalye sapagkat ang pagsagot sa mga tanong ng anim na taong gulang ay kinakailangan na ito ay maging higit na maikli kaysa sa pagsagot sa mga tanong ng sampung taong gulang. Gayon nga. Ito ay hinggil sa mga tanong na nangangailangan ang sagot ng puspusang pagliwanag, pinalawak na paglilinaw, at paghahain ng mga patunay at mga patotoo, gaya ng sa mga tanong tungkol sa mga nakalingid (ghaybīyāt) at mga nakaaasiwang tanong. Hinggil naman sa ilan sa mga tanong, ang pagsagot sa mga ito ay nalilimitahan at inihahain sa lahat ng mga edad ng mga bata.
- 11.** Mag-ugnay ka ng mga pagsagot sa mga tanong sa abot ng posibilidad sa mga bagay sa tunay na buhay, na natatalos ng bata. Lumayo ka sa mga bagay na basal (abstract) na mahihirapang maintindihan sa yugtong ito ng edad. Tangkain mong katigan ang mga pagsagot ng mga patunay na nagbibigay-diin sa mga impormasyon sa bata sa tuwing naging posible iyon sa paraang ang pagsagot ay lohikal.
- 12.** Ang pagkakaisa sa pagitan ng mga magulang sa paghahain ng mga impormasyon sa bata. Ibig sabhin: walang salungatan sa mga pananaw ng bawat isa mga magulang sa sandali ng paghaharap ng mga impormasyon sa bata.

- 13.** Ang hindi pagtugon sa mga pagtatanung-tanong ng bata ng isa pang tanong, gaya ng pagsagot ng ama sa isang tanong: “Ano ang tinutukoy mo?” Ito ay nagpaparamdam sa bata ng pagkabigo dahil siya ay hindi nakakakaya sa pagpaparating ng tanong sa ama dahil ang bata ay naniniwala na ang mga magulang ay kinakailangan na umintindi sa pananalita niya nang walang pagpapaliwanag o paglilinaw. Kapag nagnais ang isa sa mga magulang ng makatiyak sa pagkaintindi sa tanong ng anak niya, ang pinakamainam ay na gumamit siya ng isang pararilang positibo: “Ito ang tinutukoy mo.”
- 14.** Ang hindi pagsosolo ng mga magulang sa opinyon sa sandali ng pagsagot sa bata sa isang partikular na pagtatanung-tanong nito. Kaya kapag nakakuha ang bata ng impormasyon mula ibang pinagkukunan subalit sa paraang naiiba sa paraan ng mga magulang, sa kalagayang ito ay kinakailangan ang pagkumbinsi sa bata sa pamamagitan ng tumpak na pagsagot sa isang paraang madali at pinasimple, na magpapakamit sa kanya ng tiwala sa mga magulang at hindi ang kabaliktaran.
- 15.** Magsigasig ka na ang pagsagot ay maging nasa molde ng pakikipag-usap hindi pagsesermon. Damihan mo ang paglalahad ng mga paghahalintulad, ang pagkukuwento ka ng mga kuwento, paggamit ng mga pangkaalamang ensiklopedyang may mga larawan para sa pagpapaintindi ng kahulugan at pagpapaabot nito sa isipan ng bata. Gumamit ka ng mga pisikal na laro, teatro, pagguhit, pagninilay-nilay, pag-awit, brainstorming, mga laro ng pag-iisip-isip, mga kuwento, mga poster, mga pagsasalarawan, at iba pa sa mga ito sapagkat ang pagsasarisari ay nagtatayo at nagpapaunlad ng pag-iisip-isip niya at nagkikintal ng mga impormasyon.




16. Ang ilan sa mga tanong ay hindi nabibigyan ng sagot sa iisang sagutan, bagkus paunti-unti sa pagdadahan-dahan. Kaya kapag nag-usisa ang bata ng higit pa, dadagdagan ang mga pagsagot alinsunod sa edad niya, uri ng mga tanong niya, at naabot ng pagtalos niya.
17. Kapag lumalaki ang bata at siya ay nasa isang yugto ng medyo pagkahinog, tunay na minamabuti na hilingin muna natin ang opinyon niya hinggil sa itinatanong niya. Kaya ihahain natin sa kanya ang tanong niya upang makita natin kung papaano siya magbibigay ng reaksiyon dito. Mula sa reaksiyong ito maaari tayong magsimula sa pagsagot. Kailangan sa atin na magpigil sa pagtatangka sa pagsasanhi sa bata na mag-isip gaya ng mga pag-iisip natin dahil ito ay gagawa sa bata na malagay sa isang balangkas na hindi niya balangkas.

## Ang mga Kamaliang Pang- edukasyon sa Sandali ng Pagsagot



**Tunay na kabilang sa pinakamahalaga sa mga kamaliang pang-edukasyon na ginagawa natin sa mga anak natin ay ang sumusunod:**

- Ang kawalan ng pagsasaalang-alang sa mga nagkakaiba-ibang aspeto ng edukasyon sapagkat nariyan ang pampananampalatayang aspeto, nariyan ang pangkaasalang aspeto, at nariyan ang pang-agham na aspeto. Kabilang sa kamalian ang pagpokus sa isang aspeto at ang pag-iwan sa mga ibang aspeto o ang kawalan ng pagkabalanse sa pagitan ng mga ito. Gayon din ang kawalan ng pagdadahan-dahan sa Edukasyon, ang kadalasan ng pagkagalit at panunumbat, at ang pagtuon sa pagkukulang [ng bata]. Gayon din ang pagkaibig natin sa pagsuko sa pananalita natin nang walang pag-uusap. Gayon din ang kawalan ng pagsangguni sa mga dalubhasa at mga may karanasan, ang pagmamadali, at ang kahinaan ng pagsubaybay. Gayon din ang kalabuan sa sandali ng pagdudulot ng edukasyon at panuto, ang pagsalungat ng mga sinasabi natin sa mga ginagawa natin, at ang mga mensaheng negatibo. Ang lahat ng mga ito ay mga kamaliang nakaaapekto sa paghubog na pang-edukasyon at pampananampalataya sa sikolohiya ng bata.



**Mga Praktikal na  
Modelo ng Pagsagot  
Tungkol sa mga  
Pampananampalatayang  
Tanong ng mga Bata**



## Tunay

Tunay na ang mga pagsagot na nasasaad sa paksang ito ay nakatuon sa unang antas sa mga ama, mga ina, sinumang nakikitungo sa mga tanong ng mga bata tulad ng mga guro at mga kinauukulang edukador at mga repormador, at mga hinihilingan natin ng pag-aangkop sa nilalaman ng sagot ayon sa nababagay sa edad ng bata, antas nito, at kakayahan nito dahil tayo ay hindi nakakakaya na maglagay ng iisang pagsagot sa mga nagkakaiba-ibang antas ng bata sa edad, isip, at kakayahan. Dahil dito, **kaya ang minamahalaga sa atin ay ang diwa ng sagot at ang reyalidad nito hindi ang pagkaliteral ng mga salita.** Gayon din, ang pagkasarisari ng pakikipag-usap sa mga pagsagot, na nasa pagitan ng pakikipag-usap na direkta at hindi direkta, ay upang magawa natin na maghain ng pinakamalaking posibleng kantidad ng pagsasakonsepto para sa marangal na mambabasa, na dahil sa papel niya ay kukuha siya sa pinakadiwa ng mga pagsagot na ito at magbabagong-anyo siya rito sa paraang nakikita niyang higit na nababagay at higit na mainam para sa bata.

Para sa pagsagot ng mga tanong ng mga bata na nauugnay sa mga paksa ng pananampalataya, nararapat na magkaroon ang mga magulang ng pinakaminimum na edukasyong pang-sharī'ah na nagpapahintulot sa kanila na maglipat ng mga konseptong panrelihiyong pangunahin na maglilinaw sa mga anak nila ng mga bagay-bagay na pang-ghayb sa anyong nababagay sa mga isip nila at mga kakayahan nila. Ang hamon na kinakaharap ng mga edukador sa pangkalahatan ay hindi nalilimitahan sa pagkakaroon ng impormasyon lamang, bagkus sa pagkakaalagay nito sa hulmahang natatanggap ng isip ng bata at naiintindihan niya at sa isang pamamaraan ng paglalahad na nababagay sa panahon, lugar, at kalagayang pinamumuhayan niya.

Sa sumusunod ay may paglalahad ng mga modelo ng ilan sa mga tanong na nauulit-ulit sa mga bibig ng mga bata. Hindi ito ang kalahatan ng mga tanong. Ang mga ito lamang ay pinakamahalaga sa mga iyon at ang pinakamadalas sa mga iyon sa pagkaulit-ulit. Nagsigasig nga tayo sa pagpili ng pinakamainam sa mga sagot sa pananaw natin, na hindi natin inaangkin na ang mga ito ay mga modelong sagot. Ang mga ito ay mga modelo lamang para sa mga magulang upang maipangsimula nila at maipang-umpisa nila. Ang mga ito ay maisasailalim nang buong katiyakan sa pagtutumpak, pagsusog, pag-aalis, at pagdaragdag.

**Tawag-Pansin:**

Ang sinumang nagpapalagay na siya ay dumaranas ng kasiraan sa pagdudulot ng Edukasyon sa mga anak niya, magreresulta sa kanya ang mga masalimuot na tanong na iyon kaya siya ay nagkakamali sapagkat ang kalagayang ito sa ganang mga bata ay natural at isang lohikal na pagkakasunud-sunod sa pag-iisip ng bata at mga pangkaisipang kakayahan nito. Ang kapintasan kung nagkaroon man ay nasa kawalan ng kakayahan ng mga magulang sa pagkontrol sa paglago ng bata, sa pamumukadkad ng mga abot-tanaw ng isip nito, at sa pagsalubong nito sa mga bumubuo sa Sansinukob at Kairalan sa paligid nito. Alinsunod dito, nag-oobliga ito sa mga magulang at sa sinumang nakikitungo sa bata kahit papaano. Kaya ang pagsagot na nakakukumbinsi, sa isang bahagi, ay tutulong sa bata sa estabilidad sa bahaging sikolohikal, intelektuwal, at panlipunan, na salungat sa mga pagsagot na baluktot o maling reaksiyon na nakilalahok sa pagdagdag ng kalituhan at pagkalansag sa bata. Ang kalituhan at ang pagkalansag na ito ay magbubunga ng isang pagkabalabog sa pag-uugali at kasiraan sa pag-iisip-isip at pakikitungo.

Tunay na ang mga malaking suliranin ay hindi lumilitaw sa iisang hagupit. Ang apoy ay namumutawi sa minamaliit na mga tilamsik. Dahil dito, marami sa mga masamang katangian sa tao ay lumilitaw na isang maliit na punla na dinidilig ng pagpapabaya at pagpapaliban at inaalalayan ng pagwawalang-bahala sa pamamagitan ng tubig ng buhay hanggang sa lumago at yumabong para mag-ugat sa kaluluwa kaya hhirap mabunot ito at maglaho.

## Ang mga Tanong na Nauugnay sa

# Pananampalataya kay Allāh



Tunay na ang pinakamadalas sa mga tanong sa pag-ikot sa isipan ng bata sa isang maagang edad ay ang mga tanong na nakasalalay hinggil kay Allāh. Dito ay may paglalahad sa pinakamadalas sa mga tanong na ihinahain ng mga bata sa mga magulang nila.



### Sino si Allāh?

Sa pagsisimula, nararapat na hindi tayo maghintay sa bata hanggang sa magtanong ito sa atin tungkol kay Allāh. Bagkus magdadali-dali tayo sa pag-uusap tungkol kay Allāh palagi sa bawat okasyon. Tunay na ang tumpak na sagot sa tanong ng bata tungkol kay Allāh at sa mga katangian Niya ay magpupundasyon ng paniniwala sa Tawḥīd at Pananampalataya kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa isip at puso ng bata. Dahil doon, tunay na ang pinakaideyal na paraan ay na magsagawa ng pagbaling sa isipan ng bata mula sa pag-iisip-isip hinggil sa Sarili ni Allāh tungo sa pag-iisip sa mga grasya Niya at mga himala ng paglikha Niya na nagpapatunay sa Kanya gaya ng langit, mga ulap, mga bituin, araw, buwan, dagat, mga punung-kahoy, at iba pa. Ipagugunita sa bata ang kabutihang-loob ni Allāh sa kanya dahil sa paglikha sa kanya at paglikha sa mga bahagi ng katawan niya, mga mata niya, mga tainga niya, bibig niya, dila niya, mga kamay niya, mga paa niya, at buong katawan niya. Ipababatid sa kanya na ang langit na ito ay nilikha ni Allāh at ang lupang ito ay nilikha ni Allāh. Gayon nga hanggang sa masanay siya at mahirati siya sa mga salitang ito. Kapag nagtatanong siya sa atin kung sino si Allāh, sasagot tayo nang simple na si Allāh ay ang lumikha sa bawat anumang nasa paligid natin at bawat sinumang nasa paligid natin. Magbibigay tayo sa kanya ng maraming halimbawa roon.





Kapag naipatalos natin sa bata ang mga nilalang na panlangit at panlupa at hinawi natin para sa kanya ang tabing ng kahanga-hangang kaayusang ito at hinustong pagkakaayos, sasabihin natin sa kanya: “Nakita mo ba ang kaayusang ito? Tunay na ang tagapaglagay ng mga batas na ito at ang tagapagsaayos ng mga ito ay si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan).” Tunay na siya sa sandaling iyon ay magiging nakaramdam sa Panginoon niya ayon sa kaalaman at patunay. Ipababatid natin sa kanya na si Allāh ay ang lumikha ng bawat bagay at walang katulad sa Kanya na anuman. Siya ay ang Maawain, ang Palatustos, ang Mapagbigay. Mayroon Siyang mga pangalan at mga katangian, na ang lahat ng mga ito ay maganda at marikit. Dahil doon, Siya ay nagiging karapat-dapat sa pagsamba; tanging Siya: walang katambal sa Kanya. Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ay umiibig sa mga bata at nag-uutos sa mga nakatatanda na mag-alaga sa kanila, magpakinabang sa kanila, at magkaloob ng kabutihan sa kanila at sa mga tao sa kalahatan. Siya ay magtutuos sa atin sa mga magaling at masagwang gawa natin bilang gantimpala o bilang parusa. Siya ang gaganti sa tagagawa ng maganda dahil sa paggawa nito ng maganda at sa tagagawa ng masagwa dahil sa paggawa nito ng masagwa. Kabilang sa mapakikinabangan ang magturo sa mga bata ng maiikli sa detalyado kung saan naglalaman ng mga sagot tungkol sa sarili ni Allāh at mga katangian Niya sapagkat Siya ay si Allāh na **Hindi nagkaanak at hindi ipinanganak at hindi nagkaroon sa Kanya ng isang kapantay na isa man.**

Maaaring maglahad tayo sa bata ng isang tanong saka magsabi tayo: “Sino ang bumili para sa iyo ng mga magandang kasuutang ito?” Magsasabi naman siya: “Ang ama ko.” “Sino ang naghahatid sa iyo sa paaralan?” Magsasabi siya: “Ang ama ko.” “Kapag nagkakasakit ka, sino ang naghahatid sa iyo sa manggagamot?” Magsasabi siya: “Ang ama ko.” “Sino ang nagdadala sa inyo sa pamamasyal kapag bakasyon?” Magsasabi siya: “Ang ama ko.” “Samakatuwid ang ama mo ang nagtataguyod sa mga kapakanan mo sa kalahatan ng mga ito?” “Opo.” “Ganoon si Allāh; Siya ang nagtataguyod ng lahat. Si Allāh ay ang tagalikha ng bawat bagay. Ang bawat nakikita mo sa paligid mo ay ginawa ni Allāh: ang araw, ang buwan, ang mga ulap, ang mga dagat, at ang mga bundok. Nilikha Niya ang tao, ang mga hayop, at ang mga ibon. Nilikha Niya ang mga anghel at ang mga demonyo. Si Allāh ang Tagalikha ng Sansinukob sa kabuuan nito. Si Allāh ay Mapagbigay, Maawain, na nagtataguyod sa atin, nag-aalaga sa atin, umiibig sa atin, at nagdudulot sa atin ng kabutihan palagi.



### Ang anyo ni Allāh ba ay tulad ng tao?

Hindi; hindi Siya tulad natin. Si Allāh ay hindi katulad ng anuman. Siya ang lumikha sa akin, lumikha sa iyo, lumikha sa lahat ng mga tao, at lumikha sa mga punung-kahoy, mga ilog, mga dagat, at bawat bagay sa Mundong ito. Siya ay ang

pinanggagalingan ng lakas. Kapag nagnais Siya ng anuman ay nagsasabi ng mangyari kaya mangyayari. Tunay na si Allāh ay naiiba sa tao sapagkat ang tao ay hindi nakakakaya na lumikha ng isang tao subalit si Allāh ay nakakakaya niyon at nakakakaya na gumawa ng alinmang bagay na nananaisin Niya. Yayamang tunay na walang isang nakakakaya na makakita kay Allāh sa buhay sa Mundo, walang isang nakakakaya na maglarawan sa anyo Niya. Tayo ay hindi nakakakaya na tumingin kay Allāh sa buong kariligan Niya at liwanag Niya sapagkat ang mga kakayahan natin ay limitado. Pagkatapos hihilingin natin sa bata na pumunta [sa labas] at tumingin sa mga sinag ng araw nang hindi magpipikit ng mga mata niya at tatanungin natin: “Makakaya mo bang magpatuloy sa pagtingin sa araw?” Magsasabi siyang hindi. Kaya magsasabi tayo: “Ganyan si Allāh, mahal ko, ang liwanag na namumutawi kay Allāh ay hindi natin makakayang matiis subalit kapag nakapasok tayo sa Paraiso, makikita natin si Allāh ayon sa pahintulot Niya (pagkataas-taas Siya).

Maaaring tumutol ang bata rito at magpakita ng kawalan ng pagkakumbinsi habang nagsasabi: “Papaanong walang katulad sa Kanya?” Dito ay nararapat na kumbinsihin siya nang mahinahon kaya magsasabi tayo: “Tunay na ang mga isip natin gaano man lumaki at umintindi ay mananatiling mga isip na pantao na nalilimitahan: nakaalam ng niloloob ni Allāh na malaman ng mga ito at hindi nakaaalam ng iba pa. Kaya imposible na matutunan natin ang bawat bagay dahil tayo ay nananatiling mga tao.” Masasabi sa kanya: “Kung sakaling si Allāh ay isang taong tulad natin, talaga sanang nagkasakit Siya tulad natin, kumain at uminom tulad natin, at namatay na rin tulad ng mga taong namatay. Subalit si Allāh ay hindi nagkakasakit, hindi kumakain, hindi umiinom, at hindi namamatay. Siya ay umiiral palagi. Siya ay ang Tagalikha ng mga langit at lupa at bawat bagay sa Sansinukob na ito. Dahil doon, si Allāh ay hindi katulad ng anuman.” Maaaring magtanong tayo sa bata: “Makakaya kaya natin, tayong mga tao, na magsabi sa isang bagay na mangyari kaya mangyayari ito?” Magsasabi ang bata: “Hindi.” Sa pamamagitan niyon, mahuhulo natin kasama ng bata ng si Allāh ay hindi tao tulad natin; Siya lamang ay isang Tagalikhang Sukdulan.

Masasabi natin sa kanya: “Tunay na ang pandinig natin ay limitado sapagkat tayo ay hindi nakarinig maliban ng mula sa isang takdang distansiya. Kung sakaling nakaririnig tayo ng bawat bagay, talaga sanang napagod tayo. Ang paningin natin ay limitado sapagkat tayo ay hindi nakakikita maliban ng hanggang sa isang takdang distansiya. Tayo ay hindi nakakakaya na makakita ng nasa likuran ng pader, halimbawa. Kung paanong ang pandinig natin ay limitado at ang paningin natin ay limitado, gayon din, ang isip natin ay limitado sapagkat ito ay hindi nakatatalos ng bawat bagay.” Tunay na ang isip ng tao ay limitado, na hindi nakakakaya sa pagtalos sa bawat bagay. Magmula na nilikha ni Allāh (pagkataas-taas Siya) ang sangkatauhan hanggang sa araw nating ito, nanatiling

ang sakop ng di-nalalaman ay higit na malaki nang maraming ulit kaysa sa sakop ng nalalaman. Ang kaluluwa na natatagpuan sa katawan ng tao, halimbawa, sa kabila na ito ay malapit sa atin, gayon pa man, tayo ay hindi na magguniguni nito at umaalam sa reyalidad nito. Kaya kapag ganito sa isang bagay mula sa atin at nasa atin, papaano na sa anumang nasa labas buhat sa atin? Kaya ang tao ay hindi nakakakaya na tumalos sa sarili ni Allāh. Samakatuwid, tunay na ang pag-uusap tungkol sa anyo ni Allāh ay hindi nagiging sa pamamagitan ng pagsasakonsepto ni ng isip ni ng pagguniguni, bagkus nagiging sa pamamagitan ng Kapahayagan lamang. Nagbigay-katiyakan na ang Qur'ān sa usaping ito sa pamamagitan ng pagsabi niyon: **“Walang katulad sa Kanya na anuman, at Siya ay ang Madinigin, ang Nakakikita.”** (Qur'ān 42:11) Alinsunod doon, tunay na si Allāh ay hindi tulad natin at tulad ng anuman. Ito ay nagpapatunay sa kadakilaan ni Allāh na kinakailangan sa atin na umibig sa Kanya, umasa sa Kanya, at matakot sa Kanya. Ang kadakilaang ito ay lilitaw na ang pagkakita sa Kanya sa Paraiso ay ang pinakadakila sa Kaginhawahan sa Paraiso higit sa lahat.





## Sino ang lumikha kay Allāh?

Kung sakaling nagkaroon ng isang lumikha kay Allāh, talaga sanang nagtanong ka rin kung sino ang lumikha sa tagalikha, hindi ba? Samakatuwid, kailangang malaman natin na kabilang sa mga katangian ni Tagalikha na Siya ay hindi nilikha, at na Siya ay ang lumikha sa lahat ng mga nilikha. Kung sakaling Siya ay naging nilikha, talaga sanang hindi tayo sumamba sa Kanya at hindi tayo sumunod sa mga turo Niya at mga utos niya. Kaya ang tanong tungkol sa kung sino ang lumikha kay Allāh ay hindi tumpak. Ang mga tanong na hindi tumpak ay walang kahulugan. Kaya halimbawa, may nagtanong sa iyo kung ano ang haba ng ikaapat na gilid (side) ng tatsulok, walang katuturan para maghain ng sagot dahil ang tatsulok ay may tatlong gilid lamang. Ang anggulo ng kamalian sa tanong tungkol sa kung sino ang lumikha kay Allāh ay na ang pararilang “lumikha” at ang pararilang “kay Allāh” ay hindi naipagsasama dahil ang Diyos ay hindi nililikha at ang proseso ng pagkalikha ay nauukol lamang sa nilikha. Hindi maaari para sa isa man na magpairal kay Allāh – at kung hindi, talagang Siya ay naging isang nilikha na rin – sapagkat si Allāh ay umiiral na walang simula at walang wakas.

Kung sakaling ipagpalagay natin sa isang pagtatalo na may isang tagalikha kay Allāh (pagkataas-taas Siya), mananatili ang tanong mismo na nakalahad: Sino naman ang lumikha sa tagalikha ng tagalikha? Pagkatapos sino ang lumikha sa tagalikha ng tagalikha ng tagalikha? Ganyan magkakawing-kawing ito hanggang sa walang hanggan. Ito ay imposible. Para sa paghahalintulad, gawin natin bilang halimbawa ang sundalo at ang bala. Ang sundalo ay nagnanais na magpapatok ng baril subalit upang makapagpapatok ng baril, kinakailangan sa sundalo na humiling ng pahintulot sa sundalong nasa likuran niya. Ang sundalong ito naman upang makapagbigay ng pahintulot ay kinakailangan na humiling ng pahintulot mula sa sundalong nasa likuran niya. Ganito hanggang sa walang hanggan. Ang tanong: Makapagpapatok kaya ng baril ang sundalo? Ang sagot ay hindi dahil siya ay hindi aabot sa sundalong makapagbibigay sa kanya ng pahintulot sa pagpapatok ng baril. Samantala, kapag nagwakas ang kawing sa isang taong wala nang nasa itaas nito na isa man, talagang makapagbibigay ito ng pahintulot ng pagpapatok ng baril kaya maitutudla ang bala. Kung wala ang taong ito, gaano man dumami ang bilang ng mga tao ay hindi maitutudla ang bala sapagkat sila ay gaya ng mga sero. Kapag pinagtabi-tabing mo ang mga sero, gaano man karami ang mga ito at umabot pa sa hangganan ng walang hanggan, mananatili ang mga ito na hindi nakapapantay ng anuman maliban na inilagay ang numerong 1 o ang higit pa bago ng mga ito.

### **?** Mula saang nanggaling si Allāh? Ano ang edad Niya?

Hanggat ikaw ay nakaaalam, o mahal ko, na si Allāh ay hindi nilikha, na Siya, gayon din, ay hindi nagkaanak at hindi ipinanganak. Wala Siyang simula at walang wakas. Alinsunod dito, wala Siyang edad gaya ng kalagayan kaugnay sa atin na mga tao dahil Siya ay ang Tagalikha, ang Dakila, ang Walang-pangangailangan, ang Malaki, ang May Lakas, ang Matibay, ang Makapangyarihan, ang Maawain, na taglay Niya ang mga pangalang pinakamagaganda at ang mga katangiang pinakamatataas, taglay Niya ang mga katangian ng kalubusan at wala Siyang mga katangian ng kakulangan. Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay ang nagpairal sa Daigdig kung paanong nagpairal Siya sa lahat ng mga bagay at lahat ng mga nilikha.

### **?** Sino ang bago pa ni Allāh?

Ito ay gaya mismo ng tanong tungkol sa kung ang lumikha kay Allāh. Ito ay isang tanong na mali sapagkat si Allāh (pagkataas-taas Siya) ay ang Una kaya walang anuman bago Niya at Siya ay ang Huli kaya walang anuman matapos Niya. Nagsabi si Allāh: **“Siya ay ang Una at ang Huli, at ang Nakatataas at ang Nakalalalim. Siya sa bawat bagay ay Maalam.”** (Qur’ān 57:3) Tunay na ang panahon ay tulad ng lugar; hindi ito nakalilimita kay Allāh (pagkataas-taas Siya). Ang panahon ay hindi lumalampas na maging isang nilikha kabilang sa mga iba pang nilikha ni Allāh. Kaya hindi maaari para sa mga nilikha na maglimita ni sumaklaw sa Tagalikha sa mga ito (kaluwalhatian sa Kanya). Si Allāh ay nagtataglay ng lahat mga katangian ng kalubusan at karikitan. Nararapat na tumawag-pansin tayo rito sa pampropetang payo sapagkat naisalaysay nga ni Abū Hurayrah malugod si Allāh sa kanya) buhat sa Propeta na siya ay nagsabi: **“Pumupunta ang demonyo sa isa sa inyo saka nagsasabi ito: Sino ang lumikha ng ganito? Sino ang lumikha ng ganito? Hanggang sa magsabi ito: Sino ang lumikha sa Panginoon mo? Kapag umabot ito roon, magpakupkop siya kay Allāh at tumigil siya.”** (Al-Bukhārīy: 3276) Kaya ang pagpapakupkop kay Allāh at ang pagtutuon ng pag-iisip-isip ng bata sa ibang kaso ay sa paraang hindi direktahan upang hindi siya magpalawak sa mga pagtatanung-tanong. Ito rin ay kabilang sa mga mahalagang pagsagot dito. Ang paglilihis sa pag-iisip-isip tungkol doon ay hindi dahil sa kawalan ng maisasagot. Ito lamang ay para sa pagsasara ng mga durungawan ng sulsol [ng demonyo].

### **?** Si Allāh ba ay lalaki o babae?

Nararapat na magsikap tayo sa pagpapalayo ng isipan ng bata sa pag-iisip-isip nang madalas sa sarili ni Allāh at sa pagtutuon sa isipan niya sa pag-iisip-isip sa mga bagay-bagay na magdudulot sa kanya ng pakinabang at kabuluhan. Dito ay makabubuti sa akin na magpaliwanag sa bata na ang usapin ng pagkalalaki at

pagkababae ay kabilang sa mga kinakailangan ng pag-iiba sa pagitan ng mga pangkat at mga uri ng mga nilikhang buhay. Ang mga ito ay ipinagmagandang-loob ni Allāh sa mga nilikha Niya. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya): **“Na Siya ay lumikha sa magkapis, ang lalaki at ang babae,”** (Qur’ān 53:45) Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay lampas sa pag-uuring iyon. Bagkus may mga ibang nilikha rin na hindi umaabot sa mga ito ang pag-uuring ito gaya ng mga anghel, halimbawa. Bagkus pati ang langit, ang mga ulap, ang hangin, at ang tubig ay hindi nailalarawan na ang mga ito ay lalaki o babae. Kaya kung tumumpak na may mga nilikha na hindi nauukol sa mga ito ang pag-uuring ito, si Allāh sa isang banda ay higit na karapa-dapat: **“Walang katulad sa Kanya na anuman, at Siya ay ang Madinigin, ang Nakakikita.”** (Qur’ān 42:11)




### **Bakit sumasampalataya tayo sa kairalan ni Allāh? Ano ang pag-papatibay sa kairalan ni Allāh?**

Ang pananampalataya kay Allāh (pagkataas-taas Siya) ay isang kalikasang pantao, na hindi makakayang ikaila ng isa man. Ang mga patunay ng kairalan ni Allāh ay marami. Ang mga tao ay nakatutuklas pa rin ng mga patunay kasunod ng mga patunay, na bawat isa ay alinsunod sa espesyalisasyon nito at larangan nito. Ang mga patunay na likas sa kaluluwang tao ay nagpapatibay sa kairalan ni Allāh. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya): **“[Mamalagi sa] kalikasan ng pagkalalang ni Allāh na nilalang Niya ang mga tao ayon dito.”** (Qur’ān 30:30) Bawat isa sa atin ay nakatatagpo ng isang panloob na lakas sa sarili niya na kumakausap sa kanya tungkol sa kadakilaan ni Allāh, lakas Niya, at pag-aalaga Niya. Ang mga patunay na makaagham at pisikal ay nagbibigay-diin sa kairalan ng isang eksaktong sistema sa Sansinukob na ito. Ang eksaktong sistemang ay kailangang may isang tagagawa dahil [kung wala,] ang mga nilikhang ito ay sino ang nagpairal sa mga ito at nagtaguyod sa mga ito? Maaaring ang mga ito ay umiral na ganito nang sapalaran na walang kadahilanang nagmotibo ng gayon kaya ito sa sandaling iyon ay hindi nalalaman ng isa man kung papaanong umiral ang mga bagay na ito. Ito ay isang posibilidad. Mayroong isa pang posibilidad: na ang mga bagay na ito ay nagpairal sa mga sarili ng mga ito at nagtaguyod sa mga pumapatungkol sa mga ito. Mayroong ikatlong posibilidad: na may isang tagapagpairal na nagpairal sa mga ito at may isang tagalikha na lumikha sa mga ito. Sa pagtingin sa tatlong posibilidad, matatagpuan natin na nagiging imposible ang una at ang ikalawang posibilidad. Kaya kapag naging imposible ang una at ang ikalawa, kinailangan na ang ikatlo ay maging ang tumpak na maliwanag. Ito ang nasaad ang nasaad ang pagbanggit sa Marangal na Qur’an. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya): **“O nilikha ba sila mula sa hindi isang bagay o sila ay ang mga tagalikha? O lumikha ba sila ng mga langit at lupa? Bagkus hindi sila nakatitiyak.”** (Qur’an 52:35-36)

Kabilang sa mga pisikal na patunay rin sa kairalan ni Allāh ang pagtugon ni Allāh sa mga panalangin. Gayon din ang pagpapahusay na ito sa paglikha ng mga langit at lupa. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya): **“Tunay na sa pagkalikha sa mga langit at lupa at pagsasalit-salitan ng gabi at maghapon ay talagang may mga tanda ukol sa mga may isip,”** (Qur’ān 3:190) Ang pagpapahusay naman sa pagkakalikha sa tao ay ang sabi ni Allāh: **“at sa mga sarili ninyo. Kaya hindi ba kayo nakakikita?”** (Qur’ān 51:21) Gayon din sa pagkakalikha sa mga bituin, mga bundok, mga hayop, at mga iba pa, ang kabuuan ng mga ito ay nagpapatunay sa pagkamalikhain ng Tagagawa (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya). Tunay na ang mga tanda ni Allāh ay nakakalat sa mga abot-tanaw, mga sarili, at mga sarili. Ang kabuuan ng mga ito ay nagpapatunay sa kairalan ng Diyos, ang Tagalikha, ang Nag-iisa, ang Kaisa-isa. Ang kairalan ng lahat ng mga nilikhang ito ay kailangan ng layunin at tunguhin sa pagbuo sa mga ito. Ang mga ito sa kabuuan ng mga ito ay ang pagsamba kay Allāh lamang nang walang katambal. Maaaring magkuwento tayo para rito ng kuwento ni Abū Ḥanīfah (kaawaan siya ni Allāh) nang may mga taong humiling sa kanya na patunayan niya sa kanila ang Tawḥīd Ar-Rubūbīyah. Kaya nagsabi siya sa kanila: “Ano ang masasabi ninyo, bago tayo magsalita tungkol sa usaping ito, tungkol sa isang daong sa [ilog] Tigris na umaalis, saka napupuno ng pagkain, karga, at iba pa nang kusa, nanunumbalik nang kusa, saka nag-aangkla nang kusa, nagdidiskarga, at bumabalik. Lahat ng iyon ay walang isang nagsasagawa.” Kaya nagsabi sila: “Ito ay imposible. Hindi ito mangyayari kailanman.” Kaya nagsabi siya sa kanila: “Kapag ito ay naging imposible sa isang daong, magiging imposible na mangyari ang mahusay na pagkakalikhang ito nang walang tagalikhang nakakakaya na maalam.”

Maaari ring sabihin sa bata: “Kapag nakararamdam ka ng paghapdi ng tiyan mo, hindi ka ba nakapapansin na ikaw ay gutom at naghahanap ka ng pagkain nang kusa upang maitawid mo ang gutom mo? Kapag nakararamdam ka ng uhaw, hindi ka ba naghahanap ipinapampawi mo sa uhaw mo? Kapag nakaaaamoy ka ng isang mabangong amoy, hindi ka ba nakararamdam ng kaligayahan? Ang kabaliktaran naman kapag nakaaaamoy ka ng mabahong amoy? Kapag tumitingin ka sa mga rosas, mga bulaklak, langit, at kalikasan sa paligid natin, hindi ka nakararamdam ng kaligayahan at kagalakan? Gayon din, mahal ko, tayo ay nakararamdam nang kusa na tayo ay nangangailangan ng isang Diyos na Dakila na dudulugan natin palagi kapag nangangailangan tayo sa kanya upang makaramdam tayo ng katahimikan at katiwasayan. Kapag naman nakararamdam tayo ng paninikip at lungkot, tunay na tayo ay dumudulog nang kusa kay Allāh at dumadalangin sa Kanya. Kung sakali namang nakararamdam tayo ng kaligayahan, nagpupuri tayo sa Kanya dahil doon.”







### ? Si Allāh ba ay nakaririnig, nakakikita, at nagsasalita tulad natin?

Tunay na si Allāh ay nagsasalita, nakaririnig, at nakakikita. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya): **“Narinig nga ni Allāh ang sabi ng [babaing] nakikipagtalo sa iyo hinggil sa asawa niya”** (Qur’ān 58:1) Nagsabi pa Siya: **“Nagsabi Siya: Huwag kayong dalawang mangamba. Tunay na Ako ay kasama sa inyong dalawa; nakaririnig Ako at nakakikita Ako.”** (Qur’ān 20:46). Nagsabi pa Siya: **“tunay na Siya sa anumang ginagawa ninyo ay Nakakikita.”** (Qur’ān 11:112) Subalit hindi gaya ng pagsasalita natin ni gaya ng pagkarinig natin ni gaya ng pagkakita natin dahil si Allāh ay naiiba sa nilikha Niya sapagkat Siya ay nakaririnig ng mga tinig gaano nakubli at nakakita ng mga bagay gaano man nalayo. Tunay na si Allāh ay nakaririnig sa bawat bagay at nakakikita sa bawat bagay subalit ang pagkarinig Niya at ang pagkakita Niya ay hindi nakawawangis ng pagkarinig at pagkakita ng mga nilikha, na dumaranas ng kakulangan at kahinaan sapagkat si Allāh ay: **“Walang katulad sa Kanya na anuman, at Siya ay ang Madinigin, ang Nakakikita.”** (Qur’ān 42:11) Kabilang sa mahusay na gawain na iugnay ito sa isang direktang pag-uugali kung saan sasabihin: “Kapag laging si Allāh ay Nakaririnig, Nakakikita, naaangkop kaya sa atin na magsalita tayo ng hindi nagpapalugod sa Kanya at na makakita Siya sa atin sa isang kalagayang hindi Niya natatanggap?”

### ? Hindi ba nagugutom si Allāh at nauuhaw?

Si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ay nagtataglay ng mga katangian ng kalubusan at hindi nauugnay sa Kanya ang mga katangian ng kakulangan. Tunay na ang gutom at ang uhaw ay dalawang aspeto mula sa mga aspeto ng kahinaan. Hindi pinapayagan na mag-ugnay tayo ng kahinaan kay Allāh. Samakatuwid, tunay na si Allāh ay hindi nangangailangan ng pagkain at inumin dahil si Allāh ay ang Tagalikha ng bawat bagay. Hindi Siya nangangailangan ng alinmang bagay. Kung sakaling nangailangan siya ng isang bagay, talaga sanang hindi tumumpak na Siya ay maging Diyos. Si Allāh ay ang Dulugan na hindi kumakain, hindi nangangailangan ng pagkain o inumin sapagkat Siya ay Walang-pangangailangan doon sa kabuuan niyon. Siya rin ang inaasahan ng mga nilikha para tumustos sa kanila, magpakain sa kanila, at tumugon sa mga pangangailangan nila.

Maaari ring masabi sa bata na walang puwang sa paghahambing sa pagitan ng nilikha at Tagalikha. Hindi kinakailangan na ang bawat niyayari natin at iniimbento natin ay magkaroon ng mismong mga katangian natin at anyo natin, hindi ba? Si Allāh ay hindi nagugutom at hindi nauuhaw. Hayaan mong tanungin kita ng isang tanong: Sino ang gumawa ng bisikleta? Sasagot siya na iyon ay ang tagagawa ng mga bisikleta. Magaling! Halika, anak ko, magguniguni tayo

nang magkasama na ang bisikleta ay nagsasalita at tatanungin mo ang imbentor nito: “Ano ang kinakain mo? Ano ang iniinom mo? Kaya ano ang sasabihin mo sa kanya?” “Sasabihin ko sa kanya: Hindi ito pumapatungkol sa iyo? Ano ang mapakikinabangan mo kung nalaman mo? Ano ang maidadagdag ng tugon sa pangunahing misyon mo na tumakbo ka nang mabilis nang walang anumang mga pagtigil?” Magaling! Ganyan tayo anak ko. Si Allāh ay lumikha sa atin para sa isang limitadong misyon: **“Hindi Ako lumikha ng jinn at tao kundi upang sumamba sila sa Akin.”** (Qur’ān 51:56) Ang mga tanong na ito ay hindi magpapakinabang sa atin at hindi makaaalalay sa atin sa pagganap ng misyon natin na nilikha tayo para roon. Bagkus ang kabaliktaran: magbabaling ito sa mga isipan natin sa mga bagay na sisira sa atin sa mga misyon natin. Subalit kailan haharap ang bisikleta sa atin at magtatanong sa atin? Kapag dumanas ito ng isang pagkasira, tunay na haharap ito sa tagagawa nito para sa pagkumpuni ng sira, hindi ba? Dahil doon, tayo ay dumudulog kay Allāh sa panalangin kapag natagpuan natin ang mga sarili natin na nanlalamig sa pagsamba o kapag dinapuan tayo ng anumang pinsala.

### Gaano kalakas si Allāh?

Tunay na tayo, kapag nag-usap tungkol sa isang lakas o isang kakayahang limitado, ang kahulugan nito ay na tayo ay nag-uusap tungkol sa isang katangian ng kakulangan dahil ang wakas ng lakas ay nangangahulugan ng simula ng kahinaan at ang kahinaan ay hindi mangyayaring ukol kay Allāh. Samakatuwid, tunay na ang kakayahan ni Allāh ay walang-takda, hindi limitado. Walang nakapagpapawalang-kakayahan sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya) na anuman. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya): **“na si Allāh sa bawat bagay ay May-kakayahan”** (Qur’ān 2:106) Kapag nagnais Siya ng anumang ay magsasabi Siya para rito ng: “Mangyari kaya mangyari ito.” Si Allāh ay nakakakaya sa bawat bagay dahil Siya ay Tagalikha ng bawat bagay kaya walang nakapagpapawalang-kakayahan sa Kanya na anuman sa lupa ni sa langit. Ang kakayahang limitado ay ang kakayahan ng nilikha dahil ito ay kakayahang nilikha. Ang kakayahan naman ng Tagalikha ay walang hangganan at walang kakulangan. Dahil doon, laging si Allāh lamang ang karapat-dapat sa pagsamba, paghiling, at pagdalangin dahil Siya lamang ang nakakakaya sa pagtugon sa mga pangangailangan ng nilikha, sa pagtustos sa kanila, sa pagsasakatuparan sa mga nais nila, at sa pangangasiwa sa mga pumapatungkol sa kanila.

### Nasaan si Allāh? At ano ang sukat Niya?

Matapos na maintindihan ng bata nang maaga na si Allāh ay ang lumikha sa kanya at na si Allāh ay labis na umiibig sa mga bata at nagbigay sa kanya ng marami sa mga biyaya, maaari na sa sandaling iyon na magpaliwanag tayo sa

kanya na si Allāh ay umiiral sa langit. Nagsabi si Allāh: **“Natiwasay ba kayo sa Kanya na nasa langit”** (Qur’ān 67:16) Kaya Siya (pagkataas-taas Siya) ay nasa langit samantalang ang kaalaman naman Niya ay nasa bawat lugar. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya): **“Siya ay kasama sa inyo nasaan man kayo.”** (Qur’ān 57:4) Hindi nararapat para sa atin na magsabi tayo na si Allāh ay nasa bawat lugar dahil iyon ay nangangahulugan na Siya ay umiiral sa loob ng bawat bagay. Ito ay hindi tumpak. Tunay na tayo ay mga noobliga sa nasaad sa Sunnah sapagkat nagtanong nga ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) sa isang babae: **“Nasaan si Allāh?”** Nagsabi naman ito: **“Sa langit.”** Nagsabi pa siya: **“Sino ako?”** Nagsabi ito: **“Ang Sugo ni Allāh.”** Nagsabi siya [sa amo nito]: **“Palayain mo siya sapagkat tunay na siya ay mananampalataya.”** (Muslim: 537) Bagamat si Allāh ay nasa langit, Siya naman ay nakakakaya na makakita sa atin at makarinig sa atin sa bawat lugar. Ang patuloy na pagbibigay-diin sa bata na si Allāh ay nakababatid sa kanya palagi ay nagpapalago sa kaluluwa ng bata ng panloob na pagpipigil at gumagawa sa kamalayan [kay Allāh] na pansarili ang pinagmumulan. Hinggil naman sa sukat ni Allāh, hindi Siya (pagkataas-taas Siya) maihahambing sa alinmang bagay kabilang sa nilikha Niya. Si Allāh ay higit na malaki kaysa sa bawat bagay, higit na malaki kaysa sa lahat ng mga nilikha sapagkat kapag ang mga ito ay naging sukdulan, tunay na ang Tagalikha ng mga ito ay higit na sukdulan. Siya ang dumudurog ng mga bundok, nagpapagalaw ng mga dagat, at nag-uutos sa tubig na lumubog sa lupa. Walang nangyayari sa Sansinukob na anuman malibang ayon sa utos Niya (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) at pagnanais Niya. Tunay na ang Tagalikha ay hindi nangangailangan sa nilikha. Ang langit ay isang nilikha kabilang sa mga nilikha ni Allāh ngunit ang kairalan ni Allāh ay hindi nakasalalay sa langit at hindi Siya nangangailangan nito dahil Siya ay ang Walang-pangangailangan sa bawat bagay.



### **Papaanong nakikita tayo ni Allāh samantalang tayo ay hindi nakakikita sa Kanya?**

Tunay na ang pandamdang ng paningin na ipinagkaloob ni Allāh sa nilikha sa Mundo ay mahina; hindi maaari rito na makita ang higit na marami sa mga bagay. Dahil dito, nakikita mo ang tao na gumagamit ng mga mikroskopyo at mga magnifier. Kapag nawalang-kakayahan ang tao na makakita ng mga bagay na nilikha, tunay na siya ay lalong higit na walang-kakayahan sa pagkakita kay Allāh (pagkataas-taas Siya). Tunay na ang kakayahan ng tao sa Mundo ay hindi makasasaklolo sa kanya sa pagkakita kay Allāh. Tayo ay hindi maaaring makakita kay Allāh subalit tayo ay sumasampalataya sa Kanya at sumasampalataya na Siya ay Maaawain na umiibig sa atin. Si Allāh ay Malakas at Nakakakaya sa bawat bagay at nakaaalam sa bawat bagay. Siya ay nakaaalam na tayo ay nag-uusap tungkol sa Kanya ngayon. Tunay na si Allāh ay higit na mataas kaysa sa atin nang labis. Dahil doon, Siya ay nakakikita sa atin sa kabuuan natin sa

iisang sandali, tulad ng umakyat sa bubong ng gusali kaya siya ay nakakikita sa lahat ng mga tao sa kalye samantalang sila ay hindi nakakikita sa kanya. Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay nakakikita sa atin samantalang tayo ay hindi nakakikita sa Kanya. Tunay na may maraming bagay na hindi natin nakakaya na makita ngunit ang mga ito ay umiiral. Masasabi natin sa bata: “Tunay na ang mga mata natin ay hindi maaaring makakita sa bawat bagay. Tayo ay hindi nakakikita sa tinig gayong tayo ay nakaririnig niyon. Tayo ay hindi nakakikita sa hangin gayong tayo ay nakadarama niyon. Ang mga mata natin ay hindi maaaring makakita kay Allāh (pagkataas-taas Siya) sa Mundo, subalit sa Paraiso – kung niloob ni Allāh – ay magkakaroon tayo ng mga mata na higit na mahusay na magbibigay-kakayahan na makakita kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya). Dahil doon, si Allāh ay: **Hindi nakaaabot sa Kanya ang mga paningin samantalang Siya ay nakaaabot sa mga paningin. Siya ay ang Mapagtalos, ang Mapagbatid.** (Qur’an 6:103)”



### Papaanong nakikita ni Allāh ang lahat ng mga tayo samantalang sila ay marami?

Upang masagot natin ang tanong na ito nang praktikal, kukuha tayo ng bata at titindig tayo kasama niya sa kalye. Magsasabi tayo sa kanya: “Sige tumingin ka sa mga tao at magpabatid ka sa amin ng bilang ng nakikita mo. Bibilangin namin kasama mo ang mga taong makikita mo.” Matapos niyon ay papanik tayo kasama ng bata sa ikalawang palapag at gagawin nating mapanood niya ang mga tao at mabilang ang mga makikita niya. Pagkatapos papanik tayo kasama niya sa pinakamataas na gusali at gagawin nating mabilang niya ang sinumang nakikita niya. Pagkatapos dadalhan natin siya ng isang teleskopyo upang magawa nating makita niya ang mga tao sa isang higit na mainam na anyo at mabilang niya sila sa isang higit na eksaktong anyo. Sa pamamagitan ng paghahalimbawang ito, maipaliliwanag natin sa kanya na tayo ay hindi makakakaya sa pagsukat ng mga bagay-bagay sa pamamagitan ng mga limitadong pantaong panukat natin, malililaw natin sa kanya na ang kakayahan ni Allāh ay higit na malaki at higit na sukdulan kaysa sa kakayahan ng lahat ng mga nilikha, at maikikintal natin sa isip niya palagi: “**na si Allāh sa bawat bagay ay May-kakayahan?**” (Qur’ān 2:106)

Maaari tayong magtanong sa bata ng isang konkretong tanong, kaya masasabi natin: “Naniniwala ka ba na ang langgam ay nakakikita sa atin sa buong mga detalye natin o na ito ay nakakikita ng payak na imahinasyon o anino?” Sasagot siya na ang langgam ay hindi nakakakaya maliban ng pagkakita sa isang lubhang maliit na bahagi mula sa daliri ng paa at maaaring maituturing ang daliri na isang malaking bundok kaugnay sa langgam. Mahusay! Sa tingin mo kaya ang langgam ay maaaring magtanong sa iyo at magsabi: “Papaanong nakikita mo kaming lahat sa iisang sandali?” Ang magiging tugon mo ay na ito ay natural

sapagkat ito ay nababagay sa mga kakayahan mo na nilikha ka ni Allāh ayon doon. Ang langgam ay may mga kakayahang limitado. Maaaring may mga bahay ng mga langgam sa higit sa isang lugar sa kuwarto at naging lubhang madali para sa iyo na makita ang mga lugar na ito sa mismong sandali. Subalit ang langgam, dahil sa mga limitadong kakayahan nito, maaaring hindi makaya na makita ang tulad ng nakikita mo mismo. Yayamang tayo ay nagkaisa na si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) ay hindi katulad ng anuman at na Siya ay nakakakaya sa bawat bagay, hindi nababagay na magtanong tayo kay Allāh, dahil sa mga limitadong kakayahan natin, ng isang bagay na kaugnay sa Kanya ay isang natural na bagay sapagkat ang kakayahan ni Allāh ay higit na malaki at higit na sukdulan kaysa sa kakayahan ng lahat ng mga nilikha dahil **“si Allāh sa bawat bagay ay May-kakayahan?”** (Qur’ān 2:106)

**? Nakikita ba ni Allāh (pagkataas-taas Siya) ang mga tao sa dilim?**

Maaari nating gawin ang bata na manood ng isang palabas mula isa mga film na nagtatanghal ng special forces na nakakita sa pamamagitan ng night vision telescope. Magtatanghal tayo sa bata ng mga palabas ng ilan sa mga hayop at mga ibon na nakikita sa dilim. Gayon din, sa ilan sa mga film na pinanonood ng bata at mga larong nilalaro niya, ang ilan sa mga sinag, gaya ng laser halimbawa, ay nagpapalinaw sa nasa likuran ng mga bagay at nagbibigay-kakayahan sa atin na makakita ng mga bagay sa dilim. Masasabi natin matapos niyon: “Nakita mo ba kung papaanong ang mahinang tao at ang simpleng hayop ay maaaring makakita sa dilim paminsan-minsan? Kaya ano ang tingin mo sa Panginoon natin na lumikha sa tao at sa lahat ng mga nilikhang ito?” Kapag si Allāh ay nagbigay nga sa atin ng kakayahan sa pag-imbento sa mga bagay na ito, hindi ba Siya nakakakaya – samantalang Siya ang Nakakakaya, ang Tagapagsubaybay – na gumawa niyon sapagkat Siya ay pinakadakila at pinakanakakakaya? Ang kakayahan ni Allāh ay hindi natatabingang ng isang tagapigil at hindi nalilimitahan ng isa man.



**Papaanong nakikita tayo ni Allāh (pagkataas-taas Siya) samantalang tayo ay nasa bahay natin at ang mga pintuan at ang mga bintana ay nakasara?**

Makapaglalahad tayo sa bata ng isang larawan ng X-Ray. Magsasabi tayo sa kanya na ang tao na nilikha ni Allāh (pagkataas-taas Siya) ay nakakaya na makita ang buto, habang ito ay nakapinid nang maigi sa kanya, sa pamamagitan ng X-Ray. Kaya ano ang tingin mo sa Panginoon natin na lumikha sa tao sapagkat Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ay tiyakang nakakikita sa atin habang tayo ay nasa mga bahay natin habang ang lahat ng mga pintuan ay nakasara sa atin? Tunay na si Allāh ay hindi katulad ng anuman sapagkat Siya ay hindi gaya ng tao na natatabingan ng gusali sa pagkakita. Hindi maaaring ang Tagalikha ay maging gaya ng nilikha dahil si Allāh sa bawat bagay ay May-kakayahan (kaluwalhatian sa Kanya). Nababagay na iugnay ang sagot na ito sa pag-uugali ng bata para mapalakas natin ang aspeto ng kamalayan at ang panloob na panlasang panrelihiyon sa ganang mga bata.





### Papaano Siyang nakaaalam sa lahat ng mga gawain natin? Papaano Siya nakakakaya na magmasid sa mga tao sa kalahatan?

Nararapat na matutunan ng bata palagi na si Allāh ay nagtataglay ng lahat ng mga katangian ng karikitan at kalubusan. Nararapat na malaman niya na ang kakayahan ni Allāh (pagkataas-taas Siya) ay walang mga hangganan sapagkat Siya ang May-kakayahan at ang Nakakakaya. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya): “**na si Allāh sa bawat bagay ay May-kakayahan?**” (Qur’ān 2:106) Nanatiling ang kakayahan Niya ay sukdulan, kaya walang nakapagpapawalang-kakayahan sa Kanya na anuman sa Lupa ni sa Langit. Hindi maaari sa atin na sumukat sa kakayahan niya sa pamamagitan ng kakayahan ng mga nilikha sapagkat gaano man naging sukdulan ang kakayahan ng mga nilikha, si Allāh ay higit na sukdulan kaysa sa mga iyon at higit na malaki. Para sa paghahalintulad, maaaring maglahad tayo sa kanya ng isang paghahalintulad sa pamamagitan ng pagrerekord ng kamera yayamang ito ay nakakakaya na magrekord at magmasid sa bawat maliit at malaking nagaganap sa larangan ng lente nito. Si Allāh ay higit na sukdulan sa kakayahan at sa Kanya ang katangiang pinakamataas sapagkat Siya ay nakakakaya na magmasid sa lahat ng mga tao sa mismong sandali dahil ang kakayahan Niya ay hindi limitado. Si Allāh (pagkataas-taas Siya) ay nakaaalam at ang kaalaman Niya masaklaw, lubos, pumapaligid sa bawat bagay.

Maaaring maglahad tayo sa kanya ng isang paghahalintulad para sabihin natin: “Ipagpalagay natin na mayroong isang malaking kompanyang nagnanais na magmasid sa mga empleyado nito kaya naglagay ito para sa kanila – nang hindi nila nalalaman – ng mga kamera ng pagmamasid. Nagsimula ang mga ito sa pagmamasid sa kanila – habang sila ay hindi nakaaalam – sa pamamagitan ng mga monitor na naghahayag ng bawat nangyayari sa lahat ng mga bahagi ng kompanya sa iisang sandali. Kaya kapag ang taong mahina na nilikha ni Allāh ay nakakaya na gumawa niyon, hindi ba nakakaya ng Tagalikha ng tao na makakita sa mga tao sa kalahatan sa mismong sandali?”



### Bakit namamatay ang tao hindi namamatay si Allāh?

Tunay na ang kamatayan ay kabilang sa mga pagtatakda ni Allāh na itinakda Niya sa mga nilikha Niya. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya): “**Bawat kaluluwa ay lalapas ng kamatayan. Pagkatapos tungo sa Amin pabalikin kayo.**” (Qur’ān 29:57) Kaya ang kamatayan ng tao ay isang simula para sa buhay na pangkabilang-buhay. Iyon ang pinakamahalagang buhay.

Tunay na ang kamatayan ay isang paghahayag ng kahinaang nakakapit kabilang sa mga nakakapit sa nilikhang buhay. Ang kahinaan ay hindi nangyayaring ukol kay Allāh sapagkat si Allāh ay hindi nilikha at hindi mamamatay samantalang ang tao ay

nilikha at mamamatay. Tunay na ang buhay ni Allāh (pagkataas-taas Siya) ay hindi gaya ng buhay natin sapagkat ang buhay natin ay magwawakas sa kamatayan. Bawat nilikha ay mamamatay. Walang matitira kundi si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan). Tunay na ang ganap na buhay ni Allāh ay nag-oobliga ng lahat ng mga katangian ng kalubusan. Kabilang sa pinakamahalaga sa mga ito ay ang katangian ng buhay na hindi namamatay.



### Iniibig ba ako ni Allāh kung paanong iniibig ko Siya?

Si Allāh (pagkataas-taas Siya) ay Mapagpatawad na Maawain, na umiibig sa mga mabuting matutuwid na tapat. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya): “**umiibig Siya sa kanila at umiibig sila sa Kanya**” (Qur’ān 5:54) Ang mga paghahayag ng pag-ibig ni Allāh sa mga lingkod Niya ay na Siya ay nagpaparangal sa kanila, nag-aalaga sa kanila, nangangasiwa ang mga pumapatungkol sa kanila, tumutustos sa kanila, at nagpapatawad sa kanila. Bawat isa sa atin ay nakadarama ng kabaitan ni Allāh sa tao at pagpaparangal Niya rito. Si Allāh ay umiibig sa lingkod Niya na tumatalima sa Kanya, nagpapakalapit sa Kanya, at nagsasagawa ng mga kadahilanang nagbubunsod ng pag-ibig Niya gaya ng pangangalaga sa mga dasal, pagpapakabuti sa mga magulang, pagkakawanggawa, paggawa ng maganda sa mga tao, katapatan, pagbabasa ng Qur’ān, pangangalaga sa mga dhikr, at iba pa sa mga ito na mga gawaing maayos. Ang sinumang gumagawa ng mga bagay na ito ay iibigin ni Allāh.





## Ang mga Tanong na Nauugnay sa mga Anghel



### ? Sino ang mga anghel? Ano ang anyo nila?

Sila ay nilikha kabilang sa mga nilikha ni Allāh, na nilikha mula sa isang liwanag. Nilikha sila ni Allāh bago ng tao. Mayroon silang pagnanais, isip, at mga pakpak. Ang mga larawan ng pagkakalikha sa kanila ay marikit. Taglay nila ang kakayahan ng tumulad sa anyo ng tao. Hindi sila kumakain at hindi sila umiinom. Sila ay mga lingkod ni Allāh, na gumagawa ng ipinag-uutos sa kanila. Sila ay may mga antas ng kalamangan. Ang pinakamataas sa kanila ay si Anghel Gabriel (Jibrīl) (sumakanya ang pagbati ng kapayapaan). Siya ang nakatalaga sa pagpapaabot ng kasi sa mga sugo (sumakanila ang pagbati ng kapayapaan). Nariyan sina Anghel Miguel (Mīkā'il), Anghel Isrāfīl, at iba pa sa kanila. Kabilang sa kanila ang mga tagapag-ingat. Sila ang mga nakatalaga sa pag-iingat sa mga tao sa bawat sandali. Mayroong lubhang malaking bilang nila. Bawat anghel ay may katungkulan natatangi sa kanya, na kinakailangan sa kanya na ipatupad.

### ? Ano ang mga pangalan ng mga anghel?

Tunay na ang mga anghel ay may maraming bilang, na walang nakapag-iisa-isa sa kanila kundi si Allāh (mapagpala Siya at pagkataas-taas). Kabilang sa mga pangalan nila [sa wikang Arabe] ay Jibrīl, Mīkā'il, Isrāfīl, Ridwān, at Mālik (sumakanila ang basbas at ang pagbati ng kapayapaan). Nariyan ang mga tagapasan ng Trono, ang mga tagaingat ng nag-iingat sa mga gawain, at ang iba sa kanila.

### ? Bakit sila nilikha ni Allāh?

Nilikha ni Allāh ang mga anghel para sa paggawa ng kabutihan sapagkat sila ay mabuting walang-takda: hindi sila gumagawa ng kasamaan at hindi nila nalalaman ito. Ang mga anghel sa orihinal na kalagayan ay nasa langit, ngunit ang pagbaba ng tao sa lupa ay nag-obliga ng pagbaba ng mga anghel dito para magsagawa ng mga katungkulang natatangi na ipinag-utos sa kanila ni Allāh gaya ng pag-iingat, pangangalaga, pagmamasid, pagpapaabot, pag-aadya, paghingi ng tawad, pagdalo sa mga pagtitipon ng dhikr, at iba pa sa mga ito na mga katungkulan. Maaaring masabi sa bata na ang mga anghel may dalawang pangunahing katungkulan: ang pagsamba kay Allāh (pagkataas-taas Siya) at ang pagsasagawa ng pangangasiwa sa mga pumapatungkol sa Sansinukob.

## Bakit hindi natin nakikita ang mga anghel?

Ang mga tao ay walang taglay na kakayahan sa pagkakita sa mga anghel sa anyo ng mga ito na nilikha sa kanila. Dahil doon, tumutulad ang mga anghel sa anyo ng mga tao upang makaya ng mga tao na makita sila at makitungo sa kanila gaya ng nangyari sa pagtulad ni Anghel Gabriel (sumakanya ang pagbati ng kapayapaan) sa anyo ng isang Arabeng disyerto gaya ng nasa ḥadīth ng pagtuturo ng mga naukol sa Relihiyong Islām.

## Sino ang mga jinn?

Sila ay nilikha kabilang sa mga nilikha ni Allāh, na nilikha mula sa isang apoy. Sila ay mga inatangan ng pagsunod sa mga ipinag-uutos at pag-iwan sa mga sinasaway. Sila ay mga nilikhang namamatay tulad ng nalalabi sa mga nilikha. Hindi natin nakakakayang makita sila at hindi tayo nagmamay-ari ng kakayahan para roon. Lumikha si Allāh para sa kanila ng mga kakayahang naiiba sa mga kakayahan ng tao sapagkat maaari sa kanila ang lumipad, ang bilis ng paglipat, at ang kakayahan sa pag-aanyo. Naiiba ang pagkakalikha ng jinn sa tao dahil ang tao ay nilikha mula sa putik samantalang ang jinn ay nilikha mula sa apoy.

## Sino ang higit na malakas, ang mga anghel o ang mga jinn?

Tunay na ang mga anghel ay nagpapatuloy ang pagkakalikha sa kanila, na hindi namamatay maliban sa Araw ng Pag-ihip sa Tambuli. Hinggil naman sa jinn, tunay na sila ay namamatay bago niyon. Yayamang sila ay gayon, tunay na ang Anghel ng Kamatayan ay ang kumukuha sa mga kaluluwa ayon sa utos ni Allāh (pagkataas-taas Siya) kapag nagtadhana Siya ng pagbawi sa kanila: **“Si Allāh ay kumukuha sa mga kaluluwa sa sandali ng kamatayan ng mga ito”** (Qur’ān 39:42) Dahil doon, ang mga anghel ay higit na malakas sa isang banda, bagkus pati na sa buhay pangmundo sapagkat ang mga demonyo ay nangangamba sa mga anghel gaya ng sa Paglusob sa Badr noong nakita ng demonyo ang mga anghel na ipinadala ni Allāh para sa pag-aadya sa mga mananampalataya. Nagsabi ang demonyo sa mga tagatangging sumampalataya: **“Tunay na ako ay walang-kaugnayan sa inyo. Tunay na ako ay nakikita ng hindi ninyo nakikita. Tunay na ako ay nangangamba kay Allāh. Si Allāh ay matindi ang parusa.”** (Qur’ān 8:48)

## Namamatay ba ang mga anghel?

Oo; ang mga anghel ay nilikha kabilang sa mga nilikha ni Allāh. Bawat bagay ay masasawi at mamamatay maliban si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) sapagkat Siya ang Buhay, ang Mapagpanatili. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya): **“Bawat bagay ay masasawi maliban sa mukha Niya.”** (Qur’ān 28:88) Kaya ang lahat ng mga naninirahan sa lupa ay mamamatay at gayon din ang mga naninirahan sa mga langit maliban sa sinumang niloob ni Allāh. Walang matitirang isa man maliban kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) sapagkat Siya ang Buhay na hindi namamatay magpakailanman.

## Ang mga Tanong na Nauugnay sa mga Kasulatan

### ? Ano ang mga Makalangit na Kasulatan?

Ang mga ito ay ang mga kasulatan na pinababa ni Allāh sa mga sugo Niya (sumakanila ang basbas at ang pagbati ng kapayapaan) upang magsagawa sila ng pagpapaabot ng mensahe at pagpapahatol sa mga batas. Ang mga ito ay kapatnubayan para sa nilikha at awa sa kanila upang lumigaya sila sa Mundo at Kabilang-buhay. Ang umabot sa atin mula sa mga ito ay na si Allāh ay nagpababa kay Abraham (sumakanya ang pagbati ng kapayapaan) ng mga kalatas, kay David (sumakanya ang pagbati ng kapayapaan) ng Salmo, kay Moises (sumakanya ang pagbati ng kapayapaan) ng Torah, kay Jesus (sumakanya ang pagbati ng kapayapaan) ng Ebanghelyo, at sa Propeta nating si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ng Qur'ān.



### ? Bakit kinakailangan natin ang Qur'ān? Bakit ang Qur'ān ay naging himalang walang-hanggan?

Kapag ang simpleng kagamitan, na niyari ng tao, ay nangangailangan ng isang libretong pampatnubay na nagtuturo sa atin kung papaano natin gagamitin ito ng pinakaideyal na paggamit, ang tao – na kabilang sa ginawa ni Allāh – ay lalong karapat-dapat na nangangailangan ng isang kasulatan ng kapatnubayan at paggabay na magtuturo sa kanya ng daan ng tagumpay, pagtamo, at kaayusan sa Mundo at Kabilang-buhay. Nagsabi Siya (pagkataas-taas Siya): **“Hindi ba nakaaalam ang lumikha samantalang Siya ay ang Mapagtalos, ang Mapagbatid?”** (Qur'ān 67:14) Ang pagiging himala ng Qur'ān dahil si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay ang Pangwakas sa mga Propeta at alinsunod dito, kailangan na magpatuloy ang himala niya at maging walang-hanggan dahil walang propeta matapos niya. Kaya kinakailangan na manatiling umiiral ang katwiran sa nilikha at kinakailangan na magpatuloy ang hamon hanggang sa pagsapit ng Huling Sandali. Ang mga patunay ng pagkahimala ng Qur'ān ay lubhang marami. Ang pinakamahalaga sa mga ito ay

ang himalang pangwika at panretorika. Ito ang ipinanghamon ni Allāh sa mga Arabe na mga tagapanguna sa paghahayag at mga matatas ang dila. Nawalang-kakayahan ang tao at ang jinn na maglahad ng tulad sa Dakilang Qur'an na ito. Sa ganito ay may katunayan sa Makapanginoong Pagkapinagmulan ng Qur'an.



### **Bakit hindi nagtaguyod si Allāh sa pag-iingat ng mga naunang kasulatan?**

Tunay na si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ay gumagawa ng niloob niya. Mayroon Siyang mga kasanhiang nalalaman natin ang ilan sa mga ito at hindi natin nalalaman ang iba pa. Subalit ang mga patunay na maliwanag ay naglililaw na ang mga naunang kasulatan ay hindi naging himala. Alinsunod dito, tunay na ang pagpapatuloy ng mga ito ay hindi hinihiling, kung paanong ang mga ito ay mga batas na pansamantala para sa mga takdang tao.



### **Ano ang mga patunay na nagpapatibay na ang Qur'ān walang ipinagbagong anuman?**

Ang tulad sa tanong na ito ay karaniwang hindi inilalahad maliban ng isang nasa elementarya o matapos niyon. Dahil doon, nararapat na magpaliwanag tayo sa kanya nang may hinahon at paglilimi mula sa puntong pangkaisipan na nagpapatibay sa katumpakan ng Qur'ān. Kaya masasabi natin sa kanya: “Tunay na ang mga bagay, kapag naulit-ulit ay napagtitibay, at kapag lumaganap ay nabibigyang-diin.” Ang Qur'ān ay kabilang sa nailipat sa atin na mutawātir. Ipaliliwanag natin sa kanya ang kahulugan ng pagkamutawātir. Ito ay paglilipat sa ng isang pangkat buhat sa isang pangkat, na naging imposible ang pagsasabwatan nila sa pagsisinungaling. Nalalaman iyon ng pili at madla. Ang mga Muslim ay nagmanahan sa paglilipat nito sa isang salinlahi buhat sa isang salinlahi, na nag-aaralan nito sa mga umpukan nila, bumibigkas nito sa mga dasal nila, at nagtuturo nito sa mga anak nila. Kahit ipagpalagay na ang gurong pinagpipitagan na may pakundangan, kung sakaling nagkamali sa isang titik mula roon ay talagang tutugon sa kanya ang mga nakababata bago ng mga nakatatanda hanggang sa nakapagparating sila nito sa atin na dalisay laban sa karagdagan, napangalagaan laban sa kakulangan, at napag-ingatan laban sa pagpilipit. Kung sakaling naging posible ang pagkakaila ng patunay na ito, talaga sanang humantong ito sa pagkakaila ng mga katotohanang matatag gaya ng kairalan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan), mga marangal na Kasamahan, at mga tanyag sa kasaysayan. Ito ang tinatanggihan ng mga paham sa kalahatan. Sa Qur'ān ay humamon din si Allāh sa tao at jinn na maglahad sila ng tulad nito ngunit nawalang-kakayahan sila. Ang Qur'ān, sa haba nito, ay hindi makatatagpo rito ng pagkakaibahan ni salungatan ni kakulangan. Ang nasaad dito na pagkahimala sa mga ulat, pagbabatas, mga patakaran, mga at sinasabi ay nagpapatunay na ito ay hindi mula sa ganang mga tao na dumadapo sa gawa nila at salita nila ang pagbabago at ang pagkukulang. Ito ay mula sa ganang kay Allāh at naggarantiya nga si Allāh sa pag-iingat nito.

## Ang mga Tanong na Nauugnay sa mga Sugo

### ? Sino ang mga propeta at ang mga sugo?

Sila ay mga taong kabilang sa mga anak ni Adan. Nagkasi si Allāh sa kanila ng pagkapropeta. Nag-utos Siya sa kanila ng pagpapaabot ng mensahe sa mga kababayan nila at pag-anyaya sa mga iyon tungo sa pagsamba kay Allāh lamang. Ang kauna-unahan sa kanila ay si Adan (sumakanya ang pagbati ng kapayapaan) at ang kahuli-hulihan sa kanila ay si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan). Ang bilang nila ay malaki dahil si Allāh ay nagsugo sa kanila sa lahat ng mga kalipunan ng lupa na mga namuhay rito yayamang sa bawat yugto mula sa mga yugto ng kasaysayan ay may propeta na nag-aanyaya sa mga kababayan niya at nagpapatnubay sa kanila sa landas ng pagkagabay.

### ? Bakit isinugo ni Allāh ang mga sugo?

Nagsugo si Allāh ng mga sugo bilang awa sa mga tao at bilang kapatnubayan sa kanila upang magpaabot sila sa mga ito ng mensahe ng Panginoon nila. Ang sugo ay isang taong nakikilala ng mga kababayan nang totoong pagkakilala. Sumasaksi sila sa kanyang kabutihan bago ng pagbaba ng kasi sa kanya. Ginawa ni Allāh ang mga sugo bilang tinutulurang nakikita sa harap ng mga tao. Nagtuturo ang mga sugo sa mga tao sa pamamagitan ng kaasalan at pag-uugali. Nagpapaliwanag sila sa mga ito ng nagpapakinabang sa mga ito at naglalayo sila sa mga ito sa nakapipinsala sa kanila. Ang pagsusugo ng mga sugo noon ay isang paglalalatag ng katwiran sa nilikha at isang pagtitipon sa mga tao sa iisang relihiyon, ang pagsamba kay Allāh lamang. Ang mga tao ay nangangailangan ng mga tagapatnubay na pumapatnubay sa kanila sa tumpak na daan sa wika nila. Dahil doon, nagpababa si Allāh ng mga kasulatan sa mga sugong ito sa wika ng mga kababayan nila upang makarating sa kanila ang mensahe sa isang maliwanag na anyo at isang ligtas na paglilinaw.

### ? Ang mga propeta ba ay mga napangalagaan laban sa pagkaka-mali?

Ang mga propeta ay isang bahagi ng mga tao at nasa kanila ang mga kahulugang pantao. Nangalaga sa kanila si Allāh hinggil sa nauugnay sa mensahe at nagsanggalang Siya sa kanila laban sa pagkasadlak sa anumang mag-aalipusta sa mga pag-uugali nila at mga kaasalan nila upang sila ay maging tinutulurang

maganda, na makukumbinsi ang mga tao sa pamamagitan ng mga sinasabi nila at mga ginagawa nila at upang iyon ay hindi maging isang pasukan para sa pag-alipusta sa pagpapaabot nila ng mensahe.



### Sino si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan)?

Siya ay ang kahuli-hulihan sa mga propeta na ipinadala ni Allāh (pagkataas-taas Siya) sa mga lingkod Niya. Ang pangalan niya Muḥammad bin `Abdillāh bin `Abdilmuṭṭalib Al-Hāshimīy Al-Qurashīy. Ipinanganak siya sa Makkah noong araw ng Lunes ng Rabī`ul`awwal noong Taon ng Elepante. Yumao ang ama niya noong siya ay nasa tiyan pa ng ina niya. Yumao ang ina niya noong ang edad niya anim na taon. Inaruga siya ng lolo niyang si `Abdilmuṭṭalib at yumao naman ito noong ang edad ng Sugo ay walong taon. Pagkatapos sinuportahan siya ng tiyuhin niyang si Abū Ṭālib. Tinatawag siya noon na tapat na mapagkakatiwalaan dahil sa kadakilaan ng kaasalan niya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan). Isinugo siya noong ang edad niya ay 40 taon. Nagsimula siyang mag-anyaya sa Islām sa mga kababayan niya sa Makkah nang 13 taon. Pagkatapos tumindi ang pananakit nila. Lumikas sa Madīnah at tumigil siya roon sa loob ng 10 taon. Ipinagkapatiran niya ang Ansār (mga tumulong) at ang Muhājirūn (mga lumikas). Itinatag niya roon ang Batas ni Allāh at inihatol. Yumao siya noong ika-11 taon ng Hijrah matapos na naipaabot niya ang mensahe at nagampanan niya ang ipinagkatiwala.



### Ano ang pagpapatibay sa katapatan ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan)?

Ang mga patunay ng pagkapropeta ni Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay marami. Ang pinakamahalaga sa mga ito ay ang Marangal na Qur`ān. Ang Mahimalang Aklat na ito ay nagpapamangha pa rin sa mga tao sa isang salinlahi matapos ng isang salinlahi dahil sa mga hiyas nito at mga perlas nito na sumisilaw sa mga isip. Kabilang din sa mga patunay ng katapatan niya ang talambuhay niya at ang mga katangian niyang pangkaasalan na ipinanlarawan sa kanya ng mga kaaway niya bago ng mga nagmamahal sa kanya. Siya noon ay tinataguriang ang ṣādiq (tapat), ang amīn (mapagkakatiwalaan). Kabilang din sa mga patunay ng katapatan niya ang mga himala niyang mutawātīr na nasaksihan ng sinumang nakapanahon niya at isinalaysay ng mga tao isang salinlahi matapos ng isang salinlahi. Kabilang din sa mga patunay ng katapatan niya ang Hinustong Batas na ito na nag-uumapaw sa buong kalubusan at karikitan. Kabilang din sa mga patunay ng katapatan niya ang mga propesiya na napuno ng mga ito ang mga naunang kasulatan. Kabilang sa mga patunay gayon din ang nagpapatuloy na paglaganap na ito ng Relihiyong Islām sa bawat panahon at lugar. Kabilang din sa mga patunay ng katapatan niya ang pagpapabatid tungkol sa mga kalipunang nagdaan at mga bagay-bagay na panghinaharap.

**? Papanong ipinanik ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) sa langit sa iisang gabi?**

Pinaglakbay ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) lulan ng Burāq hanggang sa Jerusalem. Pagkatapos ipinanik siya sa langit kasama kay Anghel Gabriel (sumakanya ang pagbati ng kapayapaan). Si Allāh (pagkataas-taas Siya) sa bawat bagay ay May-kakayahan. Hindi siya napawawalang-kakayahan ng anuman sa lupa ni sa langit. Gaya ng nasasaksihan natin sa ngayon, papaanong ang taong mahina ay nakakaya sa pamamagitan ng isip niya na makagawa ng isang eroplano na lumalampas [ang bilis] sa bilis ng tunog at nakaimbento ng three dimensional image transfer kaya nakapaglalagay ito sa tao sa higit sa isang lugar sa iisang sandali. Si Allāh ay higit na malaki, higit na kapita-pitagan, at higit na dakila sa kakayahan kaysa sa nilikha Niya.

**? Bakit si Muḥammad ay naging kahuli-hulihan sa mga propeta?**

Tunay na ang nauukol sa pagsusugo ng mga sugo ay nakaugnay sa isang kasanhian. Ito ang kapatnubayan at ang pagpatnubay. Bakit ang mga naunang kasulatan dumaranas noon ng pagkakulang at pagpilipit matapos ng kamatayan ng mga sugo? Naitadhana ng karunungan ni Allāh na magsugo Siya ng isang sugong may kasamang isang kasulatan na hindi dumaranas ng pagkakulang na ito. Bagkus naggarantiya si Allāh ng pag-iingat nito hanggang sa Araw ng Pagbangon. Yayamang ang himala ng Qur’ān – isang aklat na maliwanag at isang katwirang mananatili sa nilikha sa kalahatan – ay mananatili, lohikal na ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay maging ang Pangwakas sa mga Propeta at mga Isinugo.

**? Bakit kinakailangan na ibigin natin ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan)?**

Dahil ang pag-ibig sa kanya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay bahagi ng mga haligi ng pananampalataya. Bagkus tunay na ang pananampalataya kay Allāh (pagkataas-taas Siya) ay hindi nalulubos malibang sa pamamagitan ng

pag-ibig na ito. Iniugnay nga ang pag-ibig sa kanya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) sa pag-ibig kay Allāh (pagkataas-taas Siya) at dahil si Allāh (mapagpala Siya at pagkataas-taas) ay pumili nga sa kanya mula sa mga tao para sa pagganap sa dakilang mensaheng ito. Si Allāh ay pumili nga ng pinakamabuti sa mga tao sa kaangkanan, sa kaasalan, sa salita at sa gawa dahil Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ay higit na maalam sa sinumang bibigyan Niya ng tungkulin sa mensahe. Yayamang si Allāh ay pumili sa kanya mula sa lahat ng mga tao para sa dakilang misyong ito, bahagi ng kinakailangan atin mismo na magtangi tayo sa kanya sa pag-ibig mula sa mga tao sa kalahatan dahil siya ang nagpakilala sa mga tao sa Panginoon nila. Siya ay ang pinakamabuting Sugo para sa Kalipunan niya at ang pinakamaawaing Propeta sa kawan niya sapagkat wala matapos ni Allāh na isang higit na mapagmagandang-loob sa atin kaysa sa kanya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan). Bumata nga siya (sumakanya ang pagbati ng kapayapaan) ng pananakit sa landas ng pag-aanyaya sa mga tao tungo sa relihiyon at kabutihan. Naninikip noon ang dibdib niya (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) kapag hindi sumasakanya sa kanya ang pinagtutuunan niya ng paanyaya bilang pagkalunos para sa kanila sa pagpasok sa Impiyerno. Nagsabi si Allāh: **“Kaya baka ikaw ay kikitil sa sarili mo dala ng dalamhati sa mga bakas nila kung hindi sila sumampalataya sa salaysay na ito.”** (Qur’an 18:6) Kaya dahil doon, siya (sumakanya ang pagbati ng kapayapaan) ay naging higit na karapat-dapat sa pag-ibig natin matapos kay Allāh.





## Ang mga Tanong na Nauugnay sa Huling Araw



### ? Ano ang Huling Araw?

Ito ang araw na bubuhayin ni Allāh ang mga nilikha para sa pagtutuos. Tinawag itong “huli” dahil walang araw matapos nito. Tinatawag itong Araw ng Pagtutuos dahil si Allāh magtutuos sa araw na ito sa mga tao sa inihain nila na mga gawain sa Mundong ito. Kaya ang sinumang gumawa ng kabutihan o tumalima kay Allāh, magpapasok si Allāh sa kanya sa Paraiso. Ang sinumang gumawa ng kasamaan at sumuway kay Allāh, magpapasok si Allāh sa kanya sa Impiyerno. Ito ang araw na magwawakas ang buhay na pangmundo kaugnay sa lahat ng mga tao. Tinatawag din ito na Araw ng Pagbangon: ang Araw na babangon ang mga tao mula sa mga libingan nila habang mga humaharap sa langit alang-alang sa Pagtutuos.

### ? Kailan ang Araw ng Pagbangon? Bakit ikinubli ang Araw na iyon sa atin?

Walang isang nakaaalam kung kailan ang Araw ng Pagbangon. Nagsabi si Allāh: **“Nagtatanong sila sa iyo tungkol sa Huling Sandali kung kailan ang pagdaong niyon? Nasa ano ka para bumanggit niyon? Tungo sa Panginoon mo ang pagwawakasan niyon. Ikaw ay isang tagapagbabala lamang ng sinumang natatakot doon.”** (Qur’ān 79:42-45) Ikinubli nga ni Allāh ito sa atin upang magsikap tayo sa gawain at tayo ay maging mga nakahanda para sa Araw ng iyon sa bawat araw sa pamamagitan ng paggawa ng kabutihan at pag-iwan sa kasamaan. Kung sakaling nalaman ng tao ang Araw na iyon, talaga sanang

hindi siya magbabalik-loob malibang sa maikling sandali bago ng pagsapit nito at talagang sanang napuno ang Mundo ng kaguluhan higit sa nariyan na.



### Ano ang pagtutuos?

Ito ay ang pagtipon ni Allāh sa mga sinauna at mga nahuli. Nagsabi si Allāh: **“Sabihin mo: ‘Tunay na ang mga sinauna at ang mga nahuli ay talagang mga titipunin sa isang takdang oras ng isang araw na nalalaman.’”** (Qur’ān 56:49-50) Pagkatapos magpapabatid Siya sa kanila ng mga gawa nila at magpapakilala sa kanila ng mga ito. Pagkatapos gaganti Siya sa kanila alinsunod sa mga gawa nila. Kaya ang sinumang gumawa ng isang kabutihan ay makatatagpo nito at ang sinumang gumawa ng isang kasamaan ay makatatagpo nito. Nagsabi si Allāh: **“Kaya ang sinumang gumawa ng kasimbigat ng isang katiting na kabutihan ay makikita niya iyon, at ang sinumang gumawa ng kasimbigat ng isang katiting na kasamaan ay makikita niya iyon.”** (Qur’ān 99:7-8)



### Ano ang kamatayan?

Tunay na ang bata sa edad na ikaanim at mababa pa roon ay hindi maaari sa karaniwan na makatalos sa buong kahulugan ng kamatayan at pagbubuhay, at na ang kamatayan ay ang tiyak na wakas ng lahat ng mga tao nang magkapantay. Ang bata naman mula sa edad na ikaanim hanggang ikawalo ay maaari sa karaniwan na makatalos sa kahulugan ng kamatayan at pagkatupad nito sa lahat ng mga tao. Ang bata mula sa edad na ikawalo hanggang ikasampu ay maaaring lubusan na makatalos sa ideya ng kamatayan at pagbubuhay. Maaaring dumaan ang bata sa isang kaso ng pagyao sa pamilya at iyon ay maging kauna-unahang pakikipagharap para sa kanya sa kamatayan. Hindi natin nalalaman kung ano ang mga damdamin na dadapo sa kanya kapag nakaririnig siya ng tungkol sa kamatayan at libingan ngunit kadalasan napupuno siya ng hilakbot sa pagbanggit ng mga bagay-bagay na ito. Dahil dito, kailangan sa atin na magdali-dali sa pagpapaliwanag sa kahulugan ng kamatayan sa bata nang pagsisinungaling sa kanya at pagtatangka sa pagkumbinsi sa kanya na ang taong yumao ay naglalakbay, halimbawa, sapagkat dagling malalaman niya ang reyalidad mula sa mga ibang tao.

Higit na mainam, bago sumailalim ang bata sa isang sitwasyong pampamilya na may kamatayan, na magpakita tayo sa kanya ng isang patay na maya o isang patay na punung-kahoy o isang patay na kulisap dahil ito ay magliliwanag sa bata ng konsepto ng kamatayan sa isang kongkretong anyo. Pagkatapos magtatangka tayo na magpaliwanag sa bata nang may kapayakan na ang patay ay umalis upang mamuhay sa ibang daigdig, na tayo ay mamamatay kapag tumanda tayo at lalahok tayo sa lahat ng mga namatay bago natin. Mamuhay tayo kasama sa

kanila sa Paraiso ayon sa pahintulot ni Allāh. Mahalaga na malaman ng bata na ang kamatayan ay hindi nangangahulugan ng wakas. Ito lamang ay ang paglipat ng taong mananampalataya sa isang buhay na higit na mainam at ang paglipat ng taong masama tungo sa pakikipagharap sa ganti sa kanya. Si Allāh, kapag nagbibigay-kamatayan sa atin, ay hindi nagpapakahulugan niyon na Siya ay hindi umiibig sa atin. Bagkus nagbibigay-kamatayan Siya sa atin upang mamuhay tayo sa tabi Niya sa mga harding kahanga-hanga na hindi natin nakakayang gunigunihin ang kagandahan ng mga iyon.



### **Bakit namamatay ang ilan sa mga bata, samakatuwid?**

Ang mga bata sa pangkalahatan ay hindi gumagawa ng kasamaan at hindi nananadya ng kamalian. Dahil doon humaharap si Allāh sa sinumang namatay kabilang sa kanila nang may awa Niya at magpapapasok sa kanila sa Paraiso. Kapag namamatay ang tao at naglalaho, tunay na ang kaluluwa niya ay nananatili pa rin yayamang umaakyat sa Tagalikha (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan). Namamalagi ang alaala niyang kaaya-aya at mga gawa niyang maganda sa pananatili sa mga puso ng mga tao. Dahil dito, tunay na kinakailangan na maghanda ang tao sa pakikipagtagpo sa Panginoon niya sa pamamagitan ng paggawa ng kabutihan at pananatili sa mga katuruan ng Batas ng Pang-Islām.



### **Saan tayo pupunta kapag namatay tayo?**

Kapag nagwakas ang oras natin na nilimitahan ni Allāh para sa atin sa Mundo, lilipat tayo sa libingan, ang lugar na inilaan para sa mga patay. Ang libingan ay magiging isang hardin mula sa mga hardin ng Paraiso para sa sumasampalataya sa Panginoon niya, tumatalima sa Kanya, at gumagawa ng gawang maayos sa sandali ng buhay niya sa Mundo, kaya naman siya sa loob nito ay pinagiginhawa hanggang sa pagsapit ng Huling Sandali.



### **Nakaririnig ba ang patay at nakakikita? Papanong itong humihingi sa ilalim ng alabok? Kumakain ba ito, umiinom, at natutulog?**

Oo, ang patay ay nakaririnig ng pagbati kapag nagbibigay tayo sa kanya ng pagbati. Nakararating sa kanya ang panalangin kapag dumalangin tayo para sa kanya. Subalit siya ay hindi humihinga tulad natin dahil siya ay hindi nangangailangan ng paghinga sapagkat siya ay nasa ibang buhay na hindi tulad ng buhay nating pangmundo. Dahil dito, tunay na ang buhay na pangkabilang-buhay ay nagsisimula sa Barzakh. Mayroon itong mga batas at kalikasang naiiba dahil walang paghinga, walang pagkain, walang pag-inom, walang pagtulog, walang paggawa, bagkus kaginhawahang nagpapatuloy o pagdurusang nagpapatuloy.

### **Ano ang Paraiso at ano ang nasa loob nito?**

Ang Paraiso ay ang tahanan ng kapayapaan. Ito ay isang marikit na lugar. Sa loob nito ay may bawat bagay na minimithi mo at bawat bagay na naiibigan mo. Ang Paraiso ay isang lugar na pupuntahan ng mga taong maayos na gumagawa ng kabutihan. Mayroon itong walong pintuan. Ang mga ito ay mga antas, na papasukin ng mga mananampalataya alinsunod sa bahagi ng bawat isa sa kanila mula sa mga magandang gawa at awa. Kaya naman ang may-ari ng maraming magandang gawa ay magiging nasa isang katayuang higit na marikit at higit na angat kaysa sa katayuan ng may-ari ng kaunting magandang gawa, subalit ang lahat ay mamumuhay sa kagalakan, kaluguran, at kaginhawahan. Sa Paraiso ay mamumuhay tayo na maliligaya. Hindi tayo magkakasakit roon at hindi tayo mapapagod. Makikita natin si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya), ang Sugo at ang mga propeta (sumakanila ang basbas at ang pagbati ng kapayapaan), at ang lahat ng iniibig natin, ayon sa pahintulot ni Allāh (pagkataas-taas Siya). Sa loob niyon ay may bawat bagay na naiibigan natin at ninanais natin na pagkain, inumin, kasiyahan, at kaginhawahan.

### **Ano ang Impiyerno at bakit nilikha ito ni Allāh?**

Ang Impiyerno ay ang tahanan ng pagdurusa. Ito ay isang lugar ni inihanda ni Allāh para magparusa siya roon sa bawat gumagawa ng kasamaan o nananakit sa mga tao, sumusuway kay Allāh, at hindi tumatalima sa mga utos Niya.

### **Ano ang kahahantungan ng mga hayop? Pupunta ba ang mga ito sa Paraiso o sa Impiyerno?**

Ang mga hayop ay hindi inatangan ng tungkulin. Bagkus ang mga ito ay mga nilikhang pinagsisilbi, na nilikha ni Allāh alang-alang sa tao, kaya walang pagtutuos at walang parusa sa mga ito. Sa Araw ng Pagbangon ay kakalapin ang lahat ng mga hayop. Pagkatapos maghihiganti si Allāh para sa iba sa mga ito sa iba pa. Kaya maghihiganti Siya para sa tupang walang-sungay laban sa may-sungay na sumuwag doon. Kaya kapag natapos si Allāh sa paghihiganti sa pagitan ng mga hayop, magsasabi Siya sa mga ito: “Maging mga alabok kayo,” saka mangyayari.

## Ang mga Tanong na Nauugnay sa Pagtatakda



### ? Ano ang kahulugan ng pagtatadhana at pagtatakda.

Ang pagtatadhana at ang pagtatakda ay isang haligi mula sa mga haligi ng pananampalataya. Nagsabi si Allāh: **“at lumikha Siya ng bawat bagay saka nagtakda Siya rito ayon isang pagtatakda”** (Qur’ān 25:2) Ang kahulugan ng pagtatadhana at pagtatakda ay ang kaalaman ni Allāh sa mga itinakda sa mga bagay bago ng pag-iral ng mga ito, pagtatala Niya, kalooban Niya, at paglikha Niya sa mga ito.

### ? Papaanong nalalaman ni Allāh ang mangyayari bago mangyari?

Maaaring masabi sa bata sa bata ng isang paghahalimbawang pisikal na simple: na ang tagagawa ng laruan na nilalaro ay nakaaalam sa kung ano ang nakakaya ng laruan na gawin bago nito gawin dahil siya ang gumawa nito at naglimita sa bawat detalyeng maliit at malaki sa laruang ito. Siya ay nakasasaklaw ayon sa pagkakasaklaw na lubos at malawakan sa mga kakayahan ng laruang ito at sa mga larangan na nakakaya nito na galawan. Si Allāh ay ang lumikha sa taong ito na



nakakakaya sa mga bagay na ito kaya si Allāh ay higit na sukduhan sa kakayahan, higit na malawak sa kaalaman, at higit na lubos sa paggawa. Siya ay nakasasaklaw sa pamamagitan ng kaalaman Niya sa bawat bagay na nilikha Niya bago Niya likhain, sa sandali ng paglikha Niya, at matapos Niya likhain. Pagkatapos, tunay na si Allāh ay ang lumikha sa tao, panahon, at lugar. Si Allāh ay nakaaalam sa anumang nangyari, anumang mangyayari, at anumang nangyayari bago mangyari.



### Tayo ba ay mga pinilit? May mapagpipilian ba ang tao sa mga gawain niya?

Tunay na ang tao ay pinilit sa ilang bagay at nakapipili sa ilang bagay. Tayo ay mga pinilit sa kapanganakan at kamatayan, at yugto ng buhay; mga pinilit na hindi mga nakapipili sa kung sino ang mga ama natin at ang mga ina natin; at mga pinilit sa kaugnayan sa mga kaanak. Samantala, tayo ay mga nakapipili sa kung magdarasal tayo o hindi tayo magdarasal, at kung mananampalataya tayo o tatanggi tayong sumampalataya. Sa kabila ng pagpiling ito, tunay na ang pagnanais natin ay nasa loob ng pagnanais ni Allāh, ayon sa kahulugan na si Allāh (pagkataas-taas Siya), kung sakaling nagnais na pumigil sa atin sa pagpili ng isang gagawin at kung sakaling nagnais na pumigil sa atin sa pag-iwan ng isang gagawin [ay magagawa Niya]. Subalit Siya ay nagtadhana na pumili ang tao at tutuusin siya matapos niyon dahil sa pagpiling ito. Ito ang kahulugan ng sabi ni Allāh: **“at hindi kayo magloloob maliban na lumuob si Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang.”** (Qur’ān 81:29) Maaari ang pagpapaliwanag ng usapin pagkapilit at pagpili sa isang praktikal na paraan kung saan magdadala ang edukador ng isang basong yari sa kristal at magsasabi sa bata: “Makakaya mo ba na magpukol ng basong ito sa lupa upang basagin ito?” Sasagot ang bata: “Siyempre po; makakaya ko.” Saka magdadali-dali ang edukador sa pagtatanung-tanong: “Ano ang pumipigil sa iyo?” Kaya tutugon ang bata: “Ito ay mali at hindi nararapat gawin.” Kaya magkokomentaryo ang edukador habang nagsasabi: “Tunay na si Allāh (kamahahal-mahalanan Siya at kapita-pitagan) ay nakaalam noon pa man na ikaw ay hindi babasag ng basong ito dahil ikaw ay mabuting bata, at nakaalam din noon pa man na ang masamang bata ay babasag ng basong ito. May isa bang pumigil sa iyo sa pagtapon ng basong ito sa lupa o may isa bang pumilit sa masamang bata sa pagbasag ng baso? Ganyan ang kapatnubayan at ang pagkaligaw.” Pagkatapos masasabi sa bata: “Tunay na ang tao ay hindi nakaaalam sa kung ano ang naitakda na ni Allāh sa kanya. Ikaw ay hindi hinihilingan ng pagkakaalam sa naitakda. Ikaw ay hinihilingan lamang ng pagsampalataya na ang kaalaman ni Allāh ay malawak at lubos at kabilang dito ang pagtatala ng mga naitakda. Ikaw ay pananagutin sa kalooban mo at sa sukat ng pagsunod mo sa mga ipinag-uutos at pag-iwan sa mga sinasaway. Ito ay nasa nasasaklaw ng kakayahan mo at pagnanais mo.”

**? Bakit nagpatnubay si Allāh sa mga tao at hindi nagpatibay sa mga ibang tao?**

Talaga ngang nagpatnubay si Allāh (pagkataas-taas Siya) sa mga tao sa kalahatan dahil ang sabi niya (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan): **“Nagpatnubay Kami sa kanya sa dalawang daanan.”** (Qur’ān 90:10) Ang kahulugan ng patnubay na ito ay na Siya ay naglinaw ng patnubay na nagliliwanag sa mga tao at nagpapaliwanag sa kanila ng daang tuwid kung saan ang katotohanan ay magiging malinaw at ang kabulaanan ay magiging maliwanag. Nag-iwan nga si Allāh sa mga tao ng kalayaan ng pagpili, kaya mayroong pumipili ng tumpak na daan at mayroong pumipili ng hindi tumpak na daan.

**? Kapag si Allāh ay nagtakda na noon pa man na mayroon sa atin na magkakamali at maliligaw, bakit Siya magpaparusa sa atin?**

Ang kaalamang ito ay kaalamang pandiyos. Hindi nagtaglay ang mga tao ng alinmang pagkakaalam dito. Ang taglay nila ay payak na mga pagpapalagay, mga akala, at kamangmangan. Alinsunod dito, ang tao ay pananagutin sa ginagawa niya sa buhay niyang pangmundo. Walang puwang para sa tao na malaman ang Nakalingid na naitakda na ni Allāh sa kanya upang isagawa niya o tigilan niya. Ang pagtatakdang naitakda ay isang katwiran sa anumang nakalipas at hindi sa anumang hinaharap. Gayon din, masasabi sa kanya: “Tunay na si Allāh ay nagtakda na sa iyo ng mga bagay-bagay sa Mundo. Kaya bakit mo ginagawa ang nakapagpapakinabang sa iyo mula sa mga ito at iniwan mo ang nakapipinsala sa iyo?” Maaaring maglahad sa kanya ng isang paghahalintulad kaya masasabi: “Kung sakaling nagnais ang tao na maglakbay sa isang bayan at ang bayang ito ay may dalawang daan na ang isa sa dalawa ay matiwasay at ang iba naman ay hindi matiwasay, alin sa dalawang daan ang pipiliin niya? Siyempre, pipiliin niya ang unang daan.” Gayon din ang paglalakbay tungo sa Kabilang-buhay, pipiliin ng tao ang daang matiwasay para makarating sa Paraiso. Ito ay ang pagsunod sa mga ipinag-uutos at ang paglayo sa mga sinasaway. Kung sakaling ang pagtatakda ay naging isang katwiran para sa isang tao, talaga sanang hindi natin nakaya na manghuli ng mga salarin dahil sila ay mangangatwiran ng pagtatakda sa mga gawa nila. Dahil doon, kinakailangan sa tao na malugod at magpasakop kay Allāh (pagkataas-taas Siya) sapagkat si Allāh ay **“Hindi Siya tinitanong tungkol sa anumang ginagawa Niya samantalang sila ay tatanungin.”** (Qur’ān 21:23) Ang paglikha ay paglikha Niya at ang pag-uutos ay pag-uutos Niya (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya).



## Bakit tayo ni nilikha ni Allāh? Ano ang pinag-ugatan ng Sansinukob? Bakit nilikha ni Allāh ang hayop?

Nagsabi si Allāh: **“Hindi Ako lumikha ng jinn at tao kundi upang sumamba sila sa Akin.”** (Qur’ān 51:56) Nilikha nga Niya tayo dahil sa isang layuning magpapakinabang sa atin. Ito ay ang pagsamba sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya). Inilagay Niya ang mga resulta sa Kabilang-buhay alinsunod sa mga gawa sapagkat ang Paraiso ay ukol sa mga tagagawa ng maganda at ang Impiyerno ay ukol sa mga tagagawa ng masagwa. Ang Sansinukob na ito sa kabuuan nito ay nilikha ni Allāh (pagkataas-taas Siya). Ito ay ginawa nang may kaeksaktuhan at kaalaman. Nilikha Niya ang mga langit at lupa at nagkalat siya sa mga ito ng mga tala. Nilikha Niya ang mga bituin bilang mga palatandaan, mga himala, at gayak. Nilikha Niya ang araw upang magbigay ito sa atin ng pampapainit at init at upang lumahok ito sa pagpapatubo ng halaman at pagpuksa sa mga mikrobyo. Nilikha Niya ang mga hayop bilang pinagsisilbi para sa tao, na kinakain niya at nagdadala sa kanya. Nagsabi si Allāh: **“Ang mga kabayo, ang mga mola, at ang mga asno ay upang sakyan ninyo ang mga ito at bilang gayak. Lumilikha Siya ng mga hindi ninyo nalalaman.”** (Qur’ān 16:8) Kaya ang paghahanda sa lupa para sa paninirahan at ang paglikha ng mga bagay na ito bago ng paglikha ng tao ay bahagi ng pagpapamalas ng pagpaparangal na itinangi ni Allāh (pagkataas-taas Siya) sa tao, karagdagan pa na ang mga bagay na ito sa kabuuan ng mga ito ay nagluluwalhati kalakip ng papuri kay Allāh sapagkat ang mga ito sa mga sarili ng mga ito ay mga tagasamba kay Allāh. Nagsabi si Allāh (pagkataas-taas Siya): **“Walang anumang bagay kundi nagluluwalhati kalakip ng pagpupuri sa Kanya ngunit hindi kayo nakauunawa sa pagluluwalhati nila. Tunay na Siya ay laging Matimpiin, Mapagpatawad.”** (Qur’ān :44)



## Tutuosin ba ni Allāh ang mga hindi napuntahan ng isang sugo?

Sila ay nasa ilalim ng pagsisiyasat at pagtutuos dahil si Allāh (pagkataas-taas Siya) ay nagbigay sa kanila ng isip kaya susubukin sila ni Allāh sa Araw ng Pagbangon at uutusan Niya sila. Kaya kung tutugon sila at tatalima sila, papasok sila sa Paraiso. Kung sasaway sila, papasok sila sa Impiyerno.





### ? Bakit pinairal ang mga tao?

Ang Mundong ito ay tahanan ng pagsubok. Ito ay para bang unang kabanata mula sa nobelang may dalawang kabanata. Ang Kabilang-buhay ay ang tahanan ng pagganti, pakikipagtuos, at paghihiganti sa mga karapatan laban sa nang-api para sa inapi. Ito ay para bang ikalawang kabanata mula sa nobela. Dahil dito, tunay na ang pag-iral ng mga masama at ang hindi pagpaparusa sa kanila sa Mundo ay isang pagsubok at hindi nangangahulugan ito ng pagwawakas ng usapin. Bagkus walang pag-iwas sa pagsasagawa ng lahat sa Araw ng Pagbangon upang magkamit ang bawat tao ng ganti sa mga gawa niya. Nagsabi si Allāh: **“Kaya ang sinumang gumawa ng kasimbigat ng isang katiting na kabutihan ay makikita niya iyon, at ang sinumang gumawa ng kasimbigat ng isang katiting na kasamaan ay makikita niya iyon.”** (Qur’ān 99:7-8)

### ? Bakit nilikha ni Allāh ang mga masama?

Tunay na si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay lumikha sa mga tao at nagbigay sa kanila ng kalayaan na piliin ang paggawa ng kabutihan o kasamaan. Ikaw ay nakakakaya na maging mapitagan at nakakakaya na maging hindi mapitagan subalit kailangan na batahin ang mga kahihinatnan. Ito ay isang biyaya mula kay Allāh at isang karunungan. Ang mga masama ay nakakakaya na maging mga mabuti. Ang papel natin ay umalalay sa kanila roon. Kapag tumanggi sila at nagpumilit sila sa kasamaan, ang kinakailangan sa atin ay pigilin ang kasamaan nila sa mga tao upang ibigin tayo ni Allāh at gantimpalaan Niya tayo. Si Allāh ay Tagalikha ng bawat bagay sa buhay na ito. Ang buhay na ito ay tahanan ng pagsubok at pagsusulit. Nagsabi si Allāh: **“na lumikha ng kamatayan at buhay upang sumubok Siya sa inyo kung alin sa inyo ang pinakamaganda**

**sa gawa. Siya ay ang Makapangyarihan, ang Mapagpatawad,”** (Qur’ān 67:2)  
Bahagi ng pagsubok ang pag-iral ng kasamaan sa kamay ng mga demonyo at mga nalilihis kabilang sa mga anak ni Adan.



**Bakit isinisilang ang iba sa mga tao na mga nasira ang anyo at mga may kapansanan?**

Ang mga ito ay sinusubok ni Allāh ng kakulangan at karamdaman upang maging matiisin sila at madagdagan sila ng mga magandang gawa at upang magpaalaala sa atin si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) ng biyaya na ibiniyaya Niya sa atin dahil sa paglikha Niya sa karamihan sa atin na mga malusog saka magpasalamat tayo sa Kanya dahil doon, at upang magpaalaala Siya sa atin ng kahinaan natin sa harap ng mga kakayahan Niya para hindi tayo dapuan ng kapalaluan, bagkus magpapakumbaba tayo at makikipagtulungan ang isa’t isa sa atin. Matapos ng Araw ng Pagtutuos, mamumuhay ang mga gumagawa ng kabutihan sa isang buhay na pangwalang-hanggan, na mga malusog sa mga harding ng Kaginhawahan – kung loloobin ni Allāh.



**Bakit mayroong mga mayaman at mayroong mga maralita? Bagkus bakit namumuhay ang ilan sa mga masama sa mga palasyo at ang ilan sa mga mabuti sa mga dampa?**

Tunay na bawat anumang nasa pangmundong buhay na panustos ay mula kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya). Si Allāh ay sumusubok sa mga lingkod Niya kaya magkaminsan ay nagbibigay siya taong mabuti ng panustos upang masubok Niya ang pagbibigay nito sa mga ibang tao at magkaminsan naman ay nagkakait Siya rito ng panustos upang masubok Niya ang pagtitiis nito at ang pagbata nito na hindi magnanakaw at hindi mamuhi. Sa tuwing namumuhay na nagtitiis ang mabuting tao sa pansamantalang buhay na ito, bumibigat ang gantimpala niya sa Araw ng Pagtutuos. Hinggil naman sa taong dumami ang panustos sa kanya at hindi nagbigay sa ibang mga tao at gumawa ng masagwa sa kanila, tunay na ito ay pagdurusahin sa Araw ng Pagbangon dahil ito ay hindi gumalang sa biyaya ni Allāh.

Maaaring magsabi rin tayo sa bata: Tunay na si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) ay lumikha ng mga tao sa mga antas na nagkakaiba-iba: kabilang sa kanila ang maralita at kabilang sa kanila ang mayaman, upang dumamay ang mayaman sa mahirap at umalalay ang malakas sa mahina. Nagtadhana ang karunungan ni Allāh na magkaibahan ang mga tao sa bawat bagay. Ang mga wika nila ay nagkakaiba-iba at ang mga kulay nila ay nagkasarisari sapagkat sila ay mga lahi at mga may ikinatatangi, mga masipag at mga tamad, mga mapagmalasakit at mga makasarili, at mga mapagbigay at mga maramot. Nagkaibahan sila sa yaman at mga materyal na bagay sapagkat

kabilang sa kanila ang maralita at kabilang sa kanila ang mayaman. Lahat ito ay nasa ilalim ng pagsubok sapagkat ang yaman ay pagsubok at ang karalitaan ay pagsubok. Sinusubok ang mayaman. Gugugol ba siya? Magbibigay ba siya ng zakāh? Maggagalante ba siya? Magkakawanggawa ba siya? Sinusubok ang maralita. Magpapakamatiisin ba siya? Magsisikap ba siya? Magpupunyagi ba siya sa mga dako ng lupa? Masusuhulan ba siya? Magnanakaw ba siya? Lahat ito ay pagsubok. Subalit ang garantiya para sa dalawang panig ay na ang panustos ay nasa kay Allāh (pagkataas-taas Siya) at na ang yaman at ang karalitaan ay hindi pumipigil sa pagpasok sa Paraiso at Impiyerno. Bawat isa ay naaatangan ng tungkulin alinsunod sa minamay-ari niya. Kung sakaling ang mga tao ay naging iisang uri, hindi na sana nagsilbi ang isa't isa sa kanila at hindi na sana nangailangan ang isa't isa sa kanila. Nagsabi si Allāh: **“upang gumamit ang iba sa kanila sa iba pa sa pagsisilbi.”** (Qur’ān 43:32) Ibig sabihin: Upang magsilbi ang isa't isa sa inyo. Sa pamamagitan nito umiikot ang gulong ng buhay. Hinggil naman sa kalagayan ng iisang uri, tunay na ang buhay ay titigil.







### Si Allāh ba ang lumikha sa mga hayop at mga kulisap na nakasakit?

Si Allāh ay Tagalikha ng bawat bagay. Siya ay ang Panginoon ng bawat bagay. Kung paanong lumikha Siya ng mga nilikhang ito sa pamamagitan ng kakayahan Niya, nilikha Niya ang mga ito sa pamamagitan ng karunungan Niya rin dahil Siya ang Marunong na Maalam, na nakaaalam sa nauukol sa mga ito, na hindi natin nalalaman dahil ang mga kaalaman natin at ang mga kabatiran natin na itinuro ni Allāh sa atin ay lubhang maliit kaugnay sa kaalaman ni Allāh at karunungan Niya. Dahil doon, nagsasabi si Allāh (pagkataas-taas Siya): **“at hindi kayo binigyan ng kaalaman kundi kakaunti.”** (Qur’ān 17:85) Tayo ay hindi nakakakaya na umalam sa lahat ng mga kasanhian na nilikha ni Allāh ang mga hayop na ito alang-alang sa mga iyon. Kabilang sa mga kasanhian sa paglikha ng tulad sa mga nilikhang ito ang paglitaw ng pagpapahusay sa paggawa ni Allāh sa paglikha Niya at pangangasiwa Niya (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa mga nilikha Niya. Sa kabila ng dami ng mga ito, tunay na Siya ay nagtutustos sa mga ito sa kalahatan. Gayon din, naglalantad ito ng kahinaan ng tao at kawalang-kakayahan niya dahil sa pagkadama niya ng sakit at sa karamdaman niya dahil sa isang nilikhang labis na higit na mababa kaysa sa kanya pagkakalikha. Pagkatapos nahayag nga sa pamamagitan ng medisina at eksperimento na may isang bilang ng mga droga na napakikinabangan, na hinahango mula sa kamandag ng mga ulupong at mga nakatutulad ng mga ito, gaya ng mga ahas na kumakain ng mga dagang bukid na sumisira sa mga aning pang-agrikultura. Pagkatapos tunay na marami sa mga nakapipinsalang hayop na ito ay nagiging pagkain para sa mga iba pa kabilang sa mga napakikinabangang hayop, na bumubuo sa sirkulo ng pagkabalanse na umiiral sa kalikasan at kapaligiran, na hinusto ni Allāh ang pagkakalikha sa mga ito.



### Bakit kailangang magdasal ako ng limang ulit sa araw at gabi?

Tunay na ang mga pagsamba na isinatungkulin ni Allāh sa atin ay mga kaparaanan lamang ng pagdadalisay ng kaluluwa ng mananampalataya at pag-aangat ng espiritu niya, at pinakakaunti na maipagkakaloob alang-alang doon na pagsisikap karagdagan sa parte ng nakakamit sa likuran niyon na kabutihan. Yayamang ang pagdarasal ay naglalaman ng pagbigkas, pagsambit, at pagdalangin at ang pagdarasal ay tagatipon ng mga bahagi ng pagkamananamba sa pinakaganap na mga anyo, ito ay naging higit na mainam kaysa sa buong pagbigkas, pagsambit, at pagdalangin sa pamumukod nito dahil sa pagkatipon ng pagdarasal niyon sa kabuuan niyon kasama ng nalalabi sa mga bahagi ng katawan.

Tunay na ang mga mananampalataya ay natutuwa sa pagdarasal dahil sila rito ay nagiging kasama kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya).

Dumadalangin sila ng lahat ng minimithi nila kaya tumutugon naman Siya sa kanila. Tayo ay nagdarasal dahil si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) ay nag-utos sa atin niyon. Tayo palagi ay nakaiibig na gumawa ng ipinag-utos sa atin ni Allāh. Tayo ay sumasamba kay Allāh dahil Siya Tagalikha natin at Tagapagtustos natin, at dahil Siya ay karapat-dapat na sambahin dahil sa ibinigay Niya sa atin ng mga bigay na hindi nabibilang at hindi naiisa-isa. Nagsabi si Allāh: **“Kung magbibilang kayo ng biyaya ni Allāh ay hindi kayo makapag-iisa-isa nito.”** (Qur’ān 16:18) Tunay na ang pagsambang ito ay tanging isang pagpapahayag ng pag-ibig natin at pagpapasalamat natin kay Allāh (pagkataas-taas Siya) at isang pag-amin ng pangangailangan natin sa Kanya upang ingatan Niya sa atin ang kagalingan natin, ituon Niya tayo sa kabutihan, at ilayo Niya tayo sa kasamaan. Si Allāh ay hindi nangangailangan sa dasal dahil Siya ay Walang-pangangailangan sa atin at sa mga gawa natin at hindi nakikinabang sa mga ito. Ang mga pagsamba ay mga utos mula sa ganang kay Allāh. Nagnais Siya sa atin na sumamba tayo sa Kanya sa paraang inihatid ng Propeta Niyang si Muhammad (ang basbas at ang pagbati ng kapayapaan ay sumakanya). Ito ang kahulugan ng Dalawang Pagsaksi: sumasamba tayo kay Allāh sa paraan ng Sugo ni Allāh. Ang mga pagsambang ito rin ay isang kaparaanan para sa atin para magkamit tayo ng mga dakilang pabuya na magiging isang kadahilanan para sa pagpasok sa Paraiso sapagkat nagtadhana ang karunungan ni Allāh na hindi magbigay Siya sa isang tao ng isang pabuya malibang kapalit ng isang gawain. Dahil dito, tunay na [para bang] ang Paraiso ay paninda ni Allāh – at ito ay mahal – at nangangailangan ng isang malaking halaga, ang pagtalima.



**Dumalangin ako sa ṣalāh ko na lumaki ako nang mabilis ngunit hindi tumugon si Allāh sa akin?**

Tunay na ang panalangin ay may mga etiketa na kinakailangan ang mga pagsasaalang-alang sa mga ito. Kabilang sa mga etiketa ng panalangin ay na igalang ng dumadalangin ang mga patakaran, ang mga sunnah o ang mga batas na inilagay ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) para sa pagpapainog ng daigdig na ito. Tayo ay dumadalangin kay Allāh habang Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ay gumagawa ng kabutihan na pinipili Niya para sa atin. Maaaring hilingin mo sa ama mo na maglaro ka ng bisikleta sa kalsada ng mga kotse subalit siya ay tumatanggi dahil siya ay nagmamahal sa iyo at nagtuturing na ang hindi pagtugon sa hiling mo ay higit na mainam para sa iyon. Bahagi ng kagalantehan ni Allāh (pagkataas-taas Siya) na ang panalangin natin ay may tatlong kalagayan. Una: Na tutugon si Allāh sa atin at magsasakatuparan nito. Ikalawa: Na mag-aalis si Allāh dahil dito ng isang kasawian at unti-unting mangyayari ito sa atin. Ikatlo: Mag-iimbak nito si Allāh para sa atin para sa Araw ng Pagbangon upang maisakatuparan ang higit na maganda kaya rito sa Paraiso.



### Bakit hindi ako naging maganda tulad ng kaibigan ko?

Dahil si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) ay lumikha sa bawat isa nang may anyong ikinabubukod niya. Bawat nilikha ni Allāh ay maganda, gaya ng sinabi ni Allāh (pagkataas-taas Siya): **“talaga ngang lumikha Kami sa tao sa isang pinakamagandang paghuhubog.”** (Qur’ān 95:4) Bawat persona ay namumukod sa namumukod-tanging paraan ng pagkalikha sa kanya. Kaya ang nilikha ni Allāh na lubhang marikit ay kinakailangan sa kanya na magpasalamat kay Allāh nang higit. Ang hindi ganoon ay kinakailangan sa kanya na malugod at tumanggap. Ang nagpapasalamat at ang nagtitiis ay mayroong mga antas at sukdulang pabuya.



### Kapag si Allāh ay umiibig sa atin, bakit may nangyayari sa atin na mga masagwang bagay?

Tunay na si Allāh ay sumusubok sa atin upang mabukod ang tagagawa ng maganda sa tagagawa ng masagwa. Maaaring sumubok si Allāh sa tao hanggang sa dumulog ito sa Kanya at maging malapit kay Allāh palagi. Kaya ang pagsubok ay ipinansusubok ni Allāh sa mga mahal Niya upang itama Niya sila at iangat ang mga antas nila at upang maging mga tinutularan para sa iba sa kanila upang magtiis ang iba sa kanila at tumulad sa kanila. Dahil dito, nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan): **“Ang pinakamatindi sa mga tao sa pagsubok ay ang mga propeta. Pagkatapos ang pinakamarangal saka ang pinakamarangal.”** (Ṣaḥīḥ Al-Jāmi’: 992) Kaya sinusubok ang tao ayon sa antas ng pagrerelihiyon niya. Kung sa pagrerelihiyon niya ay may katigasan, titindi sa kanya ang pagsubok. Dahil dito, sinubok ni Allāh ang mga propeta ng mga mabigat na pagsubok. Mayroon sa kanila na pinatay. Mayroon sa kanila na sinaktan. Mayroon sa kanila na tumindi sa kanya ang karamdaman at tumagal, gaya ng kay Propeta Job (sumakanya ang pagbati ng kapayapaan) at ng sa Propeta natin (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) na sinaktan ng madalas sa Makkah at

sa Madīnah ngunit sa kabila nito ay nagtiis siya (ang basbas at ang pagbati ng kapayapaan ay sumakanya). Ang tinutukoy rito ay na ang pananakit ay nagaganap sa mga may pananampalataya at pangingilag magkasala alinsunod sa pangingilag nilang magkasala at pananampalataya nila. Pagkatapos kailangang mailagay sa kaluluwa ng bata na si Allāh (kamahāl-mahalan Siya at kapita-pitagan) ay gumagawa ng niloloob Niya at humahatol ng ninanais Niya. Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Siya) ay hindi mapananagot sa anumang ginagawa Niya dahil Siya ay ang pinakahukom ng mga hukom.

**Ang mga ito ay pinakamadalas maulit-ulit na mga tanong. Tayo ay malugod na tumatanggap ng pakikipag-ugnayan sa eletronikong koreo na [jrakaf@gmail.com](mailto:jrakaf@gmail.com) para humiling ng sagot sa iba pang mga tanong o magmungkahi ng mainam na mga modelo ng pagsagot.**





## Pagwawakas

Sa pagwawakas, ang mga ito ay ang ilan sa mga tagubilin na nakikita naman ang kahalagahan ng mga ito sa larangang pang-edukasyon:

- Nararapat paigtingin ang mga pagpupunyagi sa pagtuturo sa mga magulang dahil sila ang mahalagang panukod para sa paggawa ng isang maaasahang salinlahing may edukasyon at kamalayang matino sa pamamagitan ng paghahanda ng mga pinaigting na seminar ng pagpapadalubhasa.
- Pagdedesenyo at paghahanda ng mga programang mass media at mga anime na may pagkakakilanlang pang-Islām na sa teknolohiya at kahusayan ng mga ito ay sumasabay sa hinihiling na pandaigdigang antas sa teknikalidad at produksiyon upang makahatak ng pagpapahalaga at panunuod.
- Pag-uudyok at pagdaraos ng mga komperensiya at mga pananaliksik sa larangan ng mga programang mass media na tumutuon sa bata, na nakikilahok sa pagtamo ng mga produksiyong natatangi sa atin sa pagkakakilanlan natin at pagbibigay ng pamalit na libangan.
- Pagdedesenyo ng mga programang pampagsasanay sa larangan ng edukasyong pampananampalataya para sa bata at pagpapadalubhasa sa mga tagapagsanay at mga kasangguni sa larangang ito, kung saan ang mga programang ito ay magiging nakatuon sa mga edukador at mga tagapagturo sa mga nagkakaiba-ibang antas ng pagtuturo sa bata kaalinsabay ng pagsasaalang-alang sa nilalaman ng mga ito sa magkakaibang edad ng bawat pangkatin sa antas ng edukasyon at kaalaman.
- Pagpapaunlad ng mga opisyal na kurikulum ng pagtuturo kung saan maglalaman ang mga ito ng mga nilalamang pang-edukasyon at pang-aghām na tutugon sa mga kontemporaryong tanong na pampananampalatayang sa isang sapat na napapanahong paraan.





مركز أصول  
Osoul Center  
www.osoulcenter.com



عرض تعريفني عن مركز أصول  
ومجالاته وخدماته... مشاهدة ممتعة لك

osoulcenter    

 +966504442532

 www.osoulcenter.com

Ang mga anak ay kabilang sa ka-buuan ng mga tagubilin ni Allāh yayamang nagsabi Siya (kalu-walhatian sa Kanya): “Nagsasa-tagubilin sa inyo si Allāh hing-gil sa mga anak ninyo” (Qur’ān 4:11) Ibig sabihin: Tunay na ang mga anak ninyo, O kapisanan ng mga magulang, sa piling ninyo ay mga lagak na isinatagubilin nga ni Allāh sa inyo upang magsagawa kayo ng mga panrelihiyon at pangmundong kapakanan nila. Kaya magtuturo kayo sa kanila, magdidisiplina kayo sa kanila, magpipigil kayo sa kanila sa mga katiwalian, mag-uutos kayo sa kanila ng pagtalima kay Allāh at pananatili sa pangingingilag magkasala palagi, gaya ng sinabi ni Allāh: “O mga sumam-palataya, magsanggalang kayo sa mga sarili ninyo at mga mag-anak ninyo sa isang apoy” (Qur’ān 6:6) Kaya ang mga anak, sa ganang mga magu-lang nila, ay itinagubilin. Kaya maaari na magsagawa ang mga magulang ng tagubiling iyon at maaari na magwalang-bahala sila niyon kaya magiging karapat-dapat sila dahil doon sa banta at parusa. Ito ay kabilang sa nagpapahiwatig na si Allāh (pagkataas-taas Siya) ay higit na maawain sa mga lingkod Niya kaysa sa mga magulang yaya-mang nagtagubilin Siya sa mga magulang sa kabila ng kalubusan ng habag ng mga magulang sa mga anak nila.



osoulcenter



[www.osoulcenter.com](http://www.osoulcenter.com)

To Download This Book, please Visit:



**OSOUL** [osoulstore.com](http://osoulstore.com)

